ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • SETYEMBRE 2011

# Liahona



## Ang Kasal sa Plano ng Ama sa Langit, mga pahina 16–33

**Pangkalahatang Kumperensya—Para sa Inyo Ito, mga pahina 4, 14**

**Pinagpala ng Pansariling Pag-unlad at Tungkulin sa Diyos, mga pahina 46–57**

**Isang Espirituwal na Hapunan sa Araw ng Linggo, p. 66**



GINAMIT SA PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK

*Ang Labindalawang-Taong-Gulang na si Jesus sa Templo,* ni Carl Heinrich Bloch

*"Nangatagpuan [nina Jose at Maria si Jesus] sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y pinakikinggan, at sila'y tinatanong.*

*"At ang lahat ng sa kaniya'y nangakakarinig ay nagsisipanggilalas sa kaniyang katalinuhan at sa kaniyang mga sagot.*

*"At nang siya'y mangakita nila, ay nangagtaka sila; at sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, . . . narito, [kami] na hinahanap kang may hapis.*

*"At sinabi niya sa kanila, Bakit ninyo ako hinahanap? di baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama?" (Lucas 2:46–49; tingnan ang Lucas 2:46 sa Pagsasalin ni Joseph Smith).*

## MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pangkalahatang Kumperensya—Hindi Ordinaryong Pagpapala**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Pagpapalakas sa mga Pamilya sa Pagpapaibayo ng Espirituwalidad**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

14 **Isang Pangkalahatang Kumperensyang para Lamang sa Akin**
Ni Ann Singleton
*Mula simula hanggang wakas, napanatag ako at nadama ko na parang ako lang ang naroon para makinig.*

22 **Munting Langit sa Lupa**
Ni Elder Robert D. Hales
*Ang kasal sa* templo *ay nangyayari sa isang lugar. Ang* selestiyal *na kasal ay nililikha habang tayo ay nabubuhay.*

28 **Pagbibigay sa Diyos ng Pagkakataong Pagpalain Tayo**
Ni Michael R. Morris
*Ang mga karanasan ng mga young adult sa Argentina ay nagpapakita na ang ating pagsunod ay nagbibigay sa Ama sa Langit ng mga pagkakataong magbuhos ng mga pagpapala—at talagang ginagawa Niya ito.*

34 **Kasaysayan ng Relief Society: Isang Sulyap sa Mithiin ng Panginoon para sa Kanyang mga Anak na Babae**
Ni Julie B. Beck
*Sa pag-aaral ng kasaysayan ng Relief Society, nalalaman ng kababaihan ang kanilang mahalagang papel sa plano ng ating Ama sa Langit.*

**SA PABALAT**
Mga paglalarawan ni Robert Casey.

## MGA BAHAGI

8 **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

10 **Paglilingkod sa Simbahan: Naging Karapat-dapat Dahil sa Paglilingkod sa Simbahan**
Ni Alice A. Lewis

12 **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Pagkakaroon ng Kapayapaan sa mga Panahon ng Kaguluhan**
Ni Elder Per G. Malm

16 **Ang Ating Paniniwala: Ang Ordenansa ng Pagbubuklod ay Pinag-uugnay ang mga Pamilya Magpasawalang-hanggan**

18 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Ang Kawalang-Hanggan ng Kasal**
Ni President N. Eldon Tanner

20 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagpapatatag sa Aking Walang-Hanggang Kasal**
Ni Rosana Pontes Barbosa Neves

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Mga Pagpapala ng Templo Ngayon at Magpasawalang-hanggan**
Ni Stacy Vickery


16


## MGA YOUNG ADULT



42 **Katapangang Maglingkod**
*Naghahandang maglingkod sa misyon? Tuklasin kung paano nadaig ng iba pang mga young adult ang oposisyong madalas na kaakibat ng mabuting pasiya.*



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Bisitahin ang Peru.




## MGA KABATAAN

46 **Ang Pansariling Pag-unlad ng Aming Pamilya**
Nina Hillary Slaughter at Elyssa J. Kirkham
*Ang Pansariling Pag-unlad karaniwan ay* personal. *Ngunit para sa dalawang dalagita sa Ukraine, kasama ang mga pamilya sa Pansariling Pag-unlad.*

49 **Isang Salita at Isang Aral sa Buhay**
Ni Heather Wrigley
*Bakit hindi gumanda ang pakiramdam ko nang sambitin ko ang salitang iyon? Kahalagahan ng integridad ang kasagutan sa akin.*

50 **Ako Ba ay Anak ng Diyos?**
Ni Valarie Schenk
*Ang pagtatamo ng patotoo ay nangahulugan din ng pagkilala sa aking banal na katangian.*

52 **Matuto, Kumilos, Magbahagi**
Ni Adam C. Olson
*Ano ang magkapareho sa Tungkulin sa Diyos at sa Japanese martial art? Tatlong simpleng salita.*

54 **Tungkulin sa Diyos Kasama si Itay**
Ni Paul VanDenBerghe
*Maaaring may makatulong na mas malapit sa inyo kaysa inaakala ninyo.*

55 **Pagtawag sa Aking Korum**
Ni Mark Tensmeyer
*Hindi ako malapit sa mga priest sa korum ko, pero nang mangailangan ako ng tulong, sinubukan kong lumapit.*

56 **Mas Mataas na Mithiin**
Ni Nereida Santafe de Salinas

## MGA BATA



58 **Maging Tagapagpatatag ng Pamilya**
*Lahat ay hindi lang iisa ang pamilya. Bawat pamilya ay matutulungan ninyo.*

60 **Paghahandang Magpabinyag para sa mga Patay**
Ni Elyssa J. Kirkham
*Ang magagawa ninyo bago kayo magpunta, kapag nagpunta, at habang nasa loob kayo ng templo.*

61 **Masaya sa Ebanghelyo**
Ni Elder Carlos A. Godoy
*Nang maging isa ako sa kanila, natuklasan ko kung bakit napakasaya ng mga Banal sa mga Huling Araw.*

62 **Ang Ating Pahina**

63 **Magandang Ideya**

64 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang Ebanghelyo ay Ipangangaral sa Buong Daigdig**
Nina Ana Maria Coburn at Cristina Franco

66 **Ang Laro sa Hapunan**
Ni Rene Riding
*Isang bagong laro—ang Scripture Quotes—ang naging tradisyon tuwing Linggo.*

68 **Mga Kuwento tungkol kay Jesus: Itinuro ni Jesus Kung Paano Tratuhin ang Iba**
Ni Diane L. Mangum

70 **Para sa Maliliit na Bata**

**SETYEMBRE 2011 TOMO 14 BLG. 9**
**LIAHONA 09689 893**

Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Keith R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.



Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** September 2011 Vol. 14 No. 9. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org

## PARA SA MGA KABATAAN

Ang mga artikulo para sa mga kabataan sa isyung ito ay makatutulong sa mga tinedyer sa Pansariling Pag-unlad o Tungkulin sa Diyos. Para sa mga interactive version at tulong online sa Pansariling Pag-unlad o Tungkulin sa Diyos, bisitahin ang PersonalProgress.lds.org o DutyToGod.lds.org.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **www.languages.lds.org**.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Banal na kasulatan, mga,*** *50, 66*
***Banal na katangian,*** *50*
***Family history,*** *38*
***Gawaing misyonero,*** *39, 42, 64, 70*
***Ikapu,*** *41*
***Integridad,*** *49*
***Jesucristo,*** *12, 68*
***Kapayapaan,*** *12*
***Kasal,*** *18, 20, 22, 28, 40*
***Ordenansa, mga,*** *16*
***Pag-asa,*** *12*
***Pagbabalik-loob,*** *61*
***Pagbabayad-sala,*** *12*
***Pagbibinyag para sa mga patay, mga,*** *60*
***Paghahayag,*** *4, 7*
***Paglilingkod,*** *10, 34, 55, 68*
***Pagpapaaktibo,*** *56*
***Pamilya,*** *7, 8, 16, 46, 54, 58, 80*
***Pangkalahatang kumperensya,*** *4, 14*
***Pansariling Pag-unlad,*** *46*
***Priesthood,*** *16, 54, 55, 56*
***Propeta, mga,*** *4*
***Relief Society,*** *7, 34*
***Templo, mga,*** *9, 16, 28, 40, 46, 60, 63, 80*
***Tungkulin sa Diyos,*** *52, 54*
***Tungkulin sa Simbahan, mga,*** *10*
***Wika,*** *49*

**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# PANGKALAHATANG KUMPERENSYA— Hindi Ordinaryong Pagpapala

Isang mabuting miyembro ng Simbahan ang nakipag-usap sa isang kapitbahay na hindi natin kasapi. Nang magawi sa pangkalahatang kumperensya ang usapan, nagtanong ang kapitbahay, "Sabi ninyo mayroon kayong mga propeta at apostol? At dalawang beses sa isang taon nila inihahayag ang salita ng Diyos sa isang pandaigdigang kumperensya?"

"Tumpak," tiwalang sagot ng miyembro.

Pinag-isipan iyon sandali ng kapitbahay. Tila interesado siya talaga at pagkatapos ay nagtanong, "Ano ang sabi nila sa huling pangkalahatang kumperensya?"

Sa puntong ito ang butihing miyembro ng Simbahan na sabik na ibahagi ang ebanghelyo noong una ay nahiya. Kahit anong pilit niya, wala siyang maalalang mga detalye ng kahit isang mensahe.

Medyo ikinagulat ito ng kanyang kaibigan at sinabing, "Ibig mong sabihin nagsasalita ang Diyos sa tao sa ating panahon at hindi mo matandaan ang Kanyang sinabi?"

Nanliit ang lalaki sa pag-uusap na ito. Sumumpa siya na mas tatandaan niya ang mga sinabi ng mga lingkod ng Panginoon sa pangkalahatang kumperensya.

Alam nating lahat kung gaano kahirap tandaan ang bawat mensahe ng pangkalahatang kumperensya, at tiwala ako na hindi tayo kailangang mahiya kung hindi natin matandaan ang lahat. Gayunpaman, may mga mensahe sa bawat pangkalahatang kumperensya na ibinigay bilang isang kaloob at biyaya ng langit para sa partikular nating mga sitwasyon sa buhay.

Sa paghahanda para sa pangkalahatang kumperensya, magmumungkahi ako ng tatlong mahahalagang konseptong maaaring makatulong sa atin upang higit na matanggap, matandaan, at maipamuhay ang mga sinabi ng mga lingkod ng Panginoon.

**1. Ang mga miyembro ng Simbahan ay may karapatang tumanggap ng personal na paghahayag habang pinakikinggan at pinag-aaralan nila ang mga inspiradong salitang binigkas sa pangkalahatang kumperensya.**

Habang naghahanda kayo para sa pangkalahatang kumperensya, inaanyayahan ko kayong pag-isipan ang mga tanong na kailangan ninyong masagot. Halimbawa, maaari ninyong hangarin ang patnubay at gabay ng Panginoon hinggil sa mga hamong kinakaharap ninyo.

Ang mga sagot sa inyong mga partikular na panalangin ay maaaring tuwirang magmula sa isang partikular na mensahe o mga kataga. May mga pagkakataon naman na maaaring dumating ang sagot sa tila walang kaugnayang salita, mga kataga, o awitin. Ang pusong puspos ng pasasalamat para sa mga pagpapala ng buhay at ang marubdob na hangaring pakinggan at sundin ang mga payo ang maghahanda ng daan para sa personal na paghahayag.

**2. Huwag balewalain ang isang mensahe dahil lang sa narinig na ninyo ito.**

Ang mga propeta ay noon pa nagtuturo sa pamamagitan ng pag-uulit; isang tuntunin ito ng pagkatuto. Maririnig ninyong paulit-ulit ang mga tema at doktrina sa pangkalahatang kumperensya. Titiyakin ko sa inyo: hindi ito dahil sa wala na silang masabi o maisip.

Patuloy tayong nakakarinig ng mga mensahe tungkol sa pareparehong paksa dahil itinuturo at ikinikintal ng Panginoon sa ating puso't isipan ang mga pangunahing alituntunin na talagang walang hanggan ang kahalagahan na dapat unawain at gawin bago tayo makagawa ng iba pang mga bagay. Ang isang matalinong tagapagtayo ay naglalatag muna ng pundasyon bago maglagay ng mga dingding at bubong.

**3. Ang mga salitang binigkas sa pangkalahatang kumperensya ay dapat maging isang kompas na magtuturo sa atin ng daan sa darating na mga buwan.**

Kung pakikinggan at susundin natin ang mga pahiwatig ng Espiritu, magsisilbi itong Liahona, na gagabay sa atin sa lugar na hindi pamilyar sa atin, sa mapanganib na mga lambak at kabundukan sa dako pa roon (tingnan sa 1 Nephi 16).

Sa simula pa lang ng daigdig, nagbangon ng mga propeta ang Diyos na nangungusap ng kalooban ng langit sa mga tao sa kanilang panahon. Responsibilidad nating pakinggan at ipamuhay ang mga mensaheng ibinibigay sa atin ng Panginoon.

Hindi pinabayaan at hindi pababayaan ng ating maawain at mapagmahal na Ama sa Langit ang Kanyang mga anak. Ngayon, tulad noong mga panahong nakaraan, naghirang Siya ng mga apostol at propeta. Patuloy Niyang inihahayag ang Kanyang salita sa kanila.

Kaylaking pribilehiyong marinig ang mga mensahe ng Diyos para sa bawat isa sa atin sa pangkalahatang kumperensya! Maghanda tayong mabuti para sa malaking pagpapalang ito ng banal na patnubay na hatid ng Kanyang mga piling lingkod.

Sapagkat hindi ito ordinaryong pagpapala. ■



KANAN: LARAWANG KUHA NI LES NILSSON

**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

- Sama-samang basahin ang artikulo. Hikayatin ang pamilya na tukuyin ang mga bagay na pakikinggan sa pangkalahatang kumperensya.
- Upang matulungan ang batang musmos na ipamuhay ang payo ni Pangulong Uchtdorf, ipakita sa kanila ang tsart ng mga General Authority (matatagpuan sa isyu ng kumperensya ng *Liahona*). Ipaalam sa kanila na magsasalita ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol sa pangkalahatang kumperensya. Hikayatin ang mga bata na makinig sa kumperensya at magdrowing ng isang larawang magpapaalala sa kanila ng kanilang natutuhan. Maaaring bisitahin ng mga magulang ang conferencegames.lds.org para sa karagdagang mga aktibidad sa kumperensya para sa mga bata.

# MGA KABATAAN



PAGLALARAWAN NI PAUL MANN

## Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda

Ni Mary-Celeste Lewis

Sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2007, tinalakay ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tungkol sa mga aktibidad na "maganda, mas maganda, at pinakamaganda." Nang umabot siya sa bahaging "pagtatambak sa iskedyul ng mga bata," alumpihit ako sa aking upuan.

Alam kong napakarami kong ginagawa. Sumali ako sa mga dula sa paaralan, sa mahihirap na klase sa paaralan, at sa marami pang ibang aktibidad. Matagal na akong hindi dumadalo sa mga aktibidad ng Young Women, at ang mga araw ng Linggo ay puno ng pag-aalala na tapusin kaagad ang homework ko. Ang pagpapraktis ng musika at pag-eedit ng pahayagan ng paaralan ay hindi na masaya at naging trabaho na.

Dahil sa mensahe ni Elder Oaks tiningnan kong mabuti ang aking iskedyul. Magaganda naman ang aktibidad ko, pero napakarami nito. Kinailangan kong piliin ang pinakamagaganda. Habang nagpapasiya ako kung aling mga aktibidad ang ititigil ko, natanto ko na ang ebanghelyo ni Jesucristo ang pinakamagandang unahin ng kahit sino. Inuna ko ang panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan sa aking listahan, at mula noon, naging mas maayos na ang takbo ng buhay ko.

Itinuro sa akin ni Elder Oaks na kapag *inuna* nating gawin ang nais ipagawa ng Panginoon, lahat ng bagay ay malalagay sa dapat kalagyan nito. Kung pag-aaralan ko ang aking mga banal na kasulatan bago ako maglaro o kahit bago ko gawin ang homework ko, lahat ng mahalaga ay magagawa. Kapag isinalig ko ang buhay ko sa Panginoon, sa halip na idagdag lang Siya pagkatapos ng lahat, mas payapa at tagumpay ang buhay ko.

Ngayon ay nakikinig na akong mabuti sa payong ibinibigay sa pangkalahatang kumperensya!

# MGA BATA

## Matatagpuan Ko ang mga Sagot sa Pangkalahatang Kumperensya

Itinuro ni Pangulong Uchtdorf na kung mag-iisip kayo ng ilang tanong bago sumapit ang pangkalahatang kumperensya, maaaring mangusap sa inyo ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta at apostol sa kumperensya.

1. Sa pamilya o klase, talakayin ang kailangan ninyong matutuhan, nang isa-isa o magkakasama. (Halimbawa: Paano ko mapapalakas ang aking patotoo? Paano ko dapat lutasin ang isang problema sa paaralan?) Sa isang pirasong papel o sa inyong journal, isulat ang inyong mga tanong.
2. Sa mga linggong papalapit sa kumperensya, mapag-iisipan at maipagdarasal ninyo ang mga tanong na ito.
3. Makinig na mabuti sa kumperensya (makatutulong ang pagkuha ng maiikling tala). Pagkatapos ay isulat kung paano sinagot ng Panginoon—sa pamamagitan ng mga lider ng Simbahan—ang inyong mga tanong.
4. Sa isang pirasong papel, maidodrowing ninyo ang inyong larawan na ginagawa ang natutuhan ninyo.

# Pagpapalakas sa mga Pamilya sa Pagpapaibayo ng Espirituwalidad

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang binibisita ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang kababaihan sa inyong lugar at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Sabi ni Julie B. Beck, Relief Society general president: "Nagkaroon ako ng matibay na patotoo sa kahalagahan ng mga anak na babae ng Diyos. . . . Nadama ko na mas kailangan ngayon ang ibayong pananampalataya at personal na kabutihan. Mas kailangan ngayon ang matatatag na pamilya at tahanan."

Makatutulong ang kababaihan sa paglikha ng matatatag na tahanan at pamilya sa kanilang pagkilos ukol sa personal na paghahayag. "Ang kakayahang maging karapat-dapat sa, tumanggap ng, at kumilos ukol sa personal na paghahayag ang kaisa-isang pinakamahalagang kasanayang matatamo sa buhay na ito," pagpapatuloy ni Sister Beck. "Ang pagiging marapat sa Espiritu ng Panginoon ay nagsisimula sa paghahangad sa Espiritung iyon at nagpapahiwatig ng tiyak na antas ng pagkamarapat. Ang pagsunod sa mga kautusan, pagsisisi, at pagpapanibago ng mga tipang ginawa sa binyag ay nagpapala na laging mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon. Ang paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo ay nagdaragdag din ng espirituwal na lakas at kapangyarihan sa buhay ng isang babae. Maraming sagot sa mahihirap na tanong ang matatagpuan sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan dahil tumutulong ito sa paghahayag. . . . Mahalaga [ang] manalangin araw-araw para mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon."[1]

Espirituwal din nating pinalalakas ang ating mga kapamilya kapag ipinaunawa natin sa kanila ang walang-hanggang plano ng Ama sa Langit. "Ano ang magagawa natin para mas espirituwal nating maihanda ang ating mga anak para sa kanilang mga walang hanggang tungkulin?" tanong ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Marahil ang pinakasapat na sagot diyan ay: Ituro sa kanila kung paano ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo." Ang turong ito ay nagmumula sa araw-araw na panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at sama-samang pagkain ng pamilya at gayundin sa family home evening at pagdalo sa Simbahan. Ipinaliwanag ni Elder Ballard: "Tayo ay naghahanda bawat araw, ngayon mismo, para sa buhay na walang hanggan. Kung hindi tayo naghahanda para sa buhay na walang hanggan, naghahanda tayo para sa isang bagay na mas mababa kaysa rito, marahil ay mababang-mababa pa."[2]

## *Ano ang Magagawa Ko?*

1. Paano ko matutulungan ang aking mga kapatid na babae na mag-ibayo sa espirituwal na pag-asa sa sarili?

2. Paano ko mapapahusay ang sarili kong kakayahang kumilala at tumugon sa Banal na Espiritu?

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Mga Kawikaan 22:6; I Ni Juan 3:22; Doktrina at mga Tipan 11:13–14; 19:38; 68:25

Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa www.reliefsociety.lds.org.

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Itinuro ni Propetang Joseph Smith sa kababaihan sa isang pulong ng Relief Society noong Abril 1842 na may matindi silang obligasyon na hangarin ang sarili nilang kaligtasan. Wika niya, "Pagkatapos ng [aking] tagubilin, kayo na ang mananagot para sa sarili ninyong mga kasalanan; kanais-nais na karangalan na dapat kayong mamuhay sa harapan ng ating Ama sa langit upang iligtas ang inyong sarili; responsibilidad nating lahat sa Diyos ang paraan ng pagpapaibayo natin ng liwanag at katalinuhang ibinigay ng ating Panginoon upang mailigtas natin ang ating sarili."[3] Tinuruan niya silang maging mga matwid na tao, maging mga banal na tao, at maghanda para sa mga ordenansa at tipan sa templo.

**MGA TALA**

1. Julie B. Beck, "At sa mga Lingkod na . . . Babae Naman ay Ibubuhos Ko sa mga Araw na Yaon ang Aking Espiritu," *Liahona,* Mayo 2010, 10, 11.
2. M. Russell Ballard, "Spiritual Development," *Ensign,* Nob. 1978, 65, 66.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 415–416.



PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay

*"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).*

**PANIG NG DAIGDIG**



## Sierra Leone

Noong 1981, narinig ni Michael Samura, na tubong Sierra Leone, ang ebanghelyo sa Holland at nabinyagan doon. Pagbalik niya sa Freetown, ang kabisera ng Sierra Leone, hiniling niyang padalhan siya ng mga misyonero, ngunit dahil hindi pa handang magpadala roon ng mga misyonero ang Simbahan, pinadalhan na lang siya ng mga babasahin ng Simbahan. Sinimulan ni Brother Samura na turuan ang iba at magdaos ng di-opisyal na mga pulong. Gayon din ang ginawa ng mga miyembrong nabinyagan sa ibang mga bansa at nagbalik na sa Sierra Leone.




Ang taong 1988 ay isang mahalagang panahon sa bansa. Buwan ng Enero nang pamunuan ng isang miyembrong nabinyagan sa Germany ang unang opisyal na pulong. Buwan ng Mayo dumating ang dalawang missionary couple, at buwan ng Hunyo isinagawa ang unang 14 na pagbibinyag sa bansa. Buwan ng Agosto ang unang branch—ang Goderich Branch—ay itinatag. Sinimulan ang pagtatayo noong 2004 para sa kauna-unahang Latter-day Saint meetinghouse sa Sierra Leone.




| ANG SIMBAHAN SA SIERRA LEONE | |
|---|---|
| Bilang ng mga Miyembro | 8,907 |
| Mga Mission | 1 |
| Mga District | 2 |
| Mga Branch | 23 |

### REGULAR AT MAKABULUHANG MGA AKTIBIDAD NG PAMILYA

Ang mga pamilyang regular na sama-samang nakikilahok sa makabuluhang mga aktibidad ay makadarama ng mas matinding pagmamahalan at pagkakasundo. Ang mga aktibidad ng pamilya ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga magulang na talakayin ang ebanghelyo sa mga anak, at kadalasan ay mas handang makinig at sumunod ang mga anak sa mga magulang kapag malapit sila sa kanila.


Kabilang sa makabuluhang mga aktibidad ng pamilya ang:

- **Family home evening:** Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Lubhang mahalaga na maupo ang mga ama at ina sa tabi ng mga anak, sama-samang manalangin, turuan sila sa mga paraan ng Panginoon, alamin ang mga problema nila sa pamilya, at hayaang magpakita ng talento ang mga bata."[1]
- **Mga aktibidad na paglilingkod sa pamilya:** Maaari ninyong dalawin ang isang matandang miyembro ng inyong ward o pulutin ang kalat sa inyong kapaligiran.
- **Mga pamamasyal na si Inay o Itay lamang ang kasama:** Sa pamamagitan nito nakapagbubuo ng kani-kanyang personal na kaugnayan ang mga anak sa mga magulang.

**TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Sa Kalalakihan ng Priesthood," *Liahona,* Nob. 2002, 58.

# Truman O. Angell



Si Truman Osborn Angell (1810–87) ay naglingkod nang ilang dekada bilang arkitekto ng Simbahan. Ipinlano at pinamahalaan niya ang pagtatayo ng maraming mahahalagang gusali, pati na ang Salt Lake Temple. Sa maraming taon ng paglilingkod niya sa Simbahan, si Truman ay mapagpakumbaba at masunurin.

Isinilang siya noong Hunyo 5, 1810, sa Providence, Rhode Island, USA. Noong tinedyer siya, isang artisano sa lugar ang nagturo sa kanya ng pagkakarpintero at paggawa ng mga kagamitang yari sa kahoy, na isang espesyalidad.

Sa edad na 22 ipinakilala siya sa Simbahan ng kanyang kapatid na babae, na nakatanggap ng kopya ng Aklat ni Mormon mula sa misyonerong si Thomas B. Marsh. Noong Enero 1833 si Truman ay nabinyagan kasabay ng kanyang inang si Phebe, at ng kanyang asawang si Polly.

Hindi nagtagal matapos maorden si Truman bilang miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu, hiniling ni Propetang Joseph Smith na magtayo siya ng tindahan sa Kirtland, Ohio. Tumanggi si Truman, at sinabi sa Propeta na naghahanda siyang umalis para sa misyon. Gayunman, kinabukasan ay nakita ni Truman ang Unang Panguluhan sa dikalayuan at nahikayat na tanggapin ang atas ng Propeta na magtayo ng gusali. Kalaunan ay itinala niya, "Kaya binago ko ang aking pasiya at sumunod ako."[1]

Noong 1856 ipinadala ni Pangulong Brigham Young si Truman sa misyon sa Europa, at pinagbilinan siya na "dalhin ang mahahalagang drowing ng arkitektura" para siya ay "maging higit na karapat-dapat na magpatuloy" sa pagtatayo ng Salt Lake Temple at iba pang mga gusali.[2]

Si Truman ay tinawag bilang arkitekto ng Simbahan noong 1867. (Hindi na tumatawag ng opisyal na arkitekto ang Simbahan.) Kahit bagsak na ang kalusugan ni Truman dahil sa matagal na panahong pagtatrabaho, mapakumbaba niyang tinanggap ang tungkulin. Isinulat niya sa kanyang journal, "Mahinang-mahina na ako pero kung gustong sang-ayunan ng Pangulo at ng aking mga kapatid na maging Arkitekto ng Simbahan ang isang hamak na uod sa alabok na tulad ko, hayaan ninyong paglingkuran ko sila at sana'y hindi ako mapahiya. . . . Nawa'y tulungan ako ng Panginoon na magawa ito."[3]

Pinamahalaan ni Truman ang maraming proyekto sa pagtatayo ng mga gusali sa Utah, kabilang na ang Lion House, Beehive House, Utah Territorial Statehouse, at St. George Utah Temple.

Hindi na inabot ni Truman ang paglalaan sa Salt Lake Temple noong 1893, ngunit tapat siyang naglingkod bilang arkitekto ng Simbahan hanggang sa mamatay siya noong 1887.

**MGA TALA**

1. Truman O. Angell, sa Kate B. Carter, *Our Pioneer Heritage,* 20 tomo (1958–77), 10:197.
2. Tingnan sa Carter, *Our Pioneer Heritage,* 10:204.
3. Sa Paul L. Anderson, "Truman O. Angell: Architect and Saint," sa *Supporting Saints: Life Stories of Nineteenth-Century Mormons,* inedit nina Donald Q. Cannon at David J. Whittaker (1985), 161; ibinatay sa pamantayan ang pagbabaybay.



ITAAS KALIWA: LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; ITAAS KANAN: IPININTANG LARAWAN NI CHARLES SAVAGE; IBABA KANAN: MGA DROWING SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

# NAGING KARAPAT-DAPAT DAHIL SA PAGLILINGKOD SA SIMBAHAN

**Ni Alice A. Lewis**

*"Pananagutan ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang sariling espirituwal at temporal na kapakanan," sabi sa* Handbook 2: Administering the Church. *"Biniyayaan ng kaloob na kalayaan sa pagpili, sila ay may pribilehiyo at tungkuling tahakin ang landas na kanilang pipiliin, lutasin ang sarili nilang mga problema, at sikaping tustusan ang sariling pangangailangan. Ginagawa ito ng mga miyembro sa inspirasyon ng Panginoon at sa kanila mismong pagtatrabaho" ([2010], 6.1.1).*

Ako ay 57 taong gulang noon, kadidiborsyo lang naming mag-asawa, kakaunti ang karanasan ko sa trabaho, at kailangang-kailangan ko ng trabaho. Napalaki ko na ang aking apat na anak, at narito ako't nag-iisa pagkaraan ng 32 taon ng pagsasama naming mag-asawa na nakapag-aral nang kaunti sa kolehiyo at nangangamba na kailangan ko pang humanap ng trabaho sa edad kong ito.

Naupo ako at naghintay na mainterbyu para sa isang posisyon bilang scheduling and productions specialist sa county library district, habang iniisip na nahihibang ako sa paniniwalang karapat-dapat ako sa gayong posisyon. Kakukumbinsi ko pa lang sa sarili ko na tumayo at umalis nang biglang sabihin sa akin ng secretary na handa na silang interbyuhin ako sa conference room. Kinabahan ako pero tumindig ako, tahimik na nagdasal, at pumunta na sa silid.

Sinabi sa akin ng dalawang mahusay magsalita at propesyonal na mga tao na mahalaga ang karanasan sa ilang aspeto ng posisyong ito at sinimulan nila akong tanungin tungkol sa karanasan ko. Kailangan sa trabahong ito ang isang taong marunong magsaayos ng mga kailangan para sa malalaking kumperensya, kabilang na ang mga pag-aanunsyo, imbitasyon, pagpapakain, at paglilinis. Nasa akin ba ang karanasang kailangan? Inisip kong wala nang biglang pumasok sa isipan ko ang imahe ng isang stake Relief Society conference. Naging tagapayo ako sa stake Relief Society presidency. Mula sa karanasang iyon natuto akong mag-organisa ng malalaking pagtitipon at mamili ng maramihang pagkain para sa malalaking grupo. Tapat kong masasabi na may karanasan ako sa paggawa ng mismong kailangan.

Nagpatuloy ang mga nag-iinterbyu: "Mahusay ka ba sa computer? Makikipag-ugnayan ka sa mga patron at kailangan mong gumawa ng iskedyul ng paggamit ng conference room." Ang naisip ko lang ay kung gaano kalaki ang pasasalamat ko sa lahat ng taong nagturo sa akin ng paggamit ng computer kaya magagawa ko ang ward bulletin at calendar at maisusulat ang stake newsletter. Oo, mahusay ako sa computer.

"Aasahan kang magbuo ng mga programa at magdaos ng mga klase para sa publiko. Kaya mo bang magturo sa mga bata at matatanda?" tanong nila. Lahat ng homemaking at Cub Scout craft na nagawa ko ay pumasok sa isipan ko. Ipinaliwanag ko na nakapagturo na ako sa mga bata at matatanda sa buong pagtanda ko. Alam kong malikhain ako at tiyak kong makakaisip ako ng nakawiwiling mga programa para sa mga bata at matatanda.

Tuwang-tuwa ako nang tanggapin ako sa posisyon. Minahal ko ang trabaho ko at sinikap kong gawin ito na tulad ng gagawin ko sa isang katungkulan sa Simbahan: pagbubutihin ko ang trabaho ko, lalo akong magsisikap, at hindi magrereklamo tungkol sa overtime. Nagbuo ako ng mga computer class sa Ingles at kumuha ng isang bata



pang estudyante para turuan ang mga klase sa Espanyol. Nagturo ako sa mga klase ng arts and crafts at nag-asikaso sa maraming awtor at kilalang mga tagapagsalita. Nagdekorasyon ako ng library sa bawat pistaopisyal at nagdispley ng mga aklat na may kaugnayan dito.

Isang araw may tumawag sa akin sa trabaho, na nagsabing siya ay nagmula sa tanggapan ng gobernador at nais niyang malaman kung magiging interesado ako sa posisyon bilang assistant ng gobernador. Natatawa akong nagtanong, "Sino ito?" Ipinaliwanag niya na legal ang tawag at inanyayahan akong magpunta kinabukasan para mainterbyu. Matamlay akong nagpunta roon sa pagaakalang biro lang iyon. Hindi pala. Naging maayos ang takbo ng interbyu, at natanggap ako sa trabaho sa oras na iyon mismo.

Sa bago kong trabaho ginamit ko ang mga kasanayang natamo ko sa mga taon ng pagsasalita sa simbahan. Hindi madaluhan ng gobernador ang lahat ng kaganapan kung saan siya inimbitahan; dahil dito, mga tauhan niya ang inasahang humalili sa kanya sa pagsasalita. Lahat ng pagsasalitang iyon sa simbahan at sa pamumuno sa iba't ibang katungkulan sa pamumuno ay nagbigay sa akin ng karanasang kailangan ko sa pagsasalita sa publiko kasama ng mga senador, matataas na opisyal sa lugar na iyon at sa buong bansa, at mga tanyag na tao. Naglingkod ako bilang assistant ng gobernador sa loob ng pitong taon hanggang sa kapwa na kami magretiro.

Saan kaya ako makakarating kung wala ang malawak na karanasang natamo ko habang naglilingkod sa mga katungkulan sa Simbahan? Lahat ng natutuhan ko bilang lingkod ng Panginoon sa Kanyang Simbahan ay nagbigay sa akin ng buhay na sagana sa mga pagpapala. Hindi ko lamang tinulungan ang iba habang naglilingkod ako, kundi napakabilis din ng aking pag-unlad. Lubos akong nagpapasalamat sa ebanghelyo at matibay ang aking patotoo sa kahalagahan ng paglilingkod sa Simbahan. ■



## ISANG PUHUNANG PANGHABAMBUHAY

"Maaari kayong tawagin ng Simbahan na magsakripisyo. Maaari kayong tawagin nito na ibigay ang lahat sa abot ng makakaya ninyo. Wala itong katumbas na halaga, dahil matutuklasan ninyo na magiging puhunan ito na magbibigay sa inyo ng tubo habang kayo ay nabubuhay."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Life's Obligations," *Liahona,* Mayo 1999, 6.**

PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL; *TINATAWAG NI CRISTO SINA PEDRO AT ANDRES,* NI HARRY ANDERSON © IRI

**Ni Elder**
**Per G. Malm**
Ng Pitumpu



# Pagkakaroon ng Kapayapaan

## SA MGA PANAHON NG KAGULUHAN

*"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mateo 11:28).*

Sa kabayanan ng Gothenburg, Sweden, may isang maluwang na lansangang maraming magagandang puno sa magkabilang tabi. Isang araw nakakita ako ng butas sa isa sa malalaking puno, kaya inusisa ko ang loob at nakita ko na hungkag ito.

Nagulat ako dahil nakakatayo pa ang puno. Kaya tumingala ako at nakita ko ang isang malapad na sinturong bakal na nakatali sa itaas na bahagi ng katawan nito. May mga alambreng nakakabit sa sinturon, at nakatali at nakaangkla naman ang mga ito sa kalapit na mga gusali. Mula sa malayo wala itong ipinagkaiba sa ibang mga puno; sa pagsilip lang sa loob nito malalaman ng isang tao na hungkag ito at hindi buo at matibay ang katawan. Paglaon, hindi na maisalba ang puno at kinailangan nang putulin.

Tulad ng pagtubo nang paunti-unti ng mga batang puno hanggang sa maging matibay na puno, maaari din tayong lumakas nang paunti-unti sa kakayahan nating maging matatag at buo sa loob at labas, kumpara sa hungkag na puno. Sa pamamagitan ng nagpapagaling na Pagbabayad-sala ni Jesucristo magkakaroon tayo ng lakas na tumayo nang tuwid at matatag at mapuspos ang ating kaluluwa—ng liwanag, pag-unawa, kagalakan, at pagmamahal.

Ang pagsampalataya kay Jesucristo at pagsunod sa Kanyang mga turo ay nagbibigay sa atin ng matibay na pag-asa, at ang pag-asang ito ay nagiging matibay na sandigan ng ating kaluluwa. Magiging matatag tayo at di-natitinag. Maaari tayong magkaroon ng walang-hanggang kapayapaan ng kalooban; makakapasok tayo sa kapahingahan ng Panginoon. Kung tatalikod tayo sa liwanag at katotohanan saka lamang natin madarama, gaya ng sa puno, ang kahungkagan ng kalooban sa kaibuturan ng ating kaluluwa.

Magtuon tayo sa mga bagay na magpapanatili ng walang katapusang kapayapaan sa puso't isipan. Sa gayon ang ating pagtitiwala ay "lalakas sa harapan ng Diyos" (D at T 121:45). Ang pangakong makapasok sa kapahingahan ng Panginoon, na makatanggap ng kaloob na kapayapaan, ay ibang-iba sa

**SA DAIGDIG NA PUNO NG DUSA**

"[Nangusap ang Tagapagligtas] sa Kanyang mga disipulo nang harapin Niya ang Pagpapako sa Kanya sa Krus at habang sila ay natatakot, nalilito, at inuusig. Sa Kanyang huling payo sa kanilang lahat sa mortalidad, sinabi Niya: 'Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan' (Juan 16:33).

"Kung kaya't, sa daigdig na puno ng dusa, alalahanin natin ang ating pananampalataya. . . . At mamuhay tayo nang mas mainam, na may dagdag na tapang at lakas ng loob higit kailanman.

"Nadaig ni Cristo ang sanlibutan at ipinakita ang landas na ating tatahakin."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ito, ang Pinakadakila sa Lahat ng Dispensasyon,"** ***Liahona,*** **Hulyo 2007, 20.**



IPINANUMBALIK ANG PANINGIN, NI J. KIRK RICHARDS

pansamantala at makamundong kasiyahan. Tunay ngang ito ay kaloob ng langit: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27). May kapangyarihan Siyang magpagaling at magpatatag ng kaluluwa. Siya si Jesucristo. ■

*Mula sa "Kapahingahan ng Inyong mga Kaluluwa,"* Liahona, *Nob. 2010, 101–2.*

---

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa Mosias 24:15; D at T 6:34, 36; 59:23; 78:17–18; Joseph B. Wirthlin, "Peace Within," *Ensign,* May 1991, 36; and Neal A. Maxwell, "Yakap sa Bisig ng Kanyang Pagmamahal," *Liahona,* Nob. 2002, 16.

***"Lumapit sa kaniya ang lubhang maraming tao, na may mga pilay, mga bulag, mga pipi, mga pingkaw, at iba pang marami, at sila'y kanilang inilagay sa kaniyang mga paanan; at sila'y pinagaling niya:***

***"Ano pa't nangagtaka ang karamihan, nang mangakita nilang nangagsasalita ang mga pipi, nagsisigaling ang mga pingkaw, at nagsisilakad ang mga pilay, at nangakakakita ang mga bulag: at kanilang niluwalhati ang Dios ng Israel" (Mateo 15:30–31).***

**PAANO TAYO MAKAHAHANAP NG KAPAYAPAAN AT PAG-ASA SA MGA PANAHON NG KAGULUHAN?**

Tumulong si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na masagot ang tanong na ito sa "Ito, ang Pinakadakila sa Lahat ng Dispensasyon" (*Liahona,* Hulyo 2007, 18).

1. "Mamuhay nang buong katapatan hangga't maaari. . . . Hindi tayo dapat tumigil sa pagkilos dahil lamang sa paparating [na mga kaganapan]."
2. "Hindi natin dapat hayaan kailanman ang takot at ang ama ng takot (si Satanas) na iligaw tayo sa ating pananampalataya at matapat na pamumuhay."
3. "Maging matapat. Ang Diyos ang bahala. Alam Niya ang inyong pangalan at alam Niya ang inyong pangangailangan."

***Isiping saliksikin ang mga banal na kasulatan para sa mga talata tungkol sa pag-asa, kapayapaan, at pananampalataya kay Jesucristo.***

# ISANG PANGKALAHATANG KUMPERENSYANG PARA LAMANG SA AKIN

*Nakakatakot ang kinakaharap ko noon, ngunit alam ng Ama sa Langit ang nararanasan ko sa unang Sabado't Linggo ng linggong iyon ng Oktubre.*

**Ni Ann Singleton**



Lumaki ako sa isang tahanan kung saan parang pista opisyal ang pag-asam sa mga pangkalahatang kumperensya. Naaalala ko noong dalagita ako na inatasan ako sa Sunday School na pagtugmain ang mga larawan ng mga General Authority sa mga paglabas nila sa telebisyon nang magsalita sila sa kumperensya. Sa aking paglaki, natutuhan kong kilalanin ang mga Kapatid na iyon hindi lamang sa pisikal na anyo kundi maging sa kanilang boses at sa mga mensaheng ibinahagi nila. Noong unang taon ko sa unibersidad, natuwa ako nang imbitahan ang aming institute of religion choir na kumanta sa isang sesyon ng kumperensya sa Tabernacle. Sa madaling salita, sa edad na 20 espesyal na ang naging damdamin ko tungkol sa mga unang Sabado't Linggo ng linggong iyon ng Abril at Oktubre bawat taon.

Ngunit hindi ko pa lubusang alam kung gaano kahalaga ang pangkalahatang kumperensya para sa aking sarili. Tumanggap ng mga tiket ang aming stake para sa general Relief Society meeting noong Setyembre 2008 sa Conference Center. Sabik akong makasalamuha ang kababaihan sa aming stake, inasam ko ang napakagagandang musika at mga mensahe, at lalo akong napakumbabang maisip na makikinig kami sa mensahe ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. Nakinig akong mabuti sa bawat salita, masiglang nagtala, at nangakong ipamuhay ang iniutos sa aming gawin. Nadama ko na napakagandang simula ito sa mga pangkalahatang sesyon sa susunod na linggo.

Pagkatapos ay gumuho ang aking mundo. Habang nasa trabaho nang sumunod na Huwebes, tinawagan ako ng aking doktor at ipinaalam sa akin na nakita sa mga pagsusuring ginawa sa akin noong nakaraang linggo na may kanser ako.

Ang sumunod na mga araw ay puno ng pagdududa, takot, pag-aalala, kalungkutan, kawalang-pag-asa, at dalamhati. Halu-halong damdamin ang nadama ko kaya hindi ako makatulog at lagi akong umiiyak. Hindi pa ako natakot nang gayon.

Pagsapit ng Sabado ng umaga, nilayon kong makinig sa kumperensya habang nagtatrabaho. Sa pagiging abala, inasam kong mawala sa aking isipan ang aking problema. Ngunit natagpuan ko ang aking sarili na binibitawan ang labahin at iniiwanan ang mga hugasin sa lababo para tumutok sa telebisyon. Muntik nang tumigil ang tibok ng puso ko nang simulan ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol ang unang sesyon sa pahayag na ito: "Hindi natin mahuhulaan ang lahat ng pakikibaka at unos na mangyayari sa buhay, kahit na yaong mga malapit nang mangyari, ngunit bilang mga nilalang na may pananampalataya at pag-asa, nalalaman natin nang walang alinlangan na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo at ang pinakamabuti ay darating pa."[1]

Naisip ko, tiyak na ang susunod na paksa ay tungkol sa kalinisang-puri o araw ng Sabbath. Ngunit bawat sumunod na mensahe ay tungkol din sa pag-asa sa mga panahon ng pagsubok!

Payapa ang araw ng Linggo nang magkaisang manalangin at mag-ayuno ang aming pamilya para sa akin. Patuloy akong nakarinig ng mga salitang nagbibigay ng pag-asa katulad ng sinundang araw, at ng nakaaantig na panghuling mensahe sa sesyon sa hapon mula kay Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Pinatototohanan ko na sakop ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang lahat ng pagsubok at hirap na daranasin ng sinuman sa atin sa buhay na ito," wika niya. "Kung minsan maiisip nating sabihing, 'Sana alam ninyong nahihirapan ako,' makatitiyak tayo na nariyan Siya at ligtas tayo sa Kanyang mapagmahal na mga bisig."[2]

Marahil ay dahil sa pag-aayuno o mga panalangin o sa mahirap na kalagayan ko, ngunit mula simula hanggang wakas, nadama ko na ito ay sarili kong pangkalahatang kumperensya na ako lang ang naroon para makinig.

Ang sumunod na mga araw, linggo, at buwan ay naghatid ng maraming hamon nang sumailalim ako sa mga pagsusuri, operasyon, chemotherapy, at radiation. Sana'y masabi ko na hindi ako nawalan ng pag-asa sa loob ng 12 buwang iyon. Talagang nawalan ako ng pag-asa. Ngunit sa mga panahong iyon, napalakas din ako ng mga panalangin at pag-aayuno ng ward at mga kapamilya, mga basbas ng priesthood ng aking ama, at ng pananampalataya ng aking ina. Binasa ko ang Aklat ni Mormon nang lubusan sa loob ng unang ilang buwan ng panggagamot, batid na mapapanatag ako sa salita ng Diyos.

Ngunit sa pinakamahihirap na araw, lagi kong binabalikan ang lumang-lumang kopya ko ng Nobyembre 2008 ng *Liahona* at muling binabasa ang mga salitang nagmula sa isang mapagmahal na Ama sa pamamagitan ng mga inspiradong lingkod at diretso sa aking nangangambang puso. Namangha ako sa pahayag na hindi ko naaalalang sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa kanyang pambungad na pananalita: "Iniisip ng ating Ama sa Langit ang bawat isa sa atin at ang ating mga kailangan. Nawa ay mapuspos tayo ng Kanyang Espiritu sa pakikibahagi natin sa mga kaganapan nitong ika-178 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan."[3]

Nagtamo ako ng patotoo sa katotohanang iyon. Inaalala ako ng Ama sa Langit noong katapusan ng linggong iyon ng Oktubre. Alam Niya na kailangan kong umasa sa Kanyang pagmamahal at plano para sa akin. Siya ay nagsalita at ako ay nakinig. ■

*Paunawa: Natapos ang pagpapagamot ni Sister Singleton sa kanyang kanser noong Hunyo 2009, at hindi na nagbalik ang kanser.*

**MGA TALA**

1. L. Tom Perry, "Gawin Niya Ito nang Simple," *Liahona,* Nob. 2008, 7.
2. Quentin L. Cook, "Sana Alam Ninyong Nahirapan Kami," *Liahona* Nob. 2008, 105.
3. Thomas S. Monson, "Pagbati sa Kumperensya," *Liahona,* Nob. 2008, 6.



PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

# Ang Ordenansa ng Pagbubuklod

## AY PINAG-UUGNAY ANG MGA PAMILYA MAGPASAWALANG-HANGGAN

Habang narito sa lupa, makagagawa tayo ng mga sagradong tipan (mga pangako) sa Diyos sa banal na templo sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Kabilang sa mga tipang iyon ang pagkakataong mabuklod ang mga mag-asawa (makasal nang walang hanggan) at mabuklod ang kanilang mga anak sa kanila. Nangangahulugan ito na kung tutuparin natin ang ating mga tipan sa Panginoon at sa isa't isa, hindi tayo lubusang mapaghihiwalay ng kamatayan. Ang ordenansa ng pagbubuklod ay mahalagang bahagi ng plano ng ating Ama sa Langit para makapiling natin Siya magpasawalang-hanggan. (Tingnan sa D at T 128:9–10; 132:19.)

Kapag nakagawa na tayo ng mga tipan sa templo para sa ating sarili, matitipon na natin ang kasaysayan ng ating pamilya at makapagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa yumao nating mga ninuno. Dahil dito ay mapapasakanila ang mga tipan sa templo (tingnan sa D at T 138:29–37).

Ang kapangyarihan ng priesthood na magbuklod ng mga pamilya ay ipinropesiya noong unang panahon (tingnan sa Malakias 4:5–6) at sa makabagong panahon (tingnan sa D at T 2). Inihayag sa dalawang propesiya na ang propetang si Elijah ay "itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama" (D at T 2:2).

Ang ipinangakong pagbalik ni Elijah ay natupad noong Abril 3, 1836, sa kalalaang Kirtland Temple sa Ohio, USA, nang magpakita si Elijah kasama ang iba pa at ibigay ang kanyang mga susi ng priesthood kay Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 110:13–15).

Sa ngayon, may 134 na templo nang gumagana sa buong mundo, kung saan makagagawa ng mga tipan sa Diyos ang karapat-dapat na mga Banal sa mga Huling Araw at mabubuklod nang walang hanggan bilang mga pamilya. Maaari silang bumalik at magsilbing mga proxy para sa yumao nilang mga ninuno, kaya naisasakatuparan ang propesiya na ang mga puso ng mga anak ay mababaling sa mga ama. ■

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 245–51; *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 217–18, 119–122, 66–70, 95–100; at "Pagiging Karapat-dapat na Pumasok sa Templo," *Liahona,* Ago. 2010, 12–13.

*"Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit" (Mateo 16:19).*



MGA PAGLALARAWAN NINA LAURENI FOCHETTO, JOHN LUKE, CRAIG DIMOND, MATTHEW REIER, AT DAVID STOKER; LARAWAN NG RECIFE BRAZIL TEMPLE NA KUHA NI LAURENI FOCHETTO



**Kailangan tayong tumanggap ng ilang tipan at ordenansa upang makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit:**

*1. Tayo ay bibinyagan at kukumpirmahan (tingnan sa Mateo 3:16–17; Juan 3:5; 2 Nephi 31:5–18).*



*2. Ang kalalakihan ay tatanggap ng Aaronic Priesthood at ng Melchizedek Priesthood kalaunan (tingnan sa D at T 128:11).*



*3. Sa templo gumagawa tayo ng karagdagang mga tipan na may kaugnayan sa endowment.*





*4. Ang mga mag-asawa ay ibinubuklod (ikinakasal) sa templo para sa panahon at sa buong kawalang-hanggan.*




*5. Ang mga anak na isinilang sa ibinuklod na mag-asawa ay isinilang "sa loob ng tipan." Ang mga anak na hindi isinilang sa loob ng tipan ay maaaring ibuklod sa kanilang mga magulang.*



*6. Pagkatapos ay inihahanda natin ang mga pangalan ng ating mga ninuno para sa gawain sa templo at isinasagawa ang mga kinakailangang ordenansa para sa kanila sa loob ng templo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:29; D at T 128:15–16, 24).*

# ANG KAWALANG-HANGGAN NG Kasal



**Ni Pangulong N. Eldon Tanner (1898–1982)**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

*Si Nathan Eldon Tanner ay isinilang noong Mayo 9, 1898, sa Salt Lake City, Utah. Siya ay inorden bilang Apostol noong 1962 at, sa pagitan ng 1963 at 1982, ay naglingkod bilang tagapayo sa Unang Panguluhan sa ilalim ng apat na Pangulo ng Simbahan. Ang sumusunod ay hinango mula sa kanyang mensaheng "Celestial Marriages and Eternal Families," na ibinigay sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1980. Para sa buong mensahe sa Ingles, tingnan sa conference.lds.org.*

Isa sa pinakamaliligayang sandali sa buhay ng isang tao ay kapag nag-isip na siyang mag-asawa. . . . Magandang isipin na sa oras ng kasal karamihan sa mga mag-asawa ay nakasisigurong tama ang kanilang mga pasiya; ngunit kadalasan ay natatapos ang honeymoon, at nagsisimula na ang problema, at nauuwi sa diborsyo ang pagsasama.

Dahil marami ang nagdidiborsyo, naiisip ng ilan na mamuhay sa paraan na matatakasan nila ang tila walang-kabuluhang mga ritwal, nang hindi ikinakasal ng pari o sa iba pang paraang legal. Madalas kong isipin kung gaano ang nalalaman nila tungkol sa layunin ng Paglikha ng daigdig na kanilang tinitirhan at gaano nila sinaliksik ang mga banal na kasulatan upang malaman kung bakit nilikha ng Diyos ang babae at lalaki at pinasimulan ang sagradong ordenansa ng kasal.

Pag-usapan muna natin ang layunin ng Paglikha ng daigdig. Nilinaw sa mga banal na kasulatan na wala nang iba pang layunin ito kundi maglaan ng lugar na matitirhan ng mga anak ng Diyos sa mortalidad at patunayan na sila ay karapat-dapat, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos, na makabalik sa piling ng Diyos na kanilang pinagmulan.

Kasunod ng Paglikha ng daigdig, "Sinabi ng Dios, lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis. . . .

"At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.

"At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin" (Genesis 1:26–28).

Nang likhain ng Diyos ang babae at ibigay siya sa lalaki, sinabi Niya, "Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa; at sila'y magiging isang laman" (Genesis 2:24).

Oo, ang kasal ay inorden ng Diyos, at kasunod ng unang pagbanggit na iyon sa mag-asawang lalaki at babae, paulit-ulit nating nakikita sa mga banal na kasulatan ang katibayan na ang mga lalaki at babae ay naging mga mag-asawa sa mga seremonya ng kasal na may kasunod na handaan sa kasal. Hindi tayo naparito para lamang "magsikain, magsiinom, at magsipagsaya" (2 Nephi 28:7). Binigyan tayo ng isang daigdig para pamahalaan at pinagbilinang magpakarami at kalatan ito. Nakatutuwang pansinin na sinabi ng Diyos na "magpakarami" at hindi lamang basta "kalatan" ang lupa (tingnan sa Genesis 1:28).

Mahalagang maunawaan natin, gaya ng matututuhan natin mula sa mga banal na kasulatan, na ang Diyos ay walang hanggan, na ang Kanyang mga nilikha ay walang hanggan, at ang Kanyang mga katotohanan ay walang



*Sina N. Eldon at Sara Tanner kasama ang kanilang mga anak na babae, bandang 1927. Ang kanilang panlima at bunsong anak na si Helen ay isinilang noong 1931.*

hanggan. Samakatwid, nang ipakasal Niya si Eva kay Adan, ang pagsasamang iyon ay magiging walang hanggan. Ang kasal na inorden ng Diyos at isinagawa sa Kanyang mga banal na templo ay walang hanggan—hindi lamang hanggang kamatayan. Sa Eclesiastes mababasa natin, "Nalalaman ko, na anomang ginagawa ng Dios, magiging magpakailan pa man" (Eclesiastes 3:14).

Nang tanungin ni Cristo si Pedro kung sino Siya, sumagot si Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay." Tiniyak ni Jesus kay Pedro na nalaman niya ito sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos Ama at na sa batong ito ng paghahayag ay itatayo Niya ang Kanyang Simbahan. At sinabi Niya, "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit" (tingnan sa Mateo 16:15–19).

Nang lapitan ng mga Fariseo si Jesus, na tinutukso Siya, at nagtatanong tungkol sa diborsyo, kabilang sa Kanyang sagot ang sumusunod:

"Hindi baga ninyo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat sa pasimula, ay sila'y nilalang niya na lalake at babae,

"At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa: at ang dalawa ay magiging isang laman?

"Kaya nga hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao" (Mateo 19:4–6).

Nakasaad sa mga banal na kasulatang ito na ang selestiyal na kasal, na inorden ng Diyos at isinagawa sa pamamagitan ng Kanyang awtoridad sa Kanyang mga banal na templo, ay walang hanggan, at ang mga magasawang pinagsama nang ganito ay ibinuklod sa panahon at sa buong kawalang-hanggan, at ang kanilang mga anak ay isinilang sa loob ng tipan ng walang-hanggang ebanghelyo. Sila ay magiging walang-hanggang pamilya alinsunod sa kanilang katapatan. . . .

Naparito si Jesucristo sa lupa upang ibigay sa atin ang mismong mensaheng iyan—kung sino tayo at ano ang dapat nating gawin. Ibinigay Niya sa atin ang plano ng ebanghelyo tungkol sa buhay at kaligtasan at sinabi na walang ibang pangalan sa silong ng langit na makapagliligtas sa atin (tingnan sa Mga Gawa 4:12). Nasa atin ang ebanghelyong iyon na ipinanumbalik sa mga huling araw na ito, kasama ang buhay na propeta ngayon . . . upang magsalita para sa Diyos, na siyang paraan ng pakikipag-usap ng Diyos sa tao sa lahat ng panahon. . . .

Alam ko na sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa pagsunod sa mga utos ng Diyos at sa mga pakikipagtipan natin sa Kanya, magagawang langit ng bawat isa sa atin ang ating tahanan sa lupa habang inihahanda natin ang ating sarili at ang ating mga anak sa pagbalik sa ating Ama sa Langit. ■

*Pinagpare-pareho ang pagbabaybay, pagbabantas, pagpapalaki ng mga letra, at pag-aayos ng mga talata.*

# PAGPAPATATAG SA AKING Walang-Hanggang Kasal

**Ni Rosana Pontes Barbosa Neves**




Noong tinedyer ako, nagkaroon ako ng pananampalataya na ang kasal ay maaaring maging maganda at walang-hanggang karanasan. Gayunman, naging mahirap para sa akin ang laging maniwala dahil ang nakita kong mga halimbawa ng pagsasama ng mag-asawa habang lumalaki ako ay hindi matibay, at nagkaroon ng takot sa puso ko tungkol sa pag-aasawa. Ngunit nagpasiya ako na hindi kailangang mangibabaw ang kabiguan at kalungkutan at na ipaaalam sa akin ng Ama sa Langit kung paano magkaroon ng maligayang pagsasama ang mag-asawa.

Noong 26 anyos ako, nagpakasal ako kay Sidnei sa São Paulo Brazil Temple. Noong nagdedeyt pa lang kami, sinikap naming ihanda ang aming espirituwalidad at kalooban para sa pinakamahalagang pangyayari sa aming buhay. Nagpasiya kami kung anong uri ng kasal ang gusto namin, magkasama kaming nagtakda ng aming mga mithiin, at nagbahaginan kami ng mga ideya—ang aming patotoo sa ebanghelyo, mga naisin at pangamba, at mga pangarap. Sabay rin naming binasa ang payo ng mga propeta tungkol sa pag-aasawa. Ginawa namin ang lahat para makapaghanda, na umaasam na mapaligaya at mabigyan ng seguridad ang isa't isa at ang aming magiging mga anak. Hiniling namin sa Panginoon na bigyan kami ng karunungan upang mamuhay nang maligaya.

Ngayon ay 18 taon na kaming kasal. Sa mga taong ito, patuloy kaming natututo mula sa mga tuntunin ng ebanghelyo, sa payo ng ating mga lider, at, siyempre pa, sa Espiritu. Ang ilan sa mga bagay na nagawa namin upang maging matatag at maligaya ang aming pagsasama ay:

1. Magkasamang manalangin araw-araw. Kapag nagdarasal kami sa gabi, pinasasalamatan namin ang Ama sa Langit sa pagsasama naming mag-asawa, sa pag-ibig namin sa isa't isa, at hinihiling namin na patatagin ang aming kalooban at maging malakas ang bawat isa sa amin sa harap ng mga tukso ng



## KASAL SA PLANO NG AMA SA LANGIT

"Habang napapalapit ang mag-asawa sa Panginoon (tingnan sa 3 Nephi 27:14), habang natututuhan nilang paglingkuran at mahalin ang isa't isa, sa mga karanasan nila sa buhay at sabay [na] pag-unlad at pagiging isa, at habang pinagpapala sila sa pagsasanib ng mga likas nilang katangian, natatanto nila ang katuparan ng mga hangarin ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. Ang sukdulang kaligayahan, na siyang pinakamimithi ng plano ng Ama, ay natatanggap sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa kasal na walang hanggan at paggalang dito."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mahalaga ang Kasal sa Kanyang Walang Hanggang Plano," *Liahona,* Hunyo 2006, 50.**



PAGLALARAWAN NI LAURENI FOCHETTO

kaaway, na kumikilos upang wasakin ang mga pamilya.

2. Humingi ng kapatawaran. Sinisikap naming hindi maging hadlang ang pagmamalaki sa paghingi namin ng tawad o pag-amin na mali kami. Ang pag-ibig at pagkakaisa ay mas mahalaga kaysa kung sino ang tama o mali.
3. Huwag magsalita ng masama tungkol sa isa't isa kailanman. Kitang-kita naman na walang perpekto sa aming dalawa, ngunit hindi kami nagsasalita ng masama tungkol sa isa't isa, at kapag may kasama kaming iba, magagandang bagay ang sinasabi namin tungkol sa isa't isa.
4. Ipagtanggol ang institusyon ng kasal. Tuwing may pagkakataon kami—at lalo na kung may mga tao sa aming paligid na bumabatikos sa institusyon ng kasal—naninindigan kami para sa mga pamilya at sa paniniwala namin.
5. Mag-usap nang madalas at makinig. Itinitigil namin ang aming ginagawa para talagang makinig kapag nagsasalita ang isa sa amin.
6. Mahalin at unawain ang isa't isa. Hindi namin iniinsulto, pinararatangan, o pinipintasan ang isa't isa.
7. Patuloy na humingi ng tulong at payo tungkol sa pagsasama ng mag-asawa mula sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga makabagong propeta. Hindi namin alam ang lahat ng bagay. Hindi kami perpekto at madali kaming makalimot at magkamali. Ayaw naming hintayin pang magkaproblema kami, sa halip ay sinisikap naming patatagin ang aming pagsasama bago pa kami masaktan sa isang sitwasyon.

Ang mga bagay na ito ay naging kasangkapan sa pagpapatibay ng relasyon naming mag-asawa. Alam ko na kung ibabahagi natin ang ating buhay at damdamin sa Ama sa Langit at hihingin ang Kanyang payo, bibigyan tayo ng inspirasyon ng Espiritu Santo at magiging walang hanggan ang ating pamilya, at malalagpasan natin ang lahat ng hirap. Alam din namin na tutulungan tayo ng Ama sa Langit kapag hinangad nating malaman at gawin ang Kanyang kalooban. ■

## MATAGUMPAY NA PAGSASAMA NG MGA MAG-ASAWA

"Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan."

**"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.**





**Ni Elder**
**Robert D. Hales**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# MUNTING Langit SA Lupa

*Ang selestiyal na kasal ay nangangailangan ng pamumuhay na lubos na inilaan sa pagkamarapat at mga alituntuning selestiyal, na humahantong sa kaligayahan sa buhay na ito at kadakilaan sa kabilang buhay.*

Ang *kasal sa templo* ay naglalarawan ng lugar na pupuntahan ninyo para maisagawa ang isang kasal. Ang *selestiyal na kasal* ay nililikha ninyo sa pagiging tapat sa mga sagradong tipang ginawa ninyo sa seremonya ng kasal sa templo.

Matapos manumpa, ang selestiyal na kasal ay nangangailangan ng pamumuhay na lubos na inilaan sa pagkamarapat at mga alituntuning selestiyal, na humahantong sa kaligayahan sa buhay na ito at kadakilaan sa kabilang buhay. Kung ipamumuhay natin ang mga batas na nauukol sa selestiyal na kasal, magkakaroon tayo, kasama ang ating asawa at pamilya, ng munting langit sa lupa. At kapag ipinamumuhay natin ang mga batas na iyon, sinusunod natin ang mga batas ding iyon na sinusunod sa langit. Nagsasanay tayo kung paano mamuhay sa piling ng Ama at ng Anak at ng ating pamilya sa darating na mga kawalang-hanggan. Iyan para sa akin ang mensahe sa mundo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY



***Kapag pumipili kayo ng mapapangasawa, tiyakin na pareho kayong may hangaring magsama sa ilalim ng selestiyal na kasal, hangaring magkaasawa nang walang hanggan, hangaring magkaroon ng pamilyang walang hanggan, at hangaring mamuhay sa piling ng ating Ama sa Langit.***

## Pagpili ng Mapapangasawa

Madalas itanong ng mga miyembro ng Simbahan na walang asawa, "Paano ko matatagpuan ang tamang taong pakakasalan?" Magmumungkahi ako ng isang paraan. Alamin ang antas ng espirituwalidad ng maaari ninyong mapangasawa. Una, kung sila ay miyembro ng Simbahan, sila ba ay aktibo at lubos ang katapatan, o wala silang pakialam o kinakalaban nila ang Simbahan? Pangalawa, kung hindi sila miyembro, nakikinig ba sila sa ebanghelyo at sa mga turo nito, o wala silang pakialam o kinakalaban nila ang Simbahan?

Kung pakakasal kayo sa isang aktibong miyembro sa templo para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan sa bago at walang-hanggang tipan, magkakaproblema ba kayo? Oo. Malulutas ba ninyo ang mga ito? Oo. Mas maganda ba ang tsansang malutas ninyo ang mga ito at lalakas ang inyong patotoo kaysa kung hindi kayo nakasal sa templo? Oo. Ngunit kung magpapakasal kayo sa isang taong kumakalaban sa Simbahan o walang pakialam sa ebanghelyo, inilalagay ninyo ang inyong sarili sa isang lugar na malalaman ninyo balang araw na kakailanganin ninyong mamili sa pagitan ng taong iyon at ng Simbahan. Napakabigat na responsibilidad niyan.

Kapag pumipili kayo ng mapapangasawa, tiyakin na pareho kayong may hangaring magsama sa ilalim ng selestiyal na kasal, hangaring magkaasawa nang walang hanggan, hangaring magkaroon ng pamilyang walang hanggan, at hangaring mamuhay sa piling ng ating Ama sa Langit.

## Pagsunod sa Batas

Nilinaw ng Panginoon na makakasama lamang natin ang ating asawa sa kawalang-hanggan kung susundin natin ang batas. Sa makabagong paghahayag sinabi Niya:

"Ihanda ang iyong puso upang tanggapin at sundin ang mga tagubiling aking ibibigay sa iyo; sapagkat ang lahat ng yaong mayroon ng batas na ito na ipinahayag sa kanila ay kailangang sundin ang gayon din.

"Sapagkat masdan, ipinahahayag ko sa iyo ang isang bago at isang walang hanggang tipan" (D at T 132:3–4).

Bawat miyembro ng Simbahan ay dapat basahin at pag-aralan ang bahagi 132 ng Doktrina at mga Tipan. Natatanto ba ninyo na walang pumapagitan sa Panginoon at sa nagbubuklod kapag nagsasagawa ang huli ng ordenansa ng pagbubuklod? Ito ay isang maganda at nakaaantig na seremonya.

Ang malalim na layunin ng kasal sa templo ay nilinaw ng Manunubos nang sabihin Niyang, "At tungkol sa bago at walang hanggang tipan [ng kasal], ito ay pinasimulan para sa kaganapan ng aking kaluwalhatian; at siya na tumatanggap ng kaganapan nito ay kailangan at dapat na sumunod sa batas, o siya ay mapapahamak" (D at T 132:6).

Sinabi rin ng Panginoon, "Samakatwid, kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae sa daigdig, at pinakasalan niya siya hindi sa pamamagitan ko ni sa aking salita, at siya ay nakipagtipan sa kanya habang siya ay nasa daigdig at siya sa kanya, ang kanilang tipan at kasal ay walang bisa kapag sila ay patay na, at kapag sila ay wala na sa daigdig; samakatwid, sila ay hindi nakatali sa anumang batas kapag sila ay wala na sa daigdig" (D at T 132:15).

Hindi ba natin natatanto na sa Doktrina at mga Tipan sinabi sa atin na maliban kung pumasok tayo sa selestiyal na kasal, hindi natin maaabot

ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatian sa selestiyal na kaharian (tingnan sa D at T 131:1–4)? Malinaw rin kung ano ang mangyayari sa mga yaong hindi tumanggap kailanman ng mga pagpapala ng kasal sa templo: ang kanilang pagsasama ay hanggang paghiwalayin sila ng kamatayan—napakalungkot isipin.

Ang layunin ng ebanghelyo at ng selestiyal na kasal ay hindi lamang para panatilihin tayong magkasama kundi gawin din tayong karapat-dapat para sa pinakamataas na gantimpala ng ating Ama sa Langit: kadakilaan sa selestiyal na kaharian, maragdagan sa kahariang iyon, at buhay na walang hanggan kasama ang ating pamilya.



### Pag-akyat na Magkasama

Ang selestiyal na kasal ay parang pag-akyat sa bundok. Itinatali ninyo ang inyong sarili sa inyong makakasama nang walang hanggan, at inaakyat ninyo ang bundok. Kapag nagkaanak kayo, itinatali rin ninyo sila sa inyo at nagpapatuloy kayo sa paglalakbay. Ang mga tali ay magbibigkis sa lahat ng umaakyat sa bundok, ngunit ang hangin, ulan, niyebe, at yelo—mga hamon ng mundo—ay hahampas sa inyo para ihulog kayo mula sa bundok na iyon.

Paano ninyo mararating ang tuktok? Kung susuko si Inay o si Itay at puputulin ang taling nagbibigkis sa kanila sa isa't isa at sa kanilang mga anak, malamang na mahulog ang isa sa kanila mula sa bundok at marahil ay mahila pa nila ang iba pang mga kapamilya. Ang buong pamilya ay maaaring mahulog mula sa bundok na iyon at hindi makarating sa walang-hanggang tuktok. Hindi tayo maaaring makipagsapalaran. Lagi nating isipin na bilang mga miyembro ng isang pamilya, nakatali tayo sa isang grupong paakyat sa bundok na sinusubukang makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit.

Sabi nga sa isang bantog na kawikaan, "Buhatin mo ako at bubuhatin kita, at magkasama tayong aakyat."

Ang pagsasama ng mag-asawa ay hindi isang saklay. Hindi ninyo pakakasalan ang isang tao na inaakala ninyong medyo mas mataas kaysa mga anghel at sasandig sa taong iyon pagkatapos. Bagkus, pinahuhusay ninyo ang inyong sarili at ang sarili ninyong mga kaloob at talento. Habang humuhusay kayo, magkasama kayong umuunlad, na sinusuportahan at pinalalakas ang isa't isa.

Bago kami ikasal ng asawa ko, sinabi ko sa kanya "Alam mo, Mary, palagay ko para maging tagumpay

***Ang selestiyal na kasal ay parang pag-akyat sa bundok. Itinatali ninyo ang inyong sarili sa inyong makakasama nang walang hanggan, at inaakyat ninyo ang bundok. Kapag nagkaanak kayo, itinatali rin ninyo sila sa inyo at nagpapatuloy kayo sa paglalakbay.***

KALIWA: PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER; KANAN: PAGLALARAWAN NI VERNON WILEY © ISTOCKPHOTO



***Ang sekreto ng masayang pagsasama ay ang protektahan ang bahaging madaling tablan at huwag samantalahin ang mga kahinaan ng mga taong kilalang-kilala ninyo, pinakamamahal, at sa huli ay masasaktan ninyo nang husto.***

sa negosyo kailangan kong magtrabahong mabuti sa ating bansa at marahil sa buong daigdig. Gusto mo bang sumama sa akin?" Gusto raw niya. Sampung taon matapos kaming ikasal, pinapunta ako sa England, at sumama siya sa akin. Pagkatapos ay nagtungo kami sa Germany at pagkaraan ay sa Spain. Naging iba't iba ang kanyang bansa, kultura, at salita dahil nakapagpasiya na siya na magkasama kaming magsisikap at uunlad.

Alalahaning tratuhin ang isa't isa nang may kabaitan at paggalang sa isa't isa sa kung ano ang inyong pagkatao at kung ano ang nais ninyong kahinatnan.

Naaalala ko ang isang babae sa aming ward ilang taon na ang nakararaan noong bishop pa ako. May problema silang mag-asawa sa kanilang pagsasama. Nang kausapin nila ako, sinimulang hamakin ng babae ang kanyang asawa sa lahat ng mahalagang bagay na kailangang purihin ang isang lalaki para maigalang niya ang kanyang sarili. Ikinuwento niya ang pagkukulang ng asawa bilang ama, ang mga pagkukulang nito sa relasyon nilang mag-asawa, sa pagbuhay sa pamilya, at sa pakikisama.

Tinanong ko siya, "Bakit mo ito ginagawa sa lalaking dapat mong mahalin at suportahan?"

Sagot niya, "Mas mabuting makipagtalo sa taong mahal mo dahil alam mo kung saan siya masasaktan nang husto."

At *seryoso* siya roon.

Gayunman, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, dapat nating gamitin ang ating kalayaang moral at mga pagkakataong umunlad. Lahat ay may mga kahinaan. Alam ng kaaway kung saan madaling tablan ang inyong mga mahal sa buhay, mga kaibigan, roommate, mga kapatid, at mga magulang. Alam ba ninyo kung saan *kayo* madaling tablan? Alam ba ninyo ang mga sitwasyong kailangan ninyong layuan at ang inyong mga kahinaan? Ang sekreto ng masayang pagsasama ay ang protektahan ang bahaging madaling tablan at huwag samantalahin ang mga kahinaan ng mga taong kilalang-kilala, pinakamamahal, at sa huli ay masasaktan ninyo nang husto.

"Samakatwid, patatagin ang iyong mga kapatid sa lahat ng iyong pakikipag-usap, sa lahat ng iyong panalangin, sa lahat ng iyong panghihikayat, at sa lahat ng iyong ginagawa" (D at T 108:7). Sa madaling salita, araw-araw ay kailangan ninyong tulungan ang isa't isa sa inyong pagdarasal at paghihikayat at mga ginagawa.

Naaalala ko ang isang bagong kasal na katatapos lang sa kolehiyo. Binigyan sila ng isang magulang ng isang tahanan; ang isa namang magulang ay binigyan sila ng mga kagamitan at bagong kotse. Ibinigay



sa kanila ang lahat sa mundo. Sa loob ng tatlong taon nagdiborsyo sila. Hindi sila nagsikap at nagsakripisyo. Sumandig sila sa isa't isa at sa kanilang mga magulang na parang saklay, napilay sila, at hindi na lumakas. Hindi nila natutuhan ang mahirap na bahagi. Hindi sila nag-alalang pagsikapang magtagumpay ang kanilang pagsasama. Tiyaking kayo ay magkasamang nagsasakripisyo, nagbabahagi, at lumalakas.

**Pagsuporta sa Isa't Isa**

Matapos akong maglingkod bilang elders quorum president, branch president, at bishop sa loob ng limang taon, lumipat kami sa isang bagong ward. Hindi naglaon ay tinawag ang aking asawa na maging Relief Society president. Dumalo siya sa unang pulong niya sa bishop habang habol ko ang dalawa naming maliliit na anak na paroo't parito sa pasilyo at sa buong paradahan at cultural hall. Iyon ang unang karanasan ko sa paghihintay. Naghintay ako nang isa't kalahating oras. Paglabas ni Mary sa opisina ng bishop, karga ko ang isang bata at hawak ko ang isa pa. Wala akong lakas ng loob na magsalita, ngunit pinukol ko lang siya ng tingin na nagsasabing, "Alam mo ba na pinaghintay mo ako nang isa't kalahating oras?"

Nagtaas lang siya ng limang daliri at nagsabing, "Limang taon." Ganyan katagal siya naghintay sa akin. Pagkatapos ay natanto ko na magiging trabaho kong suportahan ang aking asawa sa kanyang tungkulin katulad ng pagsuporta niya sa akin sa mga tungkulin ko noon.

Hinihiling ko sa inyo na huwag sumandig sa inyong asawa na parang saklay kundi maging matatag, palakasin ang isa't isa, at humingi ng tulong kapag magkasama kayong nanalangin gabi-gabi. Pinatototohanan ko na ang mga sandaling iyon sa buhay ko na ako ay malungkot, nahahapis, o nalulumbay ay mga sandaling ako ay lumilihis, kahit kaunti, mula sa mga turo ng Panginoon. Dalangin ko na nawa'y magkaroon kayo ng tunay na kaligayahan at makahanap ng kagalakan sa selestiyal na kasal na may munting langit sa lupa. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University noong Nobyembre 9, 1976. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.*

***Hinihiling ko sa inyo na huwag sumandig sa inyong asawa na parang saklay kundi maging matatag, palakasin ang isa't isa, at humingi ng tulong kapag magkasama kayong nanalangin gabi-gabi.***

KALIWA: PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER; KANAN: PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH





# Pagbibigay sa Diyos
## NG PAGKAKATAONG PAGPALAIN TAYO

*Paano nagkaroon ng 17 kasal sa templo sa loob ng wala pang apat na taon ang isang district sa Argentina na may iilang maliliit na branch lamang? Sabi ng mga lider, simple lang ang sagot: pagsunod.*

**Ni Michael R. Morris**
Mga Magasin ng Simbahan

Nang lumipat sa pinakatimog na lungsod ng Ushuaia ang 21-taong-gulang na si Gisela Silva kasama ang kanyang pamilya mula sa Mendoza, Argentina, naisip niya kung naiwan ba ang pagkakataon niyang makasal sa templo. Tutal, may stake sa Mendoza na puno ng mga ward ng mga Banal sa mga Huling Araw, samantalang ang malayong bayan ng Ushuaia—na nasa pulo ng Tierra del Fuego—ay may 600 miyembro lang na dumadalo sa tatlong maliliit na branch.

"Ikinasal ang mga magulang sa templo, at nais kong makamtan ang pagpapalang ito para sa sarili ko—ang makasal sa isang tapat na miyembro ng Simbahan, na makakasama kong bumuo ng walang-hanggang pamilya," paggunita niya. "Ngunit pagdating ko sa Ushuaia, iilan lang ang mga young adult dito kaya nag-isip ako kung mangyayari pa iyon."

Ang problema ni Lucas Romano ay kapareho ng kay Gisela. Noong nasa misyon siya sa Uruguay, lumipat ang kanyang pamilya sa Ushuaia. Nang makasama niya sila pagkatapos ng kanyang misyon, agad niyang napansin na mas maraming young single adult na lalaki kaysa babae. Gayunpaman, determinado siyang sundin ang payo ng mga lokal na lider na mga miyembro lang ng Simbahan ang ideyt.

Naging mas madaling sundin ang payong iyon nang makilala ni Lucas si Gisela sa simbahan at mag-enrol ito sa mga English class sa paaralang pinagtuturuan niya. Sinimulan niyang ihatid si Gisela sa bahay nito pagkatapos ng klase, at hindi nagtagal ay nagsimula na silang magdeyt. Habang hiwalay nilang ipinagdarasal ang nabubuo nilang relasyon, sinabi nila na dumating ang pagtiyak nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30; D at T 98:12).

Noong Abril 2005, ikinasal sa huwes sina Lucas at Gisela, tulad ng hinihingi sa batas ng Argentina, at saka sila ibinuklod




LARAWAN NG BUENOS AIRES ARGENTINA TEMPLE NA KUHA NI NÉSTOR CURBELO; MAPA NA GAWA NG MOUNTAIN HIGH MAPS © 1993 DIGITAL WISDOM, INC.

sa Buenos Aires Argentina Temple. Ang kanilang pagbubuklod ay makahulugan sa mga kabataan ng Simbahan sa Ushuaia: iyon ang una sa 17 kasal sa templo sa loob ng wala pang apat na taon.

### Isang Napakagandang Kuwento ng Tagumpay

Paano nagkaroon ng napakaraming kasal sa templo sa loob ng napakaikling panahon ang isang district na may iilang maliliit na branch lamang? Simple lang ang sagot, ayon sa mga lokal na lider: pagsunod.

"Ito ay isang napakagandang kuwento ng tagumpay," sabi ni Marcelino Tossen, dating pangulo ng Ushuaia district. "Ang mga kabataang ito ay nagpapakita ng magandang halimbawa sa mga miyembro ng Simbahan. Ang isa sa mga katangian nila ay sinusunod nila ang Panginoon, mga propeta, at kanilang mga lokal na lider, at sinusunod nila ang mga panghihikayat ng Espiritu. Pinagkakaisa ng katangiang ito ang mga kabataan dito sa Ushuaia district."

Gayunman, inaamin ni President Tossen na ang mga lokal na lider "ay matagal na pinagsikapang gawin ito sa buong district" bago nagbunga ang kanilang pagtuturo at pagpapayo tungkol sa kahalagahan ng kasal sa templo.

Sabi ni Roberto Ignacio Silva, Ushuaia district president, ang napansin daw niya matapos silang lumipat ng kanyang pamilya sa Ushuaia noong 2004 ay ang bilang ng nakauwi nang mga misyonerong binata pa at ng mga dalaga. Ang kanyang anak na si Gisela ay naging bahagi ng grupong iyon. Gusto raw ng mga young adult na makasal sa templo ngunit kailangan nila ng kaunting paghihikayat at patnubay.


"Sinabi ko sa kanila na kung gusto nating magkaroon ng makakasama sa kawalang-hanggan, hindi natin kailangang maghanap ng perpektong tao," sabi ni President Silva. "Ngunit kailangan nating manalangin at magpatulong sa Panginoon, at manatiling tapat sa Simbahan."

Bukod pa sa pagdaragdag ng mga aktibidad para sa mga young single adult—kabilang na ang mga fireside at aktibidad na kasama ang mga young single adult mula sa Rio Gallegos at iba pang lungsod sa hilaga—binigyang-diin ng mga lider ang kahalagahan ng panalangin, katapatan, at pagkamarapat. Hinikayat din nila ang mga young adult sa Ushuaia na magkaroon ng sapat na pananampalataya upang mapaglabanan ang kanilang mga pangamba.

### Walang-Wala Na Kami


"Ang isang malaking alalahanin ng mga kabataan dito ay kung paano sila makapag-aasawa kung kakaunti ang pera nila," sabi ni President Silva. "Naipaunawa namin sa kanila na hindi kailangang nasa atin ang lahat bago tayo mag-asawa."

Nakilala ni Ruth Rodríguez si Emanuel Silva nang patulungin silang dalawa sa pagbuo ng pinagsamang aktibidad ng mga young single adult ng district sa Rio Gallegos, mahigit 200 milya (320 km) patungong hilaga, noong Pebrero 2006. Inasam ng kaibigang humiling sa dalawa na magtulungan na magkasundo sila sa una pa lang nilang pagkikita. "Nangyari nga," paggunita ni Emanuel, na dalawang taon



***"Ang pinakamalaking pagpapala ng makasal sa templo ay ang kaligayahang nadarama ko sa pagkaalam na kami ay ibinuklod bilang isang walang-hanggang pamilya," sabi ni Ruth Silva, na nakalarawan sa gitna kasama ang kanyang asawang si Emanuel, at ang kanilang anak na si Banira. Itaas: Sina Ezequiel at Marina Frau, kasama ang kanilang anak na si Ailín. Ibaba: Sina Lucas at Gisela Romano, kasama ang kanilang mga anak na sina Benjamín at Rebeca.***

MGA LARAWANG KUHA NI MICHAEL R. MORRIS, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; BACKGROUND © ISTOCKPHOTO



nang nakauwi mula sa paglilingkod sa Arizona Tucson Mission.

Nang magpakasal sila ni Ruth makalipas ang anim buwan, ang kanilang paghahanda—sa espirituwal at sa temporal—ay nakatulong sa kanila upang madaig ang kanilang pangamba sa hinaharap.

"Nadama kong mahal ako ng aking Ama sa Langit at nais Niya akong magbuo ng sarili kong pamilya," sabi ni Emanuel tungkol sa mga sagot sa kanyang mga dalangin. "Nang itakda ko na ang mithiing iyon, ipinakita Niya sa akin ang daan at tinulungan akong makahanap ng mapapangasawa."

Idinagdag pa ni Ruth na ang mga mithiing itinakda nilang mag-asawa, kabilang na ang pagtatrabaho nang husto upang makaipon para makapunta sa templo, ay nakatulong sa kanila na sumulong. "Kung minsan ay may mga gusto kaming bilhin," wika niya, "pero sabi namin, 'Hindi, kailangan nating makaipon para makapunta tayo sa templo.' "

Naubos ang naipon nila sa pamasahe sa eroplano papunta at pauwi mula sa Buenos Aires Argentina Temple noong 2006. "Pagkatapos niyon ay walang-wala na kami," sabi ni Emanuel, na inuulit ang karaniwang sinasabi ng mga bagong kasal. Ngayon ay pinagtatawanan nila ni Ruth ang alaalang iyon, at nagpapasalamat na dahil sa kanilang pananampalataya ay nagkaroon sila ng "magandang karanasan" na mabuklod sa templo—isang karanasang pinakamahalaga pa rin sa kanila.

"Maaaring marami tayong pinangangambahan kapag iniisip nating mag-asawa," sabi ni Ruth. "Paano na ang mga bagay na wala tayo? Paano na ang kabuhayan natin? Paano na ang pagpapalaki ng mga anak? Ngunit kung masunurin tayo sa salita ng Panginoon, magpupunta sa templo, at magsisimula ng pamilya, hindi tayo kailangang mag-alala. Pagpapalain tayo ng Panginoon sa mga paraang hindi natin sukat-akalain."

### Hindi Ninyo Maipaplano ang Lahat

Nang mawalan ng trabaho si Ezequiel Agustín Frau sa pagsisimula ng taong 2006, halos dalawang taon na siyang nakauwi mula

sa kanyang misyon sa Colombia. Binata pa siya ngunit dama niyang wala sa Ushuaia ang mapapangasawa niya. Nagpasiya siyang magpunta sa templo upang humingi ng patnubay.

"Gusto kong makaugnay pang lalo ang Espiritu Santo, malaman ang kalooban ng Panginoon para sa akin, at humingi ng inspirasyon," wika niya. "Tinulungan ako ng templo na mahanap ito."

Nang makarating siya sa Buenos Aires pagkaraan ng tatlong-araw, 2,000-milya (3,200 km) sakay ng bus, nakituloy siya sa mga kaibigan at pagkatapos ay sa isang kamag-anak habang madalas na pumupunta sa templo. Ilang linggo pagkaraan paubos na ang pera ni Ezequiel at nag-iisip nang bumalik sa Ushuaia. Gayunman, nahanapan siya ng trabaho ng bishop doon, kaya't nagpasiya siyang huwag nang umalis.

Hindi nagtagal sa isang aktibidad sa Simbahan, nakilala ni Ezequiel ang isang dalagang nagngangalang Marina Mas. Nalaman nila na madaling kausapin ang isa't isa, at nakapalagayang-loob kaagad ni Ezequiel ang dalaga. Nang muli niyang makita si Marina sa isang aktibidad ng mga young single adult, may sinabi ang dalaga na hinangaan niya.

"Dapat tayong mamuhay na katulad ng taong gusto nating mapangasawa," paggunita ni Ezequiel na sinabi ni Marina nang pag-usapan nila ang tungkol sa mga mithiin.

Para kay Marina, matagal na niyang ipinagdarasal na makatagpo siya ng karapat-dapat na mapapangasawa. Marami siyang kilalang binata ngunit agad siyang humanga sa espirituwalidad ni Ezequiel.

Tinulungan ng isang kaibigan nila si Ezequiel na makahanap ng matitirhan na malapit sa kanyang trabaho, na noon ay tatlong oras ang biyahe sa bus mula sa kanyang tinutuluyan. Nagkataon na ang kanyang bagong apartment—sa isang lungsod na may 13 milyong katao—ay dalawang kanto lang ang layo mula sa bahay ni Marina.

"Hindi ko ipinlanong tumira nang dalawang kanto ang layo sa bahay niya," paggunita niya. "Ni hindi ko alam kung saan siya nakatira."

Ang pagkakalapit ng tirahan ay nagbigay ng sapat na pagkakataon kay Ezequiel na madalaw si Marina, na ang pamilya ay malugod siyang tinanggap. Ang pagtutugma ng mga pangyayari ay sagot sa kanyang mga dalangin.

Nagdeyt ang magkasintahan at hindi nagtagal ay nagsimula nang magplano tungkol sa kanilang kinabukasan. Matapos ikasal sa templo noong taglagas ng 2006, lumipat sila sa Ushuaia.

"Hindi natin palaging mauunawaan ang plano sa atin ng Ama sa Langit, at hindi natin maipaplano ang lahat,"





## ANG BANAL NA KONSEPTO NG KASAL

"Tunay na napakaganda ng kasal sa ilalim ng plano ng ating Ama sa Langit, isang planong inilaan ng Kanyang banal na karunungan para sa kaligayahan at seguridad ng Kanyang mga anak at pagpapatuloy ng lahi. . . .

"Tiyak na walang sinumang nagbabasa ng mga banal na kasulatan, kapwa noong unang panahon at ngayon, na mag-aalinlangan sa banal na konsepto ng kasal. Ang pinakamasarap sa buhay, ang pinakamagiliw at nakasisiyang tibok ng puso ng tao, ay naipapakita sa pagsasama ng mag-asawa na nananatiling dalisay at walang bahid-dungis sa kabila ng kasamaan ng mundo."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "What God Hath Joined Together,"** ***Ensign,*** **Mayo 1991, 71.**




ITAAS: LARAWANG KUHA NI GABRIEL J. PAREDES; LARAWAN NI PANGULONG HINCKLEY NA KUHA NI DRAKE BUSATH

sabi ni Ezequiel habang binabalikan ang nakaraan. "Ngunit maaari tayong sumunod at bigyan natin Siya ng pagkakataong pagpalain tayo."

### Napakagandang Magkaroon ng Pamilya

Sinabi ni President Tossen na ang isa sa pinakamagagandang pagpapalang hatid ng kasal sa templo sa Ushuaia ay na "paparating na ang araw na ang Simbahan ay pamumunuan ng mga anak na isinilang sa loob ng tipan. Lalaganap ang ebanghelyo dahil dito, at pagpapalain ng Panginoon ang Simbahan"—tulad ng pagpapala Niya sa matatapat na magkasintahang ikinakasal sa templo.

"Noong maliit pa ako at nagsasalita ang mga lider namin tungkol sa pag-aasawa, lahat ng kuwento ay masaya," sabi ni Ruth Silva. Natanto niya na ang "kaligayahan magpakailanman" ay kailangang pagsikapan, "ngunit dama ko na totoo ang mga kuwentong iyon. Ang pinakamalaking pagpapala ng makasal sa templo ay ang kaligayahang nadarama ko sa pagkaalam na kami ay ibinuklod bilang isang walang-hanggang pamilya."

Dahil sa halimbawa ni Marina ay nagpabinyag ang kanyang ama noong 2008 at pagkatapos ay dinala nito ang kanyang pamilya sa templo, kung saan ibinuklod sila pagkaraan ng isang taon.

"Ang pinakagusto kong pagpapala, bukod pa sa pagpapalaki sa aking mga anak sa ebanghelyo, ay ang kagalakan at kapayapaan sa aking puso sa pagkaalam na nasunod ko ang nakapagliligtas na ordenansa ng kasal na walang hanggan," dagdag pa ni Lucas Romano. "Ang makasama ang aking asawa at mga anak ay nagpapasariwa sa kaligayahang iyan. Gaya ng gumugulong na snowball, patuloy ito sa paglaki. Araw-araw lalo akong nagpapasalamat sa Panginoon na nag-asawa ako at nagsimula ng pamilya."

Dagdag pa ni Marina Frau, "Napakagandang magkaroon ng pamilya. Mahirap kung minsan dahil napakaraming dapat matutuhan, pero napakaganda nito." ■

***"Kung gusto nating magkaroon ng makakasama sa kawalang-hanggan, hindi natin kailangang maghanap ng perpektong tao. Ngunit kailangan nating manalangin at magpatulong sa Panginoon, at manatiling tapat sa Simbahan," sabi ni Roberto Ignacio Silva, Ushuaia district president, sa mga young adult, na karamihan (nakalarawan sa itaas) ay sinunod ang payong ito at ikinasal sa Buenos Aires Argentina Temple.***



**Ni Julie B. Beck**
Relief Society General President

# Kasaysayan ng Relief Society:

## ISANG SULYAP SA MITHIIN NG PANGINOON PARA SA KANYANG MGA ANAK NA BABAE

*Bilang mga anak na babae ng Diyos na naghahangad ng buhay na walang hanggan, makasusulong tayo nang may tiwala na nabigyang-inspirasyon ng mga halimbawa ng mga taong nauna sa atin.*

Nang tawagin kami bilang bagong Relief Society general presidency, binigyan kami ng kasaysayan ng Relief Society na pag-aaralan. Mapanalangin naming ginawa ito, na inaalam kung ano ang nais ng Panginoon na aming matutuhan at pagkatapos ay gawin dahil sa pag-aaral na iyon. Nahayag sa aming pag-aaral ang isang pamanang sagana sa espirituwal na lakas at kontribusyon ng kababaihang Banal sa mga Huling Araw. Kahanga-hangang talaan ito ng mga pakikitungo ng Panginoon sa Kanyang mga anak na babae at ng mga inaasahan Niya sa kanila. Sa pamamagitan ng aming pag-aaral at sa inspirasyong kaakibat ng pagsisikap na iyon, nalaman namin ang mga layunin ng Relief Society. Nalaman namin na sa paghahanda natin para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan, nais ng Panginoon ang Kanyang mga anak na babae na *pag-ibayuhin ang pananampalataya at personal na kabutihan, patatagin ang mga pamilya at tahanan, at hanapin at tulungan ang mga nangangailangan*. Kapag mapanalanging binasa ng kababaihan ngayon ang kanilang kasaysayan, tatanggap sila ng mga ideya, sagot, at inspirasyon tulad namin.

Umaasa kami na kapag pinag-aralan natin ang kasaysayan at gawain ng Relief Society ay makita natin kung paano tinulungan ng ating Ama sa Langit ang kababaihan noong araw. Habang nalalaman natin kung paano Niya sila tinulungan, magtatamo tayo ng patotoo na tutulungan din Niya tayo ngayon. Malalaman natin na kung nagabayan ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang isang babae mahigit isandaang taon na ang nakalilipas, magagawa rin Niya ito sa kababaihan sa ating panahon.

Si Sister Eliza R. Snow, ang ating pangalawang Relief Society general president, ay isang matatag at tapat na lider noon. Naunawaan niya na ang Espiritu ay "nagbibigay-kasiyahan at pumupuno sa bawat inaasam ng puso ng tao, at pumupuno sa bawat kahungkagan." Sa iba't ibang panahon sa kanyang buhay, nahirapan siya dahil sa mahinang katawan at kalumbayan. Gayunman, siya ay pinalakas, at nakatanggap siya at kumilos ayon sa personal na paghahayag. Para sa kanya, ang personal na paghahayag at palagiang patnubay ng Espiritu ay parang bukal. Sabi niya, "At hindi nga ba't pribilehiyo nating mamuhay sa paraan na palagian itong dadaloy sa ating kaluluwa?"[1]

Ang mga halimbawang tulad nito sa ating buong kasaysayan ay nagpapaalala sa atin na ang kakayahang tumanggap at kumilos ayon sa personal na paghahayag ang pinakamahalagang kasanayang makakamit natin sa buhay na ito. Hindi tayo mabibigo kapag mayroon tayo nito; kung wala tayo nito hindi tayo magtatagumpay.

### Ang kasaysayan ng Relief Society ay mahalaga sa kababaihan sa buong mundo ngayon.

Inihahayag ng ating kasaysayan ang mahabang hanay ng matatatag, mabubuti, matatapat, at dedikadong kababaihan. Ang pamanang ito ay nagsimula kay Eva, at ang mga kuwento ng kababaihang ito ay para sa bawat isa sa atin at nagbibigay sa atin ng pananaw para sa ating hinaharap. Kung ipagpapatuloy natin

*SI MARIA AT ANG NABUHAY NA MAG-ULING PANGINOON*, NI HARRY ANDERSON; LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY

## *Pag-ibayuhin ang Pananampalataya at Personal na Kabutihan*



huwaran sa kanilang mga karanasan sa buhay na ito. Sa bawat bansa, matatagpuan ang isang pamana ng pananampalataya sa kababaihang tumulong na maitatag ang Simbahan at mapalakas ang mga tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ikinuwento ni Silvia H. Allred, unang tagapayo sa Relief Society general presidency, ang kanyang inang si Hilda Alvarenga, na tinawag na maglingkod bilang Relief Society president sa isang branch sa El Salvador nang mabinyagan sa edad na mga 30 anyos. Sinabi niya sa branch president na wala siyang karanasan, hindi siya handa, at wala siyang kakayahan. Ngunit tinawag pa rin siya ng branch president. Habang naglilingkod, natuto siyang mamumo at nagkaroon ng mga bagong kaloob, gaya ng pagtuturo, pagsasalita sa publiko, at pag-oorganisa ng mga pulong, aktibidad, at proyektong pangserbisyo. Tinulungan niya ang iba sa branch na maging mga tagapagtayo ng kaharian.[2] Ngayon, tulad noong nakaraan, umaasa ang Ama sa Langit na mamumuno ang Kanyang mga anak na babae sa bawat ward o branch. Ang kababaihang tulad ni Hilda Alvarenga ay nagiging mga pioneer at huwaran ng susunod na mga henerasyon.

### Matutulungan ng kasaysayan ang kababaihan sa ngayon, na maraming alalahanin sa buhay.

Sa paglalakbay naming presidency sa buong mundo, napuntahan namin ang mga tahanan ng kababaihan. Nakita namin ang kanilang mga paghihirap at alam namin ang matitinding problemang kinakaharap nila. Maraming kababaihang nagugulumihanan. Ang ilan sa kanila ay nahihirapang mag-ukol ng panahon na manalangin at mag-aral ng banal na kasulatan araw-araw at gumawa ng mga bagay na magpapadama ng Espiritu sa kanilang buhay. Nabubuhay tayo sa mga panahon na nag-iibayo ang mga hamon at nalilibutan tayo ng mga paniniwala at kaugaliang maaaring maglayo sa atin sa walang-hanggan nating mithiin. Dahil tayong kababaihan ay napakalaki ng impluwensya sa mga nakapaligid sa atin, kailangan nating gawin ang lahat sa abot ng ating makakaya upang manatili tayong matatag sa espirituwal.

ang pamanang ito ng mabubuti at dedikadong kababaihan, iyon ay dahil nakasalig tayo sa kanilang nagawa. Sa pag-aaral natin ng kasaysayan natututuhan natin na may lakas at malaking kakayahan ang kababaihan ng Simbahan, na nagmumula sa kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang pananampalatayang ito ang nagbigay sa kababaihan ng kakayahang gumawa ng mga tamang pasiya at madaig ang mga hamon at paghihirap. Ito ang dahilan kaya nagawa nilang pag-alabin ang kanilang pananampalataya at ang kapangyarihan ng kanilang mga tipan upang maging



## *Patatagin ang mga Pamilya at Tahanan*

Tinutulungan tayo ng kasaysayan ng ating Relief Society na magtuon sa mahalaga at iprayoridad ang ginagawa natin. Araw-araw tayong binibigyan ng pagkakataong magpasiya na magpapaibayo sa ating pananampalataya at magpapatatag sa ating pamilya. Mahigit 60 taon na ang nakalilipas, hiniling ni Belle S. Spafford, ang ating ikasiyam na Relief Society general president, sa kababaihan na isaalang-alang ang kanilang mga kinawiwilihan, suriin ang kanilang mga aktibidad, at simplihan ang kanilang buhay sa paggawa ng mga bagay na talagang magtatagal, para maalis sa kanila ang di-gaanong makabuluhang mga aktibidad.[3] Ang kanyang payo ay mahalaga pa rin ngayon. Ang pag-aaral ng ating kasaysayan ay tinutulungan tayong magkaroon ng pananaw na kailangan natin upang manatili tayong nakatuon sa mahahalagang bagay na magpapala nang walang hanggan sa ating buhay.

**Ang pagpapaibayo ng pananampalataya, pagpapatatag sa mga pamilya, at paglilingkod sa iba ay mahalaga pa rin ngayon tulad noong maorganisa ang Relief Society.**

Itinuturo sa atin ng ating kasaysayan na ang malakas na pananampalataya ay isang puwersang nagtutulak at nagpapatatag sa buhay ng mabubuting kababaihan. Ang pananampalataya sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay hindi lamang nagpapagaling sa atin, kundi dahil dito ay nagagawa rin natin ang mahihirap na bagay at nagiging huwaran ang ating pamumuhay. Itinuturo sa atin ng ating kasaysayan na ang pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, na hindi kailanman nagkukulang, ay nakatutulong sa kababaihan na payapang magtiis sa kabila ng ilang napakahirap na pagsubok. Napag-iibayo natin ang ating pananampalataya at sariling kabutihan kapag nagpapasiya tayong iayon ang ating kalooban sa kalooban ng Diyos. Sa paggawa nito, nadarama natin ang kapayapaan. Kapag sumalungat tayo, sinusurot tayo ng ating budhi. Iyan ang Espiritung nagsasabi sa atin na kailangan nating magsisi at muling iayon ang ating sarili sa kalooban ng Diyos. Ang pagsisisi ay isang alituntuning araw-araw nating ginagamit upang manatiling matatag sa espirituwal.

Nalaman natin mula sa ating kasaysayan na ang matatatag na pamilya ay hindi nagkataon lamang. Ang pagsunod sa plano ng Panginoon nang tumpak, may wastong hangarin, at determinasyon ay isang sadyang pasiya na puno ng pananampalataya sa mundo sa ngayon. Ito ay isang puno ng pananampalataya at mapagkawanggawang paglilingkod na palakasin ang mga nakapaligid sa atin at pangalagaan ang lahat ng pamilya.

Ang ating kasaysayan ay puno ng ulirang kababaihang sumunod sa utos na "bigyang-ginhawa ang mga maralita" at "iligtas ang mga kaluluwa."[4] Si Amy Brown Lyman ay naglingkod bilang ikawalong Relief Society general president noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pinayuhan niya ang kababaihan na palakasin ang kanilang pananampalataya at magtiis. Ibinaling niya ang kanilang tuon sa layuning gawing ligtas na lugar at iprayoridad ang kanilang tahanan sa kanilang buhay.[5]

Sa pagpasok sa Relief Society, bawat babae ay nagiging bahagi ng isang malaking kapatiran ng kababaihan sa buong mundo, na nagkakaisa sa pagiging disipulo. Ito ay kapag nagsimula siyang makilahok sa iba na determinado ring tuparin ang kanilang mga tipan at ibigay ang lahat ng mayroon sila sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon.

MGA PAGLALARAWAN NINA MATTHEW REIER AT HOWARD COLLETT

# *Hanapin at Tulungan ang mga Nanganga-ilangan*



**Ipinauunawa sa atin ng ating kasaysayan ang hindi maihihiwalay na kaugnayan natin sa priesthood.**

May mahalagang gawain ang Panginoon para sa Kanyang mga anak na lalaki at babae. Ginagawa ng mga korum ng priesthood at Relief Society ang gawain ng Panginoon. Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Isasaayos ko ang kababaihan sa ilalim ng priesthood ayon sa pagkakaayos ng priesthood."[6]

Ngayon tulad noon, ang Relief Society president ay kumikilos sa ilalim ng pamamahala ng bishop o branch president, na mayhawak ng mga susi ng priesthood na mamuno sa ward o branch.

Sabi ni Barbara W. Winder, ang ating ika-11 Relief Society general president, "Gustung-gusto ko, at labis kong hangad, na magkaisa tayo, kasama ang priesthood, sa paglilingkod at pagtatayo ng kaharian ng Diyos ngayon."[7]

Bukod pa rito ay mahalagang malaman na matatanggap ng bawat babae ang lahat ng ordenansa ng kaligtasan at makagagawa ng mga tipan para makaya niyang gampanan ang kanyang misyon dito sa lupa at sa kawalang-hanggan. Bawat babae ay maaaring makasama palagi ang Espiritu Santo upang siya ay gabayan, panatagin, at pagtibayin ang kanyang mabubuting gawa. Matatanggap din niya ang mga espirituwal na kaloob na nagpapahusay sa kanyang kakayahang mamuhay nang may tiwala at proteksyon. Itinuturo sa atin ng ating kasaysayan kung paano ginamit ng kababaihan noong araw ang mga pagpapalang ito.

**Ang kaalaman tungkol sa ating kasaysayan ay naghahanda sa atin para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan.**

Nalaman natin noong araw na ang kababaihan ng Relief Society ay dumanas ng hirap, ngunit ngayon ay nakikipaglaban din tayo sa isang determinadong kaaway na gustong sirain ang ating pananampalataya at pamilya at iwan tayong nag-iisa at nagdurusa. Ang kasaysayan ng ating Relief Society ay naglalaan ng konteksto para sa lahat ng ating ginagawa. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, pinatulong ng Tagapagligtas ang kababaihan ng dispensasyong ito sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain.

Nalaman natin sa ating kasaysayan kung sino tayo at ang ating mahalagang papel sa plano ng ating Ama sa Langit. Hindi natin maaaring ipaako sa iba ang ating mga responsibilidad. Dahil tayo ay kilala at mahal ng ating Ama sa Langit, tutulungan Niya tayo kapag hinangad nating iayon ang ating kalooban sa Kanyang kalooban. "Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20). ■

**MGA TALA**


1. Eliza R. Snow, sinipi sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), kabanata 4.
2. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, kabanata 6.
3. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, paunang salita.
4. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, kabanata 2.
5. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, kabanata 5.
6. Joseph Smith, sinipi sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, kabanata 2.
7. Barbara W. Winder, sinipi sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, kabanata 8.

# NATUPAD ANG KANYANG PANGAKO

Sa isang pinagsamang pulong ng priesthood at Relief Society noong 2009, ipinaliwanag ng aming high priests group leader ang hangarin ng aming stake presidency na magdala ang bawat miyembrong nasa hustong gulang ng isang pangalan ng pamilya sa templo sa loob ng isang taon. Nagpasimula siya ng mga stake at ward program upang makamtan ng mga miyembro ang mithiing iyon. Sa kanyang pagtatapos, nangako siya bilang isang awtoridad na may responsibilidad sa family history program na kung susubukan naming abutin ang mithiin ng stake, magtatagumpay kami.

Pagkatapos ng pulong pinag-usapan naming mag-asawa ang pangako at nagkasundong hindi iyon angkop sa akin; gumugol na kami ng 40 taon sa pagsasaliksik sa bawat angkan ng aking family tree. Mahirap hanapin ang mga ninuno ko, at walang kaming nagawang makabuluhan sa loob ng ilang taon. Naniwala kami na wala nang magagawa pa. Gayunpaman, paulit-ulit na pumasok sa isipan ko ang pangako ng group leader sa sumunod na ilang araw. Nagpasiya akong subukan ang kanyang pangako. Habang nakatingin sa aking pedigree chart, sinikap kong isipin kung ano ang magagawa ko.

Pagkaraan ng tatlong araw ng matamang pag-iisip, nagkaroon ako ng inspirasyong tingnan ang isang partikular na lugar para makakuha ng impormasyon tungkol sa isang tao sa dulo ng pedigree chart ko. Wala pang kalahating araw ng pagsasaliksik sa Internet, natuklasan ko na may isa pang lalaking nagsaliksik sa apelyidong iyon sa isang English parish. Isa sa mga pinakahuling pangalang nakita niya ay ang taong nasa dulo ng tsart ko. Gamit ang datos niya, nadugtungan ko pa ang aking angkan ng limang henerasyon—pabalik sa taong 1650—at naisama ko ang apelyido sa pagkadalaga ng ilang kababaihan sa aking angkan at ang mga pangalan ng ilang kapatid. Nagulat kaming mag-asawa at labis na natuwa.



***Pagkaraan ng tatlong araw ng matamang pag-iisip, nagkaroon ako ng inspirasyong tingnan ang isang partikular na lugar para makakuha ng impormasyon tungkol sa isang tao sa dulo ng pedigree chart ko.***

Kalaunan nagsimula akong maghanap ng impormasyon sa Internet tungkol sa lolo ng lolo ko na tila nawala. Matapos ang kaunting pagsasaliksik, natagpuan ko siya. Natuklasan ko na lumipat siya mula Pennsylvania, USA, papuntang Wisconsin, USA, pagkamatay ng kanyang unang asawa. Sa nakuhang impormasyon mula sa mga talaan ng Wisconsin, nakapagdagdag ako ng mahigit 400 pangalan sa aking family history.

Kalaunan natuklasan ko ang 100 ninunong lumaban sa Rebolusyon at Giyera Sibil ng Amerika. Nakatunton ako ng anim na henerasyon hanggang 1600s.


Sa nakaraang 40 taon ng aking pagsasaliksik, nakapagtala ako ng mga 65 pangalan sa pedigree chart ko at halos 3,000 pangalan sa database ko. Sa loob ng 20 buwan matapos mangako ang high priests group leader namin, nakapagdaga ako ng mahigit 70 pangalan sa tsart at mahigit 17,000 pangalan sa database, kabilang na ang dalawang pangulo ng Estados Unidos!

Sinabi sa atin ng Panginoon na ang Kanyang salita ay “matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38). Tunay na ang pangako ng Ama sa Langit, na ibinigay sa pamamagitan ng inspirado at awtorisadong lider ng priesthood, ay natupad. ■

Ted Bainbridge, Colorado, USA

MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

## NANGUSAP ANG ESPIRITU SA PAMAMAGITAN KO



*Nakinig sandali ang babae at pagkatapos ay biglang bumaling sa akin at sinabing, "Ano ang masasabi mo?"*

Nang matanggap ko ang tawag na maglingkod sa France Toulouse Mission, natuwa akong makapaglingkod sa ibang bansa at matuto ng bagong wika. Kahit hindi ako nakapag-aral ng French, tiwala ako noon na madali kong matututuhang salitain ang wikang iyon.

Binasbasan ako ng aking stake president ng kaloob na mga wika nang italaga niya ako bilang misyonero. Nakaragdag ang basbas na ito sa tiwala ko na mabilis akong matututong magsalita ng French.

Pagdating ko sa missionary training center sa Provo, Utah, sabik na akong magsimula, ngunit napakumbaba ako noong nasa MTC ako. Nahirapan ako sa pag-aaral sa araw-araw. Nang lisanin ko ang MTC, pakiramdam ko ay kakaunti ang natutuhan kong French. Inisip ko kung kailan darating ang kaloob na mga wika.

Ang unang atas ko sa misyon ay sa isang munting bayan sa katimugang France. Isang hapon, ilang araw pa lang ako roon, naghahanap kaming magkompanyon ng matuturuan sa mga nakakasalubong namin sa daan. Wala akong masyadong nasabi nang kausapin namin ang mga tao—hindi ko sila maintindihan, at hindi nila ako maintindihan.

Nilapitan namin ang isang babae, at nagsimulang magkuwento sa kanya ang kompanyon ko tungkol sa Simbahan. Nakinig sandali ang babae at pagkatapos ay biglang bumaling sa akin at sinabing, "Ano ang masasabi mo?"

Nababahala at desperadong sinikap kong alalahanin ang isang bagay na natutuhan ko. Sa nanginginig na tinig, nagbigay ako ng simpleng patotoo tungkol sa Ama sa Langit at sa Aklat ni Mormon. Nang gawin ko iyon, pinatotohanan sa akin ng Espiritu na ang sinabi ko ay totoo. Hindi ko alam kung may naramdaman ang babae, pero ngumiti siya, muling bumaling sa kompanyon ko, at ipinatuloy rito ang kanyang mensahe.


Natuto ako ng mahalagang aral sa karanasang ito. Nalaman ko na kahit hindi ako mahusay magsalita ng French, maaaring mangusap ang Espiritu sa pamamagitan ko. Nalaman ko na marahil ang basbas na natanggap ko mula sa stake president ko ay totoong isang basbas na makapagsalita sa wika ng Espiritu.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "May isang wika . . . na karaniwan sa bawat misyonero—ang wika ng Espiritu. Hindi ito natututuhan mula sa mga aklat na isinulat ng mahuhusay na tao, ni hindi ito nakukuha sa pagbabasa at pagsasaulo. Ang wika ng Espiritu ay dumarating sa taong buong pusong naghahangad na makilala ang Diyos at sundin ang Kanyang mga banal na utos. Ang kahusayan sa wikang ito ay nagtutulot sa isang tao na malampasan ang mga balakid, madaig ang mga hadlang, at maantig ang puso ng tao" ("The Spirit Giveth Life," *Liahona,* Hunyo 1997, 4).

Makalipas ang ilang taon, may impluwensya pa rin sa akin ang karanasang ito. Hindi ko na kailangang ipangaral ang ebanghelyo sa wikang French, pero kailangan ko ang tulong ng Espiritu kapag hinihilingan akong magturo ng isang aralin o magsalita sa simbahan. Kapag nahihirapan akong sabihin ang gusto kong sabihin, napapanatag ako sa pag-alaala na ang maaaring mangusap ang Espiritu sa puso ng lahat ng anak ng Diyos. ■

Christy Rusch Banz, Utah, USA

*Ang aming kasal ay isang bagay na lagi kong itatangi at kapapalooban ng kuwentong hinding-hindi ko malilimutan.*



# SARADO ANG TEMPLO!

Ang kasal namin sa templo ay itinakda noong Hulyo 7, 2009—isang petsang sabik naming inasam. Dahil lumaki kami malapit sa Aba Nigeria Temple, nasiyahan kami na kahit lumipat kami, maraming kaibigan at kapamilya na nakatira pa rin sa lugar ang makakasama namin sa templo o kaya'y sa handaan.

Dumating kami sa Aba pagkaraang maglakbay nang mahigit anim na oras mula Lagos at ginawa namin ang huli naming mga paghahanda para sa aming pagbubuklod at handaan. Ngunit tatlong araw bago ang nakatakda naming kasal, sinabihan kami na hindi inaasahang isinara amg templo at ipapaaalam na lang kung kailan ito muling bubuksan. Nalungkot kami at nag-alala. Walang makapagsabi sa amin kung kailan muling bubuksan ang templo, na isinara dahil sa kaguluhan sa lugar. Nanlulumong sinabi namin sa mga kaibigan at pamilya na ipinagpaliban ang aming pagbubuklod, at malungkot kaming nagbalik sa Lagos nang hindi nalalaman kung kailan maaaring itakdang muli ang aming pagbubuklod sa templo.

Pagbalik namin sa Lagos, ipinagdasal namin nang taimtim ang muling pagbubukas ng Aba Nigeria Temple. Isang linggo ang lumipas na walang anumang balita tungkol sa muling pagbubukas nito. Parang isang taon ang isang linggong ito sa amin. Inasam namin ang aming kasal sa templo at pagdiriwang kasama ang mga kaibigan at pamilya sa lalong madaling panahon.

Sa paglipas ng panahon na walang balita tungkol sa muling pagbubukas nito, nadama namin na dapat kaming mag-isip ng ibang paraan. Dahil ang Aba Nigeria Temple lang ang templo sa Nigeria, natanto namin na kakailanganin naming maglakbay patungong Accra Ghana Temple kung gusto naming magpabuklod kaagad. Sa kasamaang-palad, wala kaming panggastos sa paglalakbay. Ngunit noon pa namin planong makasal sa templo, at alam namin na dapat kaming tumuloy.

Nanghiram kami ng pera sa pamilya at mga kaibigan, kumuha ng international passport, tumawag sa Accra Ghana Temple para magtakda ng petsa, at bumili ng mga tiket sa eroplano patungong Ghana.

Dumating kami sa Accra noong Agosto 14, 2009, at nagtungo sa templo kinabukasan. Sa sealing room, tanging ang tagapagbuklod sa templo at dalawang saksi lamang ang kasama namin. Wala kaming kasamang mga kaibigan, kapamilya, at sinumang kilala namin. Ngunit kahit nasa isang bansa kami na hindi pamilyar, sa isang lugar na malayo sa aming tahanan, alam namin na kami ay nasa lugar na dapat naming kalagyan, ginagawa ang dapat naming gawin. Sa sandaling iyon, nadama namin ang mga kapangyarihan ng kawalang-hanggan at naunawaan nang mas malinaw ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa amin at para sa lahat ng Kanyang anak.

Ang malungkot, namatay ang aking asawa noong 2010 matapos isilang ang aming unang anak. Labis akong nangungulila sa kanya ngunit napapanatag ako nang husto dahil alam ko na nabuklod kami sa templo. Walang hanggan ang pasasalamat ko na hindi namin ipinagpaliban ang aming kasal sa templo sa paghihintay kung kailan kami makaluwag. Ang aming kasal ay isang bagay na lagi kong itatangi at kapapalooban ng kuwentong hinding-hindi ko malilimutan. ■

Chinedu Enwereuzo, Lagos, Nigeria

# MAKAKAHANAP BA AKO NG TRABAHO?

Tinitigan ko ang nakatuping perang hawak ko nang matanto ko na kailangan ko pang magbayad ng ikapu sa perang kinita ko sa huling linggo ng summer job ko. May babayaran akong 90 rands (pera sa South Africa) sa ikapu, at may R100 ako.

Kasisimula ko pa lang sa huling taon ko ng pag-aaral ng medisina at marami akong gastusin sa eskuwela. Nakaupo ako roon na nilalaru-laro sa kamay ko ang R100, at iniisip ang pagbabayad ng ikapu. Natapos na ang summer job ko, at malamang ay hindi ako makahanap ng trabahong aakma sa abala kong iskedyul. Gayunman, tinuruan ako ng mga magulang ko na magbayad ng buong ikapu. Sa Panginoon ang perang ito, at alam ko iyon. Habang iniisip iyon, inilagay ko ang pera sa sobre at binayaran ko ang aking ikapu.

Nang sumunod na mga araw, habang naghahanap ako ng trabaho, ipinagdasal kong mabuksan sa akin ang mga dungawan ng langit. Kailangan ko ng trabahong aakma sa iskedyul ko, malaking magpasuweldo sa kaunting oras, at bibigyan pa rin ako ng oras na makapag-aral. Sa madaling salita, kailangan ko ng himala.

Pagkaraan ng dalawang linggo iminungkahi ng isang kaibigan na magaplay ako ng trabaho sa ospital kung saan kabubukas pa lang ng aming paaralan sa medisina ng isang bagong palapag para sa edukasyon. Naglakad ako papunta sa opisina at kumatok sa pinto. Natandaan ako ng babaeng nasa loob, na nagturo sa klase namin dalawang taon na ang nakaraan.

"Baka po naghahanap kayo ng mga bagong tutor para sa bagong program ninyo," sabi ko. "Kung naghahanap po kayo, ako na po ang kunin ninyo."


"Naghahanap nga kami," sagot ng babae. "Naghahanap kami ng isang magtuturo sa isang grupo ng second-year medical students nang isang oras tuwing hapon. Makapagsisimula ka kahit anong oras at ibang pasyente ang pag-aaralan mo bawat araw at pagkatapos ay tuturuan mo ang mga estudyante. Magagawa mo ba iyan?" tanong niya.

Tinulungan ako ng Panginoon na makahanap ng trabahong siyang kailangan ko! Iyon ang sagot sa aking dalangin.

Matapos magtrabaho nang isang buwan, nalaman ko kung gaano ako kapalad. Nakita ko sa paycheck ko na sinusuwelduhan ako buwan-buwan ng tatlong doble pa kaysa akala ko. Bukod pa rito, binayaran ang bakasyon ko.


Binuksan ng Panginoon ang mga dungawan ng langit at ibinuhos sa akin ang mga pagpapalang lalong higit pa sa inasahan ko. Bunga nito, lumakas ang pananampalataya ko sa alituntunin ng ikapu. ■



Greg Burgoyne, South Africa



***Kailangan ko ng trabahong aakma sa iskedyul ko, malaking magpasuweldo sa kaunting oras, at bibigyan pa rin ako ng oras na makapag-aral. Sa madaling salita, kailangan ko ng himala.***

# KATAPANGANG MAGLINGKOD



*Hiniling ng mga makabagong propeta sa bawat karapat-dapat at may kakayahang binata na maglingkod sa full-time mission at malugod na tinanggap ang paglilingkod ng mga dalaga. Ang mga young adult sa buong mundo ay tumutugon sa tawag na ito na maglingkod, ngunit ang pagsunod sa propeta ay nangangailangan ng pananampalataya at katapangan. Sa sumusunod na mga kuwento, ibinahagi ng mga nakauwi nang misyonero kung paano sila nakahanap ng lakas na madaig ang mga balakid na dumarating sa pagpapasiya at paghahandang maglingkod sa misyon.*

## PANININDIGAN SA AKING DESISYON

Noong mag-21 anyos ako, nakadama ako ng mga panghihikayat na magmisyon. Hindi ko kailanman ipinlanong magmisyon, kaya't hindi ko akalaing maisip ko ito. Hinikayat ako ng aking priesthood leader na ipagdasal ito, at ginawa ko iyon.

Napakalinaw ng sagot sa akin: alam kong gusto ng Diyos na magmisyon ako. Noong una ay sabik akong maglingkod, pero mas mahirap palang umalis papuntang misyon kaysa inakala ko.

Hindi naintindihan ng boss ko kung bakit ako mawawala nang 18 buwan, at ayaw niya akong bigyan ng panahong makapaghanda sa pag-alis ko. Binigyan niya ako ng ultimatum: "Magtrabaho ka o huwag na lang. Ikaw ang magpasiya." Kahit takot akong mawalan ng trabaho sa mga huling linggo bago ako nagmisyon, pinili kong magbitiw sa trabahong iyon.

Kumplikado rin ang pagkumpleto ng mga pangangailangang medikal. Ang doktor ko sa bayan kong Russia ay hindi pa kailanman nakakita ng mga dokumentong medikal ng Simbahan para sa misyonero at tumanggging pirmahan ang mga ito.

Dahil sa mga balakid na tulad nito, naisip ko kung talagang tama ang naging pasiya ko. Ilang beses nang muntikang magbago ang isip ko. Ngunit sa mga sandaling iyon ng pag-aalinlangan, naalala ko ang sagot na natanggap ko sa aking dalangin at napanindigan ko ang desisyon kong maglingkod. Kalaunan, nakahanap ako ng mga solusyon dito at sa iba pang mga hamong nakaharap ko.

Tinawag akong maglingkod sa Russia St. Petersburg Mission. Ang unang ilang buwan sa misyon ay hindi naging madali. Ngunit dahil sa natutuhan ko sa pagharap sa mga balakid noong naghahanda akong maglingkod, nagawa kong harapin ang mga hamon sa aking misyon. Ang misyon ko—at ang mga hirap na dinanas ko sa paghahanda para dito—ay nagturo sa akin na magagawa ko ang mahihirap na bagay sa tulong ng Panginoon.

**Elena Ogneva Anderson, Utah, USA**

KANAN: PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND





# KANYA ANG BUHAY KO

Noong mag-18 anyos ako, maraming miyembro sa aking ward at stake ang nagsabi sa akin na dapat akong magmisyon. Kahit noon pa man ay plano ko nang magmisyon, ayaw ko ng pinipilit ako.

Hindi nagtagal at nagsimula ako sa unang taon ko sa kolehiyo. Dahil masipag akong mag-aral, nabigyan ako ng scholarship kaya nakapag-aral ako sa Germany. Ang Germany ay ibang-iba sa sinilangan kong bayan ng Mexico, pero inalam ko ang kultura at mabilis kong natutuhan ang kanilang wika.

Kalaunan inalok ako ng permanenteng trabaho sa isang kilalang kumpanya sa Europa. Ang pagmimisyon ay biglang naging tila isang tungkulin sa halip na hangarin. Inisip ko na maaari kong tanggapin ang trabahong ito at tamasahin ang tagumpay sa mundo.

Isang araw na umuulan ng niyebe naglakbay ako sa lungsod ng Heidelberg kasama ang kaibigan kong si Melanie. Makalipas ang ilang oras, natakpan na ng niyebe ang lansangan, at inantok kami. Mga 65 milya (105 km) ang takbo namin bawat oras nang lumagpas kami sa pulang ilaw at sumalpok sa isang bus.

Pagkagising ko, nakita ko ang pulis, ang ambulansiya, at si Melanie, na umiiyak. Wasak ang kotse, at nasa loob pa rin ako nito. Naiyak ako nang matanto ko kung gaano kami kapalad na buhay pa rin kami. Nagsimula akong magdasal at magpasalamat sa aking Ama sa Langit na tinulutan Niya kaming makaligtas,

pero nakadama ako ng panibagong pangamba—hindi ko maigalaw ang mga binti ko.

Patungong ospital, narinig kong sinabi ng mga narses na kung napinsala ang gulugod ko, malamang ay hindi na ako muling makalakad. Taos-puso akong nagdasal sa aking Ama sa Langit. Una ay pinasalamatan ko Siyang muli na tinulutan Niya akong makaligtas, na natatanto na hindi akin ang buhay ko. Pagkatapos ay ipinangako ko sa Kanya na, "Kung magiging maayos ang mga paa ko at makakalakad ako, magmimisyon ako nang buong puso ko't isipan."

Makalipas ang apat na oras sa ospital, maganda ang kinalabasan ng pagsusuri sa akin: makakalakad akong muli. Hindi na ako nagalinlangan pa tungkol sa pagmimisyon. Sa halip ay nakadama ako ng matinding hangaring ibahagi ang aking patotoo na ang Diyos ay buhay, na Siya ang ating Ama sa Langit, at makagagawa Siya ng mga himala sa ating buhay.

Pagkatapos ng karanasang iyon ipinasiya kong huwag tanggapin ang inialok sa aking trabaho. Alam ko na ang aking oras at lahat ng mayroon ako ay sa Panginoon. Bakit hindi ko ibigay sa Kanya ang ilan sa oras na iyon at paglingkuran siya nang dalawang taon?

Nang makatapos ako sa pag-aaral, tinawag akong maglingkod sa Frankfurt, Germany. Sa aking misyon pinatotohanan ko ang aking Ama sa Langit. Alam ko na Siya ay buhay, na Siya ang aking Ama, at pinoprotektahan Niya ako. Ibinigay Niya sa akin ang aking buhay, at lalagi itong Kanya.

Mahonry Gonzalez, Morelos, Mexico



# NAGBAGO ANG ISIP KO


Ako ay 21 taong gulang noon at kasosyo sa isang beauty salon. Nagturo ako sa klase ng Primary sa simbahan. Maganda ang buhay ko, pero balisa ako. Tila may ibang bagay na kailangan kong gawin—hindi ko lang alam kung ano.

Tinawag ako ng bishop ko sa opisina niya isang araw ng Linggo at tinanong ako kung naisip ko nang magmisyon. Nabigla ako. Dalawang taon pa lang akong miyembro ng Simbahan at hindi ko naisip magmisyon kahit kailan.

Sinabi ko sa bishop na palagay ko ay hindi akma sa akin ang misyon. Habang palabas ako ng kanyang opisina, sinabi niya, "Kung magbago ang isip mo, ipaalam mo sa akin." Akala ko tapos na ang usapan, ngunit nagpabalik-balik ang mga salita ng bishop sa isip ko.

Tinanong ko sa sarili kung posible akong magmisyon. Ako lang ang miyembro ng Simbahan sa pamilya ko. Ano ang madarama ng pamilya ko? Ano ang gagawin ko sa parte ko sa beauty salon? Kakayanin ko bang maglingkod nang isa't kalahating taon?

Habang pinag-iisipan ko ang mga tanong na ito, nahikayat akong basahin ang Aklat ni Mormon. Dinampot ko ito at binuklat sa ikawalong kabanata ng Alma. Habang nagbabasa ako tungkol sa paghayo nina Alma at Amulek sa kanilang misyon, nalaman ko na kailangan ko ring "ipahayag ang mga salita ng Diyos" (talata 30). Nang sumunod na Linggo sinabi ko sa bishop ko na nagbago na ang isip ko at nais kong magmisyon.



### MAY KARAPATAN SA TULONG NG PANGINOON

"Maaaring ang ilan sa inyo ay sadyang mahiyain o iniisip na kulang ang inyong kakayahan upang tanggapin ang tawag na maglingkod. Alalahanin na gawain ito ng Panginoon, at kapag nasa paglilingkod tayo ng Panginoon, may karapatan tayo sa tulong ng Panginoon. Palalakasin ng Panginoon ang likod upang makaya ang pasaning iaatang dito."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Kailangan ng Panginoon ng mga Misyonero,"** ***Liahona,*** **Ene. 2011, 4.**

Sinuportahan ako ng pamilya ko, at naipagbili ko ang parte ko sa beauty salon. Naglingkod ako sa Caracas, Venezuela, at patuloy akong umaani ng mga pagpapala sa paglilingkod nang marangal sa Panginoon.

Jessica Baksis, Idaho, USA

# NAGBALIK-LOOB SA EBANGHELYO—AT NAGMISYON

Lumaki ako sa Simbahan at noon pa man ay plano ko nang magmisyon. Subalit habang nalalapit ang sandali ng aking paglilingkod, inasam kong makadama ng sarili kong matinding karanasan sa pagbabalik-loob tulad ng narinig kong sinabi ng ibang tao nang ikuwento nila ang pagsapi nila sa Simbahan.

Alam ko na ang pagpunta sa misyon ay mangangailangan ng mga sakripisyo. May magandang trabaho ako na malaki ang suweldo, at inisip ko kung makakakita pa ako ng gayon kagandang trabaho pag-uwi ko. Nagalala ako tungkol sa pagtigil ko sa pag-aaral at pag-iwan ko sa pamilya at mga kaibigan. Ngunit alam ko sa aking kalooban na tama ang magmisyon, kaya't patuloy akong naghanda.

Bilang bahagi ng paghahandang iyon, sumama ako sa mga elder sa lugar namin sa kanilang mga pagtuturo. Isang gabi tinuruan namin ng mga misyonero ang isang lalaki tungkol sa Word of Wisdom, ngunit ayaw niya itong tanggapin. Nang lisanin namin ang kanyang tahanan, halata kong nanlata ang mga elder, at nalungkot din ako.

Pero hindi ko sigurado kung bakit dapat akong malungkot, dahil hindi ko naman talaga kilala ang lalaking ito. Patuloy kong inisip iyon, at natanto ko na ganito ang pakiramdam ko dahil nadama ko ang Espiritu habang itinuturo namin ang aralin. Nalungkot ako na tinanggihan ng taong ito ang isang bagay na nagdulot sa akin ng napakalaking kagalakan.

Kasabay niyon natanto ko na ako *ay* tunay na nagbalik-loob. Alam ko na ang ebanghelyo ay totoo, at hindi ako makapaghintay na maibahagi ito. Hindi nagtagal tinawag akong maglingkod sa Italy Rome Mission.

Marami akong pagpapalang natanggap dahil sa mga sakripisyong ginawa ko sa paghahanda para sa aking misyon. Itinuro ko ang ebanghelyo sa maraming mabubuting tao, nagkaroon ako ng mga kaibigang panghabambuhay, at natuto ako ng Ingles. Patuloy na dumating ang mga pagpapala nang makauwi na ako. Natanggap ako sa dati kong trabaho bago ako nagmisyon at itinaas pa ako ng ranggo.

Gayunman, ang pinakamalaking pagpapala marahil ay ang ibayong patotoo sa ebanghelyo. Ang panahon sa misyon ko ay walang-kapantay na espirituwal na pag-unlad, na lagi kong pasasalamatan. ■

Marco Brando, Italy

PAGLALARAWAN NI BRANDON FLINT

# Ang **Pansariling Pag-unlad** ng aming Pamilya

**Nina Hillary Slaughter at Elyssa J. Kirkham**

"Kung minsan ay mababago ng isang tao ang lahat sa kanyang paligid. Kung magsisimula ka sa sarili mo—kung magkakaroon ka ng tapang na magsimula sa sarili mo—magiging maayos ang lahat sa paligid mo pagdating ng panahon," sabi ni Katya Kalashnikova mula sa Kyiv, Ukraine.

Sa pamamagitan ng pananampalataya at Pansariling Pag-unlad, natamo nina Katya Kalashnikova at Ivanna Rubanchiuk ng Voskresens'kyi Ward ang katapangang iyon, na nagbigay sa kanila ng pagkakataong mapalakas ang kanilang mga pamilya at maghanda para sa templo.

## Paggawa ng Isang Pagbabago

Kapwa sumapi ang mga pamilya nina Katya at Ivanna sa Simbahan matapos lang maorganisa ang Kyiv Ukraine Mission noong 1992. Ngunit kapwa naging di-aktibo sa Simbahan ang mga pamilya bago sumapat ang edad ng dalawang bata para mabinyagan.

Lumipat ang pamilya ni Ivanna noong siya ay edad 13 sa isang tahanang malapit sa isang kapilya ng Simbahan. Nang maraanan nila ito ng kanyang ina, naalala ng kanyang ina ang kabutihang naidulot ng Simbahan sa kanyang buhay. Hinikayat nito si Ivanna na magsimba. "Alam ng aking ina na tanging mabubuting bagay ang ituturo nila sa akin sa Simbahan kumpara sa ituturo ng mundo," sabi ni Ivanna. Sinimulan niyang magsimba at dumalo sa mga aktibidad at magpaturo sa mga misyonero, at nang tanungin siya ng mga misyonero kung magpapabinyag siya, pumayag siya.

## Kuwento ni Katya

Sa edad na 15 pabalik noon si Katya mula sa paglalakbay na kasama ang grupo ng mga kabataan sa komunidad. Nagulat siya nang sabihin sa kanya ng kanyang ama na inanyayahan nito ang mga misyonero para paturuan siya. Nilinaw niya na bagama't maaaring makinig si Katya, hindi siya interesadong makinig.

Nagtakda ng oras si Katya na makausap ang mga misyonero. "Habang nakikinig ako, nadama ko na ito ang tamang daan. Naalala ko ang mga nadama ko nang nagsisimba pa ako noong bata ako. At hindi nagtagal, nagpasiya akong magpabinyag," wika niya.

## Personal na Pag-unlad

Kinailangang gumawa ng mga pagbabago ang dalawang dalagitang ito para maging miyembro ng Simbahan, at nakatulong sa kanila ang Pansariling Pag-unlad para magbago. "Natututo pa lang ako. May sarili pa akong mga gawi. Pati pananamit ko ay kinailangang baguhin," pag-alaala ni Katya. "Paunti-unti akong tinulungang magbago ng Pansariling Pag-unlad. Binigyan ako nito ng lakas na maging anak ng Diyos, hindi lang sa simbahan kundi araw-araw."


Sa pamamagitan ng Pansariling Pag-unlad, nagkaroon ng mga gawi sina Ivanna at Katya na espirituwal na magpapalakas sa kanila, tulad ng panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at panonood ng angkop na media. Natutuhan din nilang magturo ng mga aralin at maglingkod sa kapwa. Sa kabuuan, tinulungan sila nitong mapalapit sa Diyos at maging mas mabubuting halimbawa sa kanilang pamilya.

"Tinulungan ako ng Pansariling Pag-unlad. Bawat natapos na atas ay nagpaunlad sa akin; nagdagdag ito ng kaalaman at katapangan," sabi ni



***Si Katya Kalashnikova ay nagtamo ng kaalaman sa paggawa ng Pansariling Pag-unlad, na nakaimpluwensya sa kanyang mga magulang na sumama sa kanya sa pagsisimba. Kabilang pahina: Si Katya at ang kanyang kaibigang si Ivanna Rubanchiuk sa harapan ng Kyiv Ukraine Temple.***

MGA LARAWANG KUHA NINA LUCAS MCGRAW AT TREVOR MCDONALD



*Nakatulong ang Pansariling Pag-unlad sa dalawang dalagita sa Kyiv, Ukraine, na gumawa ng magagandang pagbabago sa buhay nila at ng kanilang mga pamilya.*

Ivanna. "Mas mabuti ito para sa akin dahil karamihan sa mga kapamilya ko ay hindi aktibong mga miyembro ng Simbahan."

### Pangunguna sa Pamamagitan ng Halimbawa

Ang mga pagbabagong ginawa ni Ivanna sa pamamagitan ng Pansariling Pag-unlad ay tumulong sa kanya na maging halimbawa sa kanyang pamilya. "Sa buong panahong ito nakita ng mga magulang ko kung paano ako nagbago. Tuwang-tuwa sila na nagsisimba ako," sabi ni Ivanna. Mag-isa siyang nagsimba at dumalo sa mga aktibidad hanggang isang araw ay nagpasiya ang kanyang ina na sumama sa kanya sa sacrament meeting. Ngayon ay magkasama na silang nagsisimba.

Ang halimbawa ni Katya ay umantig din sa buhay ng kanyang pamilya. Hindi nagtagal matapos sumapi si Katya sa Simbahan, nagsimulang sumama sa kanya ang kanyang ina at sumunod ang kanyang ama. Napansin ng mga pamilya ng dalawang dalagitang ito ang ginawang kaibhan ng Pansariling Pag-unlad at aktibidad ng Simbahan sa buhay nina Katya at Ivanna. Nakita nila kung gaano sila kasaya at ginusto nilang makibahagi sa kagalakang iyon.

### Pagpasok sa Bahay ng Panginoon

Patuloy na naragdagan ang kaligayahan ni Katya at ng kanyang pamilya. Sa paggawa ni Katya ng Pansariling Pag-unlad, napansin niya na nakatuon ito sa kahalagahan ng templo. "May isang buong bahagi roon na nakalaan sa pagpunta sa templo, at talagang gusto kong makarating sa templo, pero hindi pa handa ang mga magulang ko," pagalaala niya.

Gayunman, nagawang dumalo ni Katya sa templo kasama ang kanyang klase sa seminary. Pag-alaala niya, "Gumawa ako ng gawain sa templo sa unang pagkakataon. Talagang masaya ako, at gusto kong bumalik doon. Talagang gusto kong makapunta roon ang pamilya ko at mabuklod nang walang hanggan."

Naghanda ang pamilya ni Katya at sa wakas ay nadama nila na handa na silang magpunta sa templo. Dalawang taon matapos ang una niyang pagpunta sa templo, bumalik si Katya, sa pagkakataong ito kasama ang kanyang pamilya. "Naunawaan ko na talagang ito ang lugar kung saan magiging walang hanggan ang mga pamilya," sabi ni Katya. Ibinuklod sila sa Freiberg Germany Temple.



*Pinasasalamatan ni Ivanna ang Pansariling Pag-unlad sa pagtulong sa kanya na maging mabuting halimbawa sa kanyang pamilya. Si Ivanna at ang kanyang ina ay magkasama na ngayong nagsisimba.*



**PAGKAKAROON NG ESPIRITUWAL NA LAKAS**

"Ang programa ng Young Women ay may [isang] mabisang huwaran na magpaunlad ng espirituwal na lakas sa mga [dalagita] at nagbibigay ng pagkakataon para sa atin na makatulong. Ang Pansariling Pag-unlad ay tumutulong sa mga [dalagita] na maghanda na matanggap ang mga ordenansa sa templo. Natutulungan sila sa pamamagitan ng mga halimbawa ng mga ina, lola, at lahat ng mabubuting babae sa paligid nila sa Simbahan."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Tulungan Sila na Makabalik," *Liahona,* Mayo 2010, 24–25.**

### Patuloy na Sumampalataya

Sina Katya at Ivanna ay nagpapasalamat sa Simbahan, at kapwa sila nakinabang sa mga handog nito, lalo na sa Pansariling Pag-unlad. "Ang aking patotoo tungkol sa Pansariling Pag-unlad ay na mas pinatatatag at tinutulungan tayo nitong maging perpekto sa bawat aspeto ng ating buhay," sabi ni Katya.

Pakiramdam ni Ivanna ay natulungan siya ng Young Women at mga organisasyon ng Simbahan na maghandang maging misyonera. Maganda ang tingin ni Ivanna tungkol sa gawaing misyonero. Sabi niya, "Huwag kayong masiraan ng loob, kundi laging maging halimbawa ng pagbabagong ginagawa ng Simbahan sa ating buhay. Masaya tayo rito, at bawat tao ay nais maging masaya. At kung dadalhin natin ang mga tao at ipapakita sa kanila ang kasiyahang iyan, susundin nila ang ating halimbawa. Lagi nating matutulungan—nang paunti-unti—ang mga taong iyon, mapaglilingkuran sila, at sa isang kamangha-manghang sandali, magiging handa sila." ■




# ISANG SALITA
## AT ISANG ARAL SA BUHAY

**Ni Heather Wrigley**
Mga Magasin ng Simbahan

*Ang integridad ay ang ikinikilos ninyo kapag iniisip ninyo na walang nakatingin.*

Nakakapaso ang init na 115 degrees F (46°C) sa labas, tipikal sa isang araw ng tag-init sa bukirin sa Brawley, California, USA. Sinipa ko ang gulong ng malaking trak ng tubig na nasira sa ikatlong pagkakataon sa loob ng apat na araw. Umaasa ako sa trabaho ko tuwing bakasyon para may panggastos ako sa paglilibang, mga uniporme, at kalaunan sa kolehiyo. Kahit mainit, ayaw ko sanang umuwi nang maaga sa trabaho, pero mukhang kailangan kong gawin ulit iyon.

Si David, isang miyembro ng aming ward at kaibigan ng pamilya, ay tumawid mula sa kiskisan para tingnan ang trak. Matapos sabihin sa kanya ang pagkainis ko, natukso akong magsalita ng isang kataga na narinig kong ginamit ng iba nang mainis sila. Bago ko pa talagang sinambit iyon, naisip ko na hindi ko dapat sabihin iyon dahil alam kong mura iyon. Ngunit sa isang iglap, binalewala ko iyon, sa pag-aakalang wala namang makaaalam. Sinambit ko ang kataga, ngunit hindi gumanda ang pakiramdam ko.



### INTEGRIDAD AT PAGGALANG SA SARILI

"Marahil ang pinakatiyak na katibayan ng integridad ng isang tao ay ang pagtanggi niyang gawin o sabihin ang isang bagay na makasisira sa paggalang niya sa sarili."

**Pangulong Thomas S. Monson, "In Search of an Abundant Life," *Liahona,* Ago. 1988, 3.**

Pagtingala ko, sinabi sa akin ni David na kukumpunihin nila ni Itay ang trak kapag nagkaroon sila ng pagkakataon. Samantala, nakakita ako ng ibang gagawin sa natitirang oras sa araw na iyon.

Pagsakay ko sa trak ni Itay pagkatapos ng maghapon, umuwi na kami. Hindi nagtagal nang makarating kami sa kalsada, tiningnan ako ni Itay at binanggit na ikinuwento sa kanya ni David ang reaksyon ko sa pagkasira ng trak, ang pagmumura at lahat. "Sabi ni David, hindi niya inasahang makarinig ng ganoon mula sa bibig ng anak ko," sabi ni Itay. "Malaki ang respeto niya sa iyo, anak."

Napayuko ako, at agad na napaluha. Ibinaba ko ang sarili ko sa paningin ng mga tao na ang opinyon ay mahalaga sa akin. Ngunit higit sa lahat, binigo ko ang sarili ko at alam kong gayon din ang Diyos. Natanto ko na iyon ang dahilan kaya hindi gumanda ang pakiramdam ko sa pagsambit ng katagang iyon.

Nangako ako na hinding-hindi na muling sasambitin ang katagang iyon o anumang hindi makasisiya sa Diyos, hindi dahil ayaw kong ikahiya ako ng tatay ko at ni David kundi dahil iyon ang tamang gawin. Nalaman ko na ang integridad ay ang ikinikilos ninyo kapag iniisip ninyo na walang nakatingin. ■

PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP



# Ako Ba ay Anak ng Diyos?

**Ni Valarie Schenk**

*Isang talata sa Lumang Tipan ang nagpaunawa sa akin sa aking banal na katangian.*

Noong ako ay 21-taong-gulang na estudyante sa kolehiyo, hinanap ko ang katotohanan at tuwang-tuwa akong marinig ang mensahe ng ebanghelyo mula sa mga misyonero. Tinanggap ko ang mensahe nang paunti-unti ngunit buong puso. Sumapi ako sa Simbahan, ngunit ako lang ang tanging miyembro ng pamilya ko na sumapi.

Matapos maging miyembro ng Simbahan nang mga isang taon, natanto ko na mas lumalakas ang aking patotoo araw-araw, ngunit may kulang. Hindi ko alam na ako ay anak ng Diyos.

Totoong tinanggap ko na ang Diyos ang Ama ng lahat. Gayunman, hindi ko naunawaan kung gaano Niya kakilala ang bawat isa sa Kanyang mga nilikha. "Sa lahat ng taong narito sa mundong ito," tanong ko sa aking sarili, "paano Niya ako makikilala nang personal? Paano Niya ako ituturing na anak? Paano Niya ako mamahalin bilang anak?"


Dahil sa mga tanong na ito sa aking isipan, nanalangin ako sa aking Ama sa Langit. Hindi naglaon, sa pag-aaral ng banal na kasulatan, nabasa ko ang I Mga Cronica 28:9. Sinabi ni Haring David sa kanyang anak, "Ikaw, Salomon na aking anak, kilalanin mo ang Dios ng iyong ama, at paglingkuran mo siya ng sakdal na puso at ng kusang pagiisip: sapagka't sinasaliksik ng Panginoon ang lahat na puso, at naaalaman ang lahat na akala ng pagiisip: kung iyong hanapin siya, ay masusumpungan siya sa iyo; nguni't kung pabayaan mo siya, kaniyang itatakwil ka magpakailan man."

Wala nang ibang talata sa banal na kasulatan na higit na nagpalapit sa akin sa Aking Ama sa Langit kaysa rito. Pinatotohanan nito sa akin na hindi lamang ako anak ng Diyos kundi na kung hahanapin ko Siya, matatagpuan ko Siya. Pinatotohanan nito sa akin ang aking likas na kabanalan. Hindi pa ganap na natatanggap ng puso ko ang ideyang ako ay anak ng Diyos. Inasahan ko na totoo ang mga bagay na ito ngunit hindi ko mapaniwalaan ang kaalaman na may isang Ama sa Langit na gayon katinding magmahal. Hindi ko maunawaan ang isang Nilalang na nakaaalam ng kaibuturan ng aking mga iniisip at minimithi. Hindi ko matanggap ang Kanyang pagmamahal, batid ang aking mga pagkukulang at maraming pagkakamali.

Maraming itinuro sa akin ang banal na kasulatan. Una, si David, na maraming nagawang pagkakamali, ay pinayuhan ang kanyang anak na si Salomon na hanapin ang Panginoon at paglingkuran Siya nang buong layunin. Sa pamamagitan nito matatagpuan ni Salomon ang Panginoon. Nang basahin ko ang mga salitang ito, napukaw ang matinding pagnanais kong magkaroon ng personal na pakikipag-ugnayan sa aking Ama sa Langit. Higit kong nalaman ang mapagmahal na mga paraan ng Ama sa Langit. Alam ko na, tulad nina David at Salomon, masusumpungan ko Siya. Tumitibay ang aming kaugnayan. Binigyan ako ng talatang ito ng pormulang susundin, at nalaman ko na ito ay totoo.

Natuklasan ko na personal akong kilala ng Ama sa Langit. Patuloy kong pinag-aralan ang talatang ito hanggang sa matimo sa aking isipan ang mga katagang "sinasaliksik ng Panginoon ang lahat na puso." Tuwing babasahin ko ito, ibinubulong ng Espiritu Santo sa puso ko na alam ng Ama sa Langit ang lahat, maging ang "lahat na akala ng pagiisip." Alam ko na Siya ay hindi lamang aking Lumikha kundi Siya ay aking mapagmahal na Ama at ako ay Kanyang pinakamamahal na anak. Sa wakas ay natanggap ko rin na kilala Niya ako. Alam Niya ang aking mga lihim na iniisip, minimithi, pangarap, hangarin, pangamba, layunin, at, ang pinakamahalaga sa akin, ang aking mga pag-aakala. Kilala Niya ako tulad ng pagkakilala sa akin ng aking mga magulang dito sa lupa ngunit higit pa roon. Sa mga ideyang ito nagkaroon ako ng patotoo na ako ay anak ng Diyos. ■

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY





## PINAKAMAMAHAL NA MGA ANAK NA BABAE NG AMA SA LANGIT



"Sa unang pahina ng inyong aklat na *Pansariling Pag-unlad ng Young Women*, makikita ninyo ang mga salitang ito: 'Ikaw ay pinakamamahal na anak na babae ng Ama sa Langit, na inihandang pumarito sa lupa sa natatanging panahong ito para sa isang sagrado at maluwalhating layunin' [(buklet, 2009), 1].


"Mga kapatid, totoo ang mga salitang ito! Hindi ito gawa-gawa lamang sa isang alamat! Hindi ba't kagila-gilalas na malaman na ang ating walang-hanggang Ama sa Langit ay kilala kayo, pinakikinggan kayo, binabantayan kayo, at walang katapusan ang pagmamahal sa inyo? Sa katunayan, napakalaki ng Kanyang pagmamahal sa inyo kaya't ipinagkaloob Niya sa inyo ang buhay na ito sa mundo bilang mahalagang regalo ng 'noong unang panahon,' kumpleto ng sarili ninyong kuwento ng pakikipagsapalaran, pagsubok, at mga pagkakataon ng kagitingan, karingalan, katapangan, at pagmamahal. At, higit sa lahat, iniaalay Niya sa inyo ang isang regalong hindi matutumbasan at mahirap maunawaan. Ibinibigay sa inyo ng Ama sa Langit ang pinakadakilang kaloob sa lahat—buhay na walang hanggan—at ang pagkakataon at walang katapusang pagpapala ng inyong sariling 'kaligayahan magpakailanman.'

"Ngunit ang gayong pagpapala ay hindi dumarating nang hindi pinaghihirapan. Hindi ito basta ibinibigay dahil gusto ninyo ito. Dumarating lamang ito sa pagkaunawa kung sino kayo at ano ang kailangan ninyong marating upang maging karapat-dapat sa gayong kaloob."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Inyong Kaligayahan Magpakailanman," *Liahona,* Mayo 2010, 124 25.**

# MATUTO, KUMILOS, **MAGBAHAGI**









**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Gusto ni Helaman Ayala ang ninjitsu (isang Japanese martial art). Ang priest na ito sa Hacienda Ward, Mexico City Tecamac Stake, ay gumugol ng maraming oras sa pagsasanay ng kanyang natutuhan. Madalas hilingin ng kanyang mga kaibigan na ipakita niya sa kanila ang iba't ibang pamamaraan.

Mahilig din siya sa musika at nag-aaral tumugtog ng gitara. "Pero kulang ang oras kong magpraktis," wika

*Tatlong salita ang nagbibigay sa inyo ng susi sa pagtupad sa inyong tungkulin sa Diyos.*

niya. "Kaya't hindi pa ako gaanong marunong. At hindi ko pa ito gaanong maibahagi."

Nauunawaan ni Helaman ang kahalagahan ng praktisin ang natutuhan mo at saka mo ito ibahagi. "Hindi puwedeng alam mo lang. Kailangang gawin mo," wika niya. "Maaari tayong matuto ng mga bagay-bagay, ngunit kung hindi naman natin ito gagamitin, walang kabutihan itong idudulot sa atin. At ang pagbabahagi ay mahalaga para matiyak mo na natutuhan mo nga ito."


Iyan ang gusto niya tungkol sa bagong Tungkulin sa Diyos. "Gusto ko ang ideyang 'matuto, kumilos, magbahagi,'" wika niya. "Malaki ang naitulong nito sa akin. Ang dagdag na kaalaman at pagsasabuhay ng natutuhan ko ay nakatulong sa aking patotoo."

Ginagamit niya ang plano ng kaligtasan bilang halimbawa. Ito ay isang doktrinang maraming beses na niyang narinig. "Ngunit nang pag-aralan ko ito mismo, nakita ko ang pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit. Inantig ng Espiritu Santo ang puso ko, at nadama ko na ito ay totoo. Nadama ko ang pagmamahal Niya para sa akin kaya Niya isinugo ang Kanyang Anak."

Habang itinatakda at ginagawa ni Helaman ang kanyang mga mithiin sa Tungkulin sa Diyos, pinasasalamatan niya ang suporta ng kanyang mga magulang. "Hinihikayat ako ng mga magulang ko, pinaaalalahanan ako kapag nakakalimot ako, at itinatanong kung nakapagtakda na ako ng mga mithiin," wika niya.

Ang kanyang ama, na bishop ng kanilang ward, ay nag-uukol ng panahon na tulungan siya. "Tinutulungan niya akong maintindihan ang mga bagay na hindi ko naiintindihan," sabi ni Helaman. "Sinusuportahan akong mabuti ng aking ama't ina sa bagay na iyan."


Sabi ni Helaman, ang mga mithiing hinihingi ng Tungkulin sa Diyos na itakda ng mga binatilyo ay para sa sarili nilang kabutihan. Napalakas ng Tungkulin sa Diyos ang kanyang pananampalataya at tinulungan siya nitong madaig ang tukso. Natulungan din siya nitong maghanda para sa kanyang kinabukasan. "Tumutulong ang aklat sa paghahanda mong tumanggap ng Melchizedek Priesthood at tinuturuan ka ng maraming bagay na kakailanganin mo bilang misyonero."



MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON

Gaya ng pag-unlad niya sa ninjitsu sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga mithiing matuto, pagkilos ayon sa kanyang natutuhan, at pagbabahagi nito sa iba, alam ni Helaman na "para umunlad sa buhay, kailangan nating magtakda ng mga mithiin at asamin ang hinaharap."

Sa paggamit ng Tungkulin sa Diyos at sa tulong ng kanyang mga magulang, maganda ang naging simula ni Helaman. ■



## SIGASIG AT PAGTITIWALA

"Ilang linggo pa lamang ang nakararaan, nakita kong magsimula ang isang bagong deacon sa landas [ng] kasigasigan. Ipinakita sa akin ng kanyang ama ang isang diagram na nilikha ng kanyang anak na makikita ang bawat hanay sa kanilang kapilya, isang numero para sa bawat deacon na aatasang magpasa ng sacrament, at ang lalakarin nila sa kapilya sa pagpapasa ng sacrament sa mga miyembro. Napangiti kami ng ama sa pag-iisip na ang batang iyon, kahit hindi sinabihang gawin iyon, ay gumawa ng plano upang matiyak na magtatagumpay siya sa kanyang paglilingkod sa priesthood.

"Nakita ko sa kanyang kasigasigan ang huwaran mula sa bagong buklet na *Tungkulin sa Diyos*. Iyon ay para malaman ang inaasahan sa inyo ng Panginoon, planuhing gawin ito, kumilos ayon sa inyong plano nang buong sigasig, at pagkatapos ay ibahagi sa iba kung paano kayo nagbago at pinagpala ang iba dahil sa inyong karanasan. . . .

"Magiging mas masigasig kayo kapag nadama ninyo ang laki ng tiwala ng Diyos sa inyo. May mensahe ang Unang Panguluhan para sa inyo sa buklet na *Tungkulin sa Diyos*: 'Malaki ang tiwala ng Ama sa Langit sa iyo at may mahalagang misyong ipagagawa sa iyo. Tutulungan ka Niya kapag nananalangin ka sa Kanya, nakikinig sa mga panghihikayat ng Espiritu, sumusunod sa mga kautusan, at tumutupad sa mga tipang iyong ginawa' [*Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood* (buklet, 2010), 5]."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Kumilos nang Buong Sigasig,"** ***Liahona*****, Mayo 2010, 60–61.**

# Tungkulin sa Diyos Kasama si ITAY

**Ni Paul VanDenBerghe**
Mga Magasin ng Simbahan

*Kailangan mo ba ng tulong sa Tungkulin sa Diyos? Nasa loob lang ito ng tahanan.*

Matapos malaman ang tungkol sa bagong buklet na *Tungkulin sa Diyos* sa isang fireside noong nakaraang taon, nasabik si Aleks Miller—deacons quorum president ng North Shore Ward, Vancouver British Columbia Stake—na simulan ito. Itinakda nilang magkitang mag-ama tuwing Linggo para magkasamang gawin ang isang bahagi ng buklet.

"Bawat linggo, nauupo kami ni Itay at binabasa namin ang isang bahagi ng aklat," sabi ni Aleks. "Nagsisimula kami sa panalangin, at saka namin pinag-aaralan iyon at binabasa ang mga banal na kasulatan. Sinasagutan namin ang mga tanong sa bahagi at saka namin isinusulat kung paano namin magagawa ang natutuhan namin." Madalas ibahagi ni Aleks sa kanyang ina ang ginagawa nilang mag-ama. "Kinausap ko si Inay tungkol sa sakramento at kahulugan ng mga panalangin sa sakramento at sumulat ako ng ilang ideya kung paano ako makatutulong, bilang deacon, na gawing mas makahulugan ang sakramento para sa kanya."

Pagkatapos lamang ng ilang linggo ng pagkikitang ito tungkol sa Tungkulin sa Diyos Kasama si Itay, napansin ni Aleks na gumagawa ito ng kaibhan sa kanyang buhay. "Maganda talaga ang pakiramdam ko dahil dito," wika niya. Hindi laging nangunguna ang pag-uusap nilang mag-ama sa gustong gawin ni Aleks sa Linggo ng hapon, "ngunit kapag sinimulan na naming matuto at magbasa nang magkasama, mas masaya ako at mas maganda ang pakiramdam ko sa paggawa nito."





## NAGHIHINTAY ANG INYONG HINAHARAP

"Ang aktibong paglilingkod sa Aaronic Priesthood ay maghahanda sa inyong mga kabataan sa pagtanggap ng Melchizedek Priesthood, sa pagmimisyon, at sa pagpapakasal sa banal na templo.

"Lagi ninyong maaalala ang inyong mga adviser sa korum [ng] Aaronic Priesthood at kapwa miyembro sa korum. . . .

"Mga kabataan ng Aaronic Priesthood, naghihintay sa inyo ang inyong hinaharap; paghandaan ito. Nawa'y gabayan kayo ng Ama sa Langit sa paghahandang ito. Nawa'y gabayan Niya tayong lahat sa ginagawa nating paggalang sa priesthood na ating taglay at gampanang mabuti ang ating mga tungkulin."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Gawin ang Inyong Tungkulin—Iyan ang Pinakamainam," *Liahona,* Nob. 2005, 59.**

Nagtakda ng mga bagong mithiin si Aleks at mas nauunawaan na niya ang ebanghelyo habang nag-aaral at natututo sila ng kanyang ama. "Isa sa mga bahagi sa *Tungkulin sa Diyos* ang nagmungkahi na pag-aralan namin ang limang paksa sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at saka kami sumulat ng isang mithiin para sa bawat isa para mas maganda ang magawa mo," paliwanag ni Aleks. "Katapatan ang pinili ko. Kaya isa sa mga mithiin ko ang ipaalam sa mga magulang ko kapag may ginawa akong mali sa halip na ilihim ito."

Ang isa pang paksang pinili ni Aleks ay edukasyon. "Minithi ko na huwag lumiban nang isang buong buwan sa paaralan at huwag magloko sa klase at tapusin ang lahat ng gawain ko para wala na akong iuwing homework. Maayos ko namang nagagawa ito, at ngayon ay marami akong bakanteng oras."

Ngayon ay hinihikayat ni Aleks ang lahat ng deacon sa kanyang korum na gawin ang kanilang pagtupad ng tungkulin sa Diyos. At ganoon din ang payo niya sa iba pang binatilyong nag-iisip na buklatin ang kanilang buklet at simulan itong gawin: "Basta gawin lang ninyo ito," wika niya. "Kung parang hindi kayo makapagsimulang mag-isa, gayahin ninyo ako at magpatulong kayo sa tatay ninyo." ■

# Pagtawag sa Aking KORUM

**Ni Mark Tensmeyer**

*Pinaglilingkuran ko noon ang isang pamilya sa aking ward, at kinailangan ko ng tulong para magawa ang lahat.*

Isang Sabado ng hapon tinawagan ako ng ama ng isang pamilyang hino-home teach ko. "Iniisip ko lang kung mababantayan mo ang mga anak namin habang binibisita namin ni Cindy ang lola niya," paghiling ni Brother Stevens (pinalitan ang mga pangalan). "Masama ang lagay niya, at palagay namin ito na ang huli naming pagkakataong makita siya."

Tiniyak ko kay Brother Stevens na kasiyahan kong tumulong. "Salamat naman!" sabi niya. "At kung maaari, pakiayos na rin ang bahay, kasi anibersaryo namin ngayon."

Pagdating ko, iniwanan ako nina Brother at Sister Stevens ng kaunting noodles na mailuluto sa microwave at isang listahan ng mga gawain sa bahay. Pagkatapos ay umalis na sila. Malakas ang pakiramdam ko na dapat akong gumawa ng higit pa kaysa bantayan lang ang mga anak nila. Mahirap ang araw na ito sa kanila, at gusto kong pagandahin iyon para sa kanila. Ipinasiya kong gawin ang lahat ng gawain sa listahan at higit pa, pati na paghuhugas ng mga pinggan at pagdadamo at pagpapantay ng mga halaman sa daanan.

Kitang-kita naman na hindi ko magagawang lahat iyan at alagaan pa ang tatlo nilang anak sa loob lang ng tatlong oras, kaya naisip ko na dapat kong tawagan ang ilang miyembro ng aking priests quorum. Isa lang ang problema: hindi ako malapit sa mga miyembro ng korum ko. Nagkakasundo naman kami, pero maliban sa Simbahan, hindi kami magkatugma sa maraming bagay. Magkaiba ang pinapasukan naming paaralan, at bihira ko silang makita sa ibang gawain sa labas ng Simbahan. Naasiwa akong tawagan sila para sa isang bagay na katulad nito.



PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY

Tinawagan ko ang Young Men president at tinanong ko kung mapapatulungan niya ako sa ilang kabataan. Mahinahon siyang sumagot na tagapayo lang siya at ipinaliwanag niya na dapat kong tawagan si Peter, ang first assistant sa bishop, na may tungkuling tulungan ako sa responsibilidad ko sa priesthood. Iyon mismo ang ipinangamba kong sasabihin niya.

Kabado at medyo atubili, tinawagan ko si Peter at tinanong ko kung puwede siyang magpunta. "Oo naman," sabi niya. "Narito sina Scott at Kevin, at isasama ko rin sila."

Sama-sama kaming nagtabas ng damo at nagpantay ng mga halaman sa daanan, naghugas ng mga pinggan, at nag-ayos ng bahay. Umuwi sina Brother at Sister Stevens na patapos na kami.

Ang karanasang iyon ay nagturo sa akin na ang mga priesthood quorum ay nagkakaisa sa pananampalataya kay Jesucristo *at* sa paglilingkod, magkakaiba man ang mga interes, personalidad, o pinagmulan. ■



# MAS MATAAS NA MITHIIN

*Ang pag-anyaya sa iba sa mga aktibidad ng Simbahan ay magandang paraan ng pagtulong sa amin na magampanan ang aming tungkulin sa priesthood na anyayahan ang "lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59).*

**Ni Nereida Santafe de Salinas**

Nagpasiya ang stake namin, ang San Cristóbal Venezuela Stake, na mag-organisa ng football tournament para sa mga kabataan ng Aaronic Priesthood. Ang aktibidad na ito ay hindi lang iisa ang layunin, kabilang na ang pagkakaroon ng mga kaibigan at pagpapalakas sa iba't ibang priesthood quorum.

Sinabi ng mga lider ng stake na tanging mga kabataang lalaki lamang ng bawat ward o branch ang maaaring lumahok at hihikayatin nila ang mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro na sumali sa kanila para makabuo sila ng mga team para sa bawat edad. Sa ward namin, ang Táriba Ward, dalawa lang ang deacon, isang teacher, at ilang priest.

## Pagbubuo ng Isang Team

Ang anak kong si José Francisco, na magiliw naming tinatawag na "Junior," ay bahagi ng deacons quorum, kasama ang matalik niyang kaibigang si Oscar Alejandro. Kitang-kita na hindi sapat ang mga batang lalahok sa football tournament. Kaya nakipagtulungan sila sa mga misyonero at lider ng ward na hanapin ang lahat ng di-gaanong aktibong kabataan. Gumugol sila ng oras bawat linggo sa paghahanap sa mga kabataang ito, hinihikayat sila at kinukuha ang kanilang tiwala. Dahil sa mga pagsisikap ng dalawang 12-taong-gulang na batang ito, nakakuha sila ng sapat na dami ng kabataan para sa team. Ang isa sa mga himalang bunga ng kanilang mga pagsisikap ay nagkaroon ng mas marami pang aktibong kabataan ang aming ward!

Sa bawat linggo sinusundo nila ang mga bago nilang kaibigan at nagsasanay sa community field. Malaking trabaho iyon, at lagi silang pagod. Kakaunti ang alam o istratehiya nila, ngunit hindi iyon nakapigil sa mga kabataan. Masaya sila sa ginagawa nila.

## Pagsisimula ng Tournament


Sa wakas, dumating na ang unang araw ng kumpetisyon. Dumating ang magiting na team namin ng mga deacon sa stake center. Walang gaanong nanonood para ipagbunyi sila, ni wala silang coach para tulungan sila o mga unipormeng gaya ng karamihan sa iba pang mga team. Ngunit naglaro sila nang may kasigasigan, pagkakaisa, at pagmamahal.

Malaki ang lamang ng kalaban kaya natalo sila sa unang laro. Ngunit hindi sila sumuko, at pinalakas ng buong stake ang loob nila, na sinasabi na ang kabataang nagmula sa Táriba Ward ay napakabubuting halimbawa.

Si Junior ang goalkeeper. Dinepensahan niya nang matindi ang goal kaya ang naharang niyang mga bola ay nag-iwan ng marka sa kanyang mga kamay. Sa bahay noong gabing iyon, sinabi niya sa akin na talagang masakit ang mga kamay niya at kailangan niyang magguwantes. Inilabas namin ang aming ipon para maibili namin siya ng isang pares ng guwantes. Ngunit hindi namin kayang bilhin ang mga guwantes sa tindahan, kaya bumili na lang kami ng mga guwantes na panghalaman na gawa sa tela. Tinanggap niya ang mga ito nang buong pasasalamat.

Hindi ko alam kung saan nakuha ng kanyang team ang inspirasyong magpatuloy. Sila ang huli sa ranking, pero patuloy silang naglaro.

Sa huli ay oras na para magtanggal ng mga team. Kahit kulang ng mga deacon sa stake, nakapaglaro ang magiting na grupong ito hanggang sa huli, ngunit ang kalaban nila ay isang praktisadong team na ang coach ay isang napakahusay na manlalaro. Gumugol ito ng maraming oras para maturuan ang kanyang team. Sila ang nangungunang team; pare-pareho ang uniporme



nila at nagpakita sila ng disiplina na nagmula sa training. Malamang ay tiwala ang kanilang coach na mananalo sila sa laro dahil hindi gaanong magaling ang team ng anak ko.

Kababalik lang ng asawa ko mula sa biyahe, kaya nagpasiya siyang tulungan ang mga deacon. Hinikayat niya sila, binigyan sila ng ilang payo, at nakakagulat na nanalo sila. Kaya nakaharap nila ang isa pang stake team. Nanalo ulit ang mga kabataan namin!

Pagkatapos ng laro, nagpalakpakan ang lahat. Halos hindi makapaniwala ang mga manonood na ang mga kabataang iyon ang nagtamo ng unang gantimpala sa kategorya ng mga deacon at ikatlong gantimpala sa stake sa buong Aaronic Priesthood.

### Pagsasakatuparan ng Kanilang mga Mithiin

Ang karanasang ito ay nagturo sa amin ng mga alituntunin at walang-hanggang katotohanang magagamit namin sa buhay na ito. Ang mga kabataang lalaki ng stake ay mga halimbawa ng pagmamahal, pagkaaktibo, tiyaga, kasigasigan, at pagtutulungan bilang isang team. Ipinamalas nila ang tunay na adhikain ng aktibidad. Nagbuo sila ng mga bigkis ng pakikipagkaibigan sa iba. ■

PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# Maging Tagapagpatatag ng Pamilya

*"Ako ay isang tagapagpatatag na nagsisikap bawat araw na patatagin ang aking pamilya" ("Ang Aking Walang Hanggang Pamilya,"* 2009 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sacrament Meeting, *10–11).*

Naisip na ba ninyo ang lahat ng pamilya na kabilang kayo? Lahat ng pamilyang inilarawan sa mga pahinang ito ay mahalaga at tutulungan kayong umunlad. Para sa bawat pamilya, humanap ng dalawang tagpo sa ibaba na nagpapakita ng isang paraan na maaari kayong maging tagapagpatatag ng pamilya.



**PAMILYA NG AMA SA LANGIT**

Kayo ay may perpekto at imortal na mga magulang sa langit na lubos na nagmamahal sa inyo at alam ang lahat ng nangyayari sa inyong buhay. Kayo ay lagi nang bahagi ng pamilyang ito, at gayundin ang lahat ng iba pang espiritung anak ng Ama sa Langit. Nangangahulugan ito na bawat tao sa daigdig ay espiritung kapatid ninyo.

**ANG INYONG PAMILYA**

Ito ang mga taong kilalang-kilala ninyo—ina, ama, at mga kapatid na lalaki at babae. Inilagay kayo ng Ama sa Langit sa isang pamilya para magkaroon kayo ng mga taong magmamahal, magtuturo, at magpapalago sa inyo.

**ANG INYONG KAMAG-ANAKAN**

Ang mga lolo't lola, pinsan, tiya, at tiyo ay bahaging lahat ng inyong kamag-anakan. Sila ang iba pang mga taong ibinigay sa inyo para mahalin!




PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

**ANG INYONG PAMILYA SA HINAHARAP**

Ang taong pakakasalan ninyo balang araw at ang magiging mga anak ninyo ay magiging bahagi ng napakahalagang pamilyang ito. Planuhing mabuklod sa templo at maipamuhay ang ebanghelyo sa inyong tahanan para magkasama-sama ang inyong pamilya magpakailanman.

**ANG INYONG PAMILYA SA SIMBAHAN**

Ang mga miyembro ng inyong ward o branch ay parang mga kapamilyang nagmamalasakit at nagsisikap na tumulong sa isa't isa. Ang mga miyembro ng Simbahan ay tinatawag ang isa't isa ng "Brother" at "Sister" dahil sila ay nabinyagan sa ebanghelyo ni Jesucristo. Lahat ng miyembro ng Simbahan sa buong mundo ay isang malaking pamilya! ■

# Paghahandang Magpabinyag para sa mga Patay

Ni Elyssa J. Kirkham

Kapag kayo ay 12 taong gulang, maaari kayong magkaroon ng pagkakataong pumunta sa templo para magpabinyag at magpakumpirma para sa mga pumanaw na hindi nagkaroon ng pagkakataong tanggapin ang ebanghelyo. Narito ang ilang paraan ng paghahanda para makapasok sa templo at madama ang Banal na Espiritu roon.

### Paano Maghanda

- Sumampalataya kay Jesucristo. Magpabinyag at magpakumpirmang miyembro ng Kanyang Simbahan. Ang mga batang lalaki ay dapat magtaglay ng Aaronic Priesthood.
- Sundin ang mga kautusan at gumawa ng mabubuting pasiya. Magsisi kapag nakagawa kayo ng pagkakamali.
- Magpainterbyu sa inyong bishop o branch president. Kung kayo ay karapat-dapat, bibigyan niya kayo ng temple recommend na may limitadong gamit.
- Tumulong sa paggawa ng family history para madala ninyo ang mga pangalan ng inyong mga kapamilya sa templo, kung maaari.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at mga lathalain ng Simbahan (tulad ng *Liahona* noong Oktubre 2010) na magpapaunawa sa inyo tungkol sa gawain sa templo.

### Sa Araw na Iyon

- Isuot ang inyong damit-pangsimba. Maging malinis at maayos.
- Basahin ang mga banal na kasulatan o magasin ng Simbahan, o makinig sa nagbibigay-inspirasyong musika.
- Manalangin para madama ang Espiritu Santo kapag nasa templo kayo.
- Huwag magdala ng mga aklat, electronic device, o musika papunta sa templo na hindi makatutulong sa inyo na maging mapitagan.

### Sa Loob ng Templo


- Bibigyan kayo ng puting damit na pamalit sa suot ninyo. Ang puti ay simbolo ng kadalisayan at kalinisan.
- Sa bautismuhan makikita ninyo ang ibang binibinyagan para sa mga patay.
- Habang naghihintay kayo, maaari kayong manalangin at magnilay-nilay. Ang templo ay isang espesyal na lugar kung saan magiging malapit kayo sa Ama sa Langit.
- Kayo ay kukumpirmahan para sa mga taong napabinyagan na.
- Isipin ninyo ang mga taong nabinyagan at nakumpirma sa pamamagitan ninyo at ang mga pagpapalang maaari na nilang makuha dahil sa paglilingkod ninyo sa templo. ■



PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

# Masaya sa Ebanghelyo

*"Magbigay-puri tayo sa Panginoon; oo, magsasaya tayo, sapagkat ang ating kagalakan ay lubos" (Alma 26:16).*



*Mula sa isang interbyu kay Elder Carlos A. Godoy ng Pitumpu; ni Jacob Fullmer*



PAGLALARAWAN NI MATT SMITH

Noong 14 na taong gulang ako, ang paaralan ko ay tapat lang ng isang kapilya ng mga Banal sa mga Huling Araw. Minasdan ko ang labas-pasok na mga lalaking nakaputing polo sa malaking gusaling iyon. Inisip ko kung ano ang ginagawa nila sa loob.

Isang araw gusto naming maglaro ng mga kaibigan ko ng football, pero wala kaming mapaglaruan sa aming paaralan. May nagsabing, "Doon tayo maglaro sa simbahan. May magandang laruan sila sa kanilang bakuran." Iyon ang una kong pakikipag-ugnayan sa Simbahan—sa labas ng gusali.

Makalipas ang dalawang taon inanyayahan ng isa sa mga kaibigan ng kapatid kong lalaki ang kapatid kong babae na magpunta sa Simbahang LDS, at sumama ako sa kanya. Tuwang-tuwa ako na sa wakas ay malalaman ko na kung ano ang ginagawa nila sa loob ng simbahang iyon.

Pagdating namin doon, nakita namin ang ilang miyembro na naglalaro ng isang simpleng laro. Mukhang napakasaya nila, at iyan ang nakatawag ng aking pansin. **"Bakit masayang-masaya sila?"** naisip ko.

**Nalaman ko ito nang makinig ako sa mga talakayan ng misyonero at mabinyagan ako.** Ang kaligayahan ay nagmumula sa kalooban. Binago ng aking pagbabalik-loob ang buhay ko, ng mga anak ko, at ng susunod at naunang mga henerasyon.

Anuman ang gawin ninyo na labas sa mga turo ng Simbahan ay hindi magpapaligaya sa inyo. Marahil mapapatawa o mapapasaya kayo nito sandali, ngunit ang tunay na kaligayahan ay nasa ebanghelyo.

Kahit kung minsan ay pinagtatawanan kayo ng mga kaibigan ninyo, hahangaan nila kayo sa paninindigan sa inyong mga prinsipyo.

Mahal kayo ng mga magulang ninyo. Anuman ang ipagawa nila sa inyo ay hindi dahil sa pinahihirapan nila kayo; iyon ay dahil nais nila kayong protektahan.

Laging magpasalamat para sa inyong mga magulang, sa ebanghelyo, at sa kaligayahang dulot nito sa inyong buhay. ■

# Ang Ating Pahina



Milagros T., edad 11, Peru



Guo J., edad 10, Taiwan

## SA PANALANGIN, NAPAPAWI KAAGAD ANG PANGAMBA AT SAKIT

Isang araw ng Linggo pumasok ang isang pusang maysakit sa bahay namin. Ngumiyaw ito nang malakas at nakakatakot, at ayaw lumabas. Takot ako sa pusa, kaya ipinasiya kong manalangin. Pagkatapos kong manalangin, nailabas na ng bahay ni Mama ang pusa.

Sumailalim si Mama sa masakit na operasyon kamakailan. Taimtim akong nanalangin na magtagumpay ang operasyon. Pag-uwi niya mula sa ospital, nakita ko siyang umiiyak, at sinabi niyang nasasaktan siya. Tinanong ko siya kung gusto niya akong manalangin, at pumayag siya. Lumuhod ako at humiling sa Ama sa Langit na pawiin ang kanyang sakit. Pagkatapos kong manalangin, nakangiti na ang nanay ko, at niyakap at hinagkan niya ako.

Alam ko na ang Ama sa Langit ay mapagmahal at mabait, at alam ko na kapag nangangamba ako o nasasaktan, maaari akong manalangin sa Kanya at napapawi kaagad ang pangamba at sakit.

**Helaman F., edad 5, Brazil**



*Si Helaman at ang kanyang kapatid na si Ezra, edad 10*



*Mapitagang hinihintay ng mga batang Primary sa Tumán Ward, Pomalca Peru Stake, na magsimula ang Primary.*

Kung gusto ninyong magpadala ng drowing, retrato, karanasan, patotoo, o sulat para sa Ang Ating Pahina, i-e-mail ito sa liahona@ldschurch.org, na nakasulat ang "Our Page" sa subject line. O ipadala sa koreo sa:

*Liahona,* Our Page
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Sa bawat isusumite ay kailangang kasama ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (dapat ay mula 3 hanggang 12 taong gulang) pati na pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at sulat-kamay na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.



PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

# “Kahit kailan hindi kayo mawawala kapag nakikita ninyo ang templo.”

**Elder Gary E. Stevenson ng Pitumpu, “Sagradong mga Tahanan, Sagradong mga Templo,” *Liahona,* Mayo 2009, 101.**

**Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang marami pang matutuhan tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.**

# Ang Ebanghelyo ay Ipangangaral SA BUONG DAIGDIG



**Nina Ana Maria Coburn at Cristina Franco**

*"Ang ebanghelyong ito ay ipangangaral sa lahat ng bansa, at lahi, at wika, at tao" (D at T 133:37).*

Naisip na ba ninyo na kakaunti lang ang mga tao sa mundo na mayroong mga pagpapalang tulad ng sa inyo dahil kayo ay kabilang sa totoong Simbahan ni Jesucristo? Maraming taong hindi nakaaalam na sila ay mga anak ng Ama sa Langit at makapagdarasal sila sa Kanya at sasagot Siya. Hindi nila alam ang mga pagpapalang mapapasakanila dahil sa ebanghelyo. Nais ng Ama sa Langit na ibahagi natin ang ebanghelyo sa lahat.

Dahil napakaraming tao na kailangang makarinig sa ebanghelyo, tumatawag ng mga misyonero para maglingkod sa iba't ibang panig ng mundo. Itinuturo ng mga misyonero sa mga tao ang kailangan nilang malaman at gawin upang makabalik sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesus.


Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson na maaari kayong maghandang maging misyonero ngayon, kahit bata pa kayo. Maaari ninyong imbitahin ang mga kaibigan ninyo sa simbahan, sa mga aktibidad, o sa family home evening. Ang pinakamaiinam na paraan para maging misyonero kayo ngayon ay magpakita ng pagmamahal at maging mabuting halimbawa sa inyong mga kaibigan.

**Aktibidad**

Idikit ang pahina 65 sa mas makapal na papel at gupitin ang 16 na card. Itaob ang mga card sa patag na lugar. Maghalinhinan sa pagtitihaya ng dalawang card nang sabay, sa pagsisikap na makakita ng dalawang card na magkatugma ang salita at larawan. Habang naglalaro kayo, isipin ang mga bagay na magagawa ninyo upang maging misyonero ngayon. ■

MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

MAGSAMA NG ISANG KAIBIGAN SA PRIMARY




PILIIN ANG TAMA




"ANG EBANGHEL-YONG ITO AY IPA-NGANGARAL SA BAWAT BANSA."




MGA ELDER



MGA MISYONERA




BINYAG



MGA BANAL NA KASULATAN



MISSIONARY TRAINING CENTER



*“Sa pagpuputolputol ng tinapay sa bahay-bahay, [nagsikain] sila ng kanilang pagkain na may galak at may katapatan ng puso” (Mga Gawa 2:46).*

# Ang Laro sa Hapunan

**Ni Rene Riding**

Batay sa tunay na buhay

Nalanghap ang anghang ng spaghetti sauce sa paligid nang umupo si Joseph at ang kanyang pamilya para sa hapunan noong Linggo. Nanalangin si Itay, at iniikot na ang pagkain sa lamesa.

“Laro tayo ng Movie Quotes!” sabi ni Joseph.

Movie Quotes ang paborito niyang laro sa oras ng hapunan. Gusto rin ng kanyang nanay, tatay, at dalawang kapatid na sina Jill at Julia ang larong ito. Magbabanggit ang isang tao ng sinabi mula sa isang pelikulang napanood na ng pamilya. Pagkatapos ay unahan ang iba sa paghula kung saang pelikula nagmula ang sinabing iyon.

“Iba naman kaya ang laruin natin,” sabi ni Inay. “Dahil Linggo, maganda siguro na Scripture Quotes ang dapat nating laruin.”

“Ano po iyon?” tanong ni Joseph.

“Mag-iisip ako ng isang binanggit mula sa mga banal na kasulatan, at huhulaan ninyong lahat kung sino ang nagsabi niyon,” sabi ni Inay.


“Nakakawalang-gana iyan,” sabi ni Joseph. “Isa pa, wala po akong alam sa mga banal na kasulatan.”

“Ako muna!” sabi ni Jill. “‘Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.’”

Nagtaas ng kamay si Julia. “Si Nephi ang nagsabi niyan!”



PAGLALARAWAN NI NATALIE MALAN



"Tama ang hula mo, Julia. Ngayo'y ikaw naman ang mag-isip," sabi ni Jill.

"Teka. . . . Sige, hulaan ninyo ito kung kaya ninyo: 'Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!' "

Si Itay naman ang nagtaas ng kamay. "Iyan ang sabi ng Ama sa Langit kay Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan."

"Tama," sabi ni Julia. "Ang galing n'yo, Itay!"

Dahan-dahang tumuwid sa kanyang pagkakaupo si Joseph.

"Gusto kong makaisip ng talagang mahirap," sabi ni Itay. "Ito kaya: 'Bayaan mong ang aking bayan ay yumaon.' "

Nagtaas ng kamay si Joseph. "Uy, si Moises po ang nagsabi niyan. Ang dali naman."

"Tama. Ikaw naman ang mag-isip ngayon," sabi ni Itay.

Nangalumbaba si Joseph. Pagkatapos ay ngumiti nang maalala niya ang aralin nila sa Primary kani-kanina. Tinalakay ni Sister Morris ang panahon nang tangkaing pigilan ng mga disipulo ni Jesus ang ilang bata sa paglapit sa Kanya. " 'Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata,' " sabi ni Joseph.

Muling nagtaas ng kamay si Julia. "Si Jesus ang nagsabi niyan."

"Tama ka!"

Naglaro sila hanggang makapaghapunan ang lahat.


Kalaunan nang gabing iyon, habang pinatutulog ni Inay si Joseph, sabi niya, "Maganda naman po pala ang larong iyon."

"Talagang maganda ang naisip mong talata ngayon," sabi ni Inay.

"Salamat po. Maaari po ba nating ulitin ang larong iyon sa isang Linggo?"

"Palagay ko magandang ideya iyan," sabi ni Inay. Niyakap siya nito at hinagkan at lumabas na ito ng kuwarto.

Namaluktot si Joseph sa kanyang kumot, na nakangiti. Kasisimula lang ng isang bagong tradisyon tuwing Linggo. ■




"Maging pamilyar sa mga aral na itinuturo ng mga banal na kasulatan. . . . Pag-aralan ang mga ito na parang nangungusap ang mga ito sa inyo, dahil iyon ang totoo."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Kayo ay Magpakahusay," *Liahona,* Mayo 2009, 68.**

## PAANO MAGLARO NG SCRIPTURE QUOTES

Narito ang tatlong iba't ibang paraan ng paglalaro ng Scripture Quotes:

- Subukang maglaro tulad ng ginawa ng pamilya ni Joseph, na binabanggit ang taong nagsabi ng talata.
- Subukang hulaan kung saang aklat sa banal na kasulatan matatagpuan ang talata. Halimbawa, ang "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon" ay matatagpuan sa 1 Nephi.
- Bumanggit ng isang aklat ng kasulatan at saka magpasabi sa iba ng isang talata o kuwento mula sa aklat na iyon. Halimbawa, ang aklat ni Eter ay naglalaman ng kuwento tungkol sa pagtawid ng mga Jaredita sa karagatan.





# Itinuro ni Jesus Kung Paano **Tratuhin ang Iba**




## MGA SAMARITANO

Ang mga tao ng Samaria ay nakatira sa isang lugar sa kanluran ng Ilog Jordan. Bahagi ng kanilang pamana ay nagmula sa mga Judio. Sinamba ng mga Samaritano si Jehova, ngunit binago nila ang ilan sa mga kautusan. Akala ng mga Judio ay mas mabait sila kaysa mga Samaritano.

**Ni Diane L. Mangum**

Ang mga Judio at Samaritano ay hindi magkasundo. Ayaw ng mga Judio sa mga taong nakatira sa Samaria. Akala nila ay mas mabuti sila kaysa mga **Samaritano** at sinikap nilang huwag magpunta sa lupain ng mga ito. Kung makakita sila ng mga Samaritano, hindi nila ito kinakausap.

Ngunit itinuro ni Jesus na dapat ninyong tratuhin ang mga tao na tulad ng gusto ninyong pagtrato sa inyo. Ibig sabihin kaya niyan ay maging mabait sa mga tao kahit hindi ninyo sila kilala o Samaritano sila?

Sinabi ni Jesus na dapat mahalin ng mga tao ang kanilang kapwa. Ngunit ang kapwa ba ay isang tao lamang na nakatira sa malapit o isang taong katulad ninyo? May ikinuwento si Jesus para maipaunawa sa mga tao kung paano nila dapat tratuhin ang iba.

Sa kuwento isang Judio ang naglalakbay mula Jerusalem patungong Jerico. Napakamapanganib ng daan na paakyat sa matatarik na kaburulan. Kadalasan ay nagtatago ang mga magnanakaw sa likod ng malalaking bato at pinatitigil at ninanakawan ang mga naglalakbay.

Sinalakay ng mga magnanakaw ang lalaki at sinaktan ito nang husto. Hinubaran nila ito at iniwan ito sa tabi ng daan para hayaang mamatay.

Isang **saserdote** na naglalakbay sa daan ang nakakita sa sugatang



lalaki. Ngunit nagmadali siyang pumakabila ng daan at humayo.

Sumunod dito, isang lalaking **Levita** ang naparaan at nakita ang sugatang lalaki. Ito man ay pumakabila ng daan at nagmadali, at ni hindi tumigil para tumulong.

Sa huli, isang lalaki mula sa Samaria ang naparaan. Nang makita niya ang Judiong ninakawan, nahabag siya rito at tumigil para tumulong.

Hinugasan at tinalian ng Samaritano ang mga sugat ng lalaki, isinakay ito sa kanyang buriko, at dinala sa isang bahay-tuluyan, kung saan ito makapagpapahinga at makakakain. Binayaran ng Samaritano ang tagapamahala sa bahay-tuluyan para alagaan ang sugatang lalaki hanggang sa gumaling ito.

Nagpakita ng kabaitan at awa ang Samaritano sa sugatang lalaki. Tinrato niya ito bilang kanyang kapwa.

Gusto ni Jesus na tratuhin natin ang iba na tulad ng ginawa ng mabuting Samaritano. ■

*Mula sa Lucas 10:25–37.*

DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.; MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR; PAGLALARAWAN NI CODY BELL



## MGA SASERDOTE AT LEVITA

Ang mga saserdote at Levita ay mga Judio na naglingkod sa templo. Dapat ay mga matwid sila at nagpapakita ng mabubuting halimbawa sa iba.

## GOLDEN RULE

Ang turo ni Jesus na gawin sa iba ang gusto mong gawin nila sa iyo ay tinatawag na Golden Rule. Kapag sinunod natin ang tuntuning ito, magiging masaya tayo at mapapasaya rin natin ang iba.



# **Pag-anyaya** kay Jacob

**Ni Chad E. Phares**


Batay sa tunay na buhay

*"Samakatwid, kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain" (D at T 4:3).*

**1.**




**2.**




**3.** Masaya sina Eric at Jacob sa simbahan. Napag-aralan nila ang tungkol sa panalangin at kumanta sa oras ng pagbabahagi. Masaya si Eric na inanyayahan niya si Jacob.



**4.** Nang sumunod na linggo, tinawagang muli ni Eric si Jacob.





MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK


5.
Susunduin ba natin si Jacob ngayon?
Hindi po, ayaw niya raw sumama ngayon.
Ano ang pakiramdam mo roon?
Medyo malungkot po.
6.
Nalulungkot ako na nalulungkot ka. Alalahanin mo na hinahayaan tayong lahat ng Ama sa Langit na pumili para sa ating sarili. Siguro maaanyayahan mo si Jacob sa ibang araw.
Itay, puwede ko po ba siyang anyayahan sa isang linggo?
Oo naman. Mabuti kang kaibigan.
7. Tinawagang muli ni Eric si Jacob nang sumunod na linggo.
Gusto mo bang sumama sa aking magsimba ngayon?
Sige.
8. Masaya si Eric na muling sumama sa kanyang magsimba si Jacob. Alam ni Eric na makakapili si Jacob para sa kanyang sarili kung gusto niyang magsimba o hindi, pero nagpasiya siyang laging anyayahan si Jacob para mabigyan ito ng pagkakataon.
HYMNS

# Pagpunta sa **Simbahan**

Susunduin ni Eric at ng kanyang pamilya si Jacob at isasama nila ito sa simbahan. Tulungan si Eric na makita ang daan papunta sa bahay ni Jacob at pagkatapos ay papunta sa meetinghouse.



MGA PAGLALARAWAN NINA BRYAN BEACH AT SCOTT PECK

# Pagkakaroon ng Bagong Kaibigan

Ni Val Chadwick Bagley



PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY

Inaanyayahan ng bata sa larawang ito ang isa pang bata na makipaglaro sa kanya at sa kanyang mga kaibigan. Tingnan kung makikita ninyo ang mga ito sa larawang ito: adhesive bandage, saging, orasan, suklay, basag na itlog, krayola, tasa, sobre, isda, pamingwit, hagdanan, ladybug, pinsel, orkilya [pitchfork], tennis racket, sipilyo, bulate, at relo.

# **Mga Balita** sa Simbahan

## Tinawag na Maglingkod: **Ikaw**

**Ni Heather Whittle Wrigley**
Mga Magasin ng Simbahan

Hiniling ng Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na gunitain ng lahat ng yunit ng Simbahan ang ika-75 anibersaryo ng planong pangkapakanan ng Simbahan sa pag-oorganisa ng sarili nilang araw ng paglilingkod ngayong 2011.

"Maaaring gawin ang paglilingkod kahit kailan sa taong ito, at maaaring iakma ang haba ayon sa paglilingkod na ibinibigay," sabi sa liham ng Unang Panguluhan.

Ang tawag na maglingkod ay kasunod ng mensahe ni Pangulong Henry B. Eyring sa sesyon sa Sabado ng umaga ng pangkalahatang kumperensya noong Abril.

"Pararamihin ng damdamin ng pagkakaisa ang mabubuting epekto ng inyong paglilingkod," sabi ni Pangulong Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. "At ang damdamin ng pagkakaisa sa mga pamilya, sa Simbahan, at sa mga komunidad ay lalago at magiging isang walang-katapusang pamana kahit matagal nang tapos ang proyekto" ("Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti," *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2011, 25).

Nagbigay ng mga patnubay ang Unang Panguluhan sa mga miyembrong nagpaplano ng mga proyektong pangserbisyo, pati na pag-imbita sa mga nasa komunidad at full-time missionary na makisama at magplano ng mga proyekto para makalahok ang mga pamilya at bawat tao. Hinikayat din ang pag-aanunsyo ng mga proyekto para dumami ang makaalam at magkaroon sila ng interes.

Marami nang ward, branch, district, at stake ang tumugon sa panawagan. Nagsuot ng dilaw na kamisetang Mormon Helping Hands ang ilang naglilingkod samantalang ang iba ay basta tumulong na lang, ngunit mula sa pagbibigay ng dugo hanggang sa paglilinis ng mga gusali ng komunidad, nakakatuwa ang tugon ng mga miyembro.

Si Elder Walter F. González ng Panguluhan ng Pitumpu ang nangungulo sa mga gawain ng Simbahan sa North America Southeast Area. Hinamon muna niya ang bawat kongregasyon sa kanyang area na magbigay ng isang araw ng paglilingkod noong 2009.

Taun-taon mula noon ay nag-oorganisa ng taunang araw ng paglilingkod ang mga miyembro sa katimugang Estados Unidos. Sabi ni Elder González, masaya siyang makita na magkakaroon ng gayong pagkakataon ang mga kongregasyon sa buong Simbahan ngayong taon.

"Naglilingkod tayo dahil katangian iyon ni Cristo, at pagkakataon iyon para maging katulad Niya, na magkaroon ng *saloobin* na maglingkod—isang likas na ugaling maglingkod," wika niya. "Kapag naglingkod tayo nang hindi nagtatangi ng relihiyon o sekta o lahi, ang ating tumutulong na mga kamay ay magiging mga kamay na nagdurugtong, na naglilinang ng mga ugnayan sa komunidad."

Sa Jacksonville, Florida, USA, 11 kongregasyon ang tumugon sa panawagang maglingkod sa pagbibigay ng pagkain at dugo noong Abril 16. Ilang LDS meetinghouse ang ginamit na mga bagsakan ng mga donasyong pagkain, samantalang sa ibang mga meetinghouse naman idinaos ang pagbibigay ng dugo.

Ang mga miyembro ng Jonesboro Ward in Georgia, USA, na may dalang mga chainsaw ay nagtipon sa Stately Oaks Plantation, isang bantog na lugar kung saan kinunan ang pelikulang *Gone with the Wind*, noong Mayo 14 upang hilahin ang mga nabaling sanga.

Noong huling linggo ng Abril, sumama ang mga Banal sa California at Hawaii, USA, sa mga boluntaryo sa komunidad para sa taunang Mormon Helping Hands Day.

Sa San Diego, California, USA, 150 boluntaryo ang tumulong na maglinis ng 3,000 lapida sa Fort Rosecrans Memorial Park, isang sementeryo ng mga beterano.

Nakipagtulungan ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Palos Verdes, California, USA, sa isang samahang tinatawag na Clean San Pedro upang walisin at linisin ang mga kalsada at bangketa sa central area ng San Pedro, at nakakolekta ng mahigit isang tonelada (900 kg) ng basura at kalat.

Sabi ng pinuno ng Clean San Pedro na si Steve Kleinjan, "Gustung-gusto naming makipagtulungan sa simbahang ito. Lagi silang maraming boluntaryo."

Tumugon ang mga miyembro ng Charlotte North Carolina (USA) South Stake sa panawagan ng Unang Panguluhan na maglaan ng isang araw ng paglilingkod sa taong 2011 sa pakikipagtulungan sa isang lokal na kawanggawa upang mangolekta ng ilalagay sa welcome basket.

© IRI



**Paunawa ng patnugot:** Ang Church Welfare Department ay nagtitipon ng mga kuwento ng mga miyembrong nakibahagi sa araw ng paglilingkod sa taong 2011 bilang tugon sa panawagan ng Unang Panguluhan. Para maibahagi ang inyong karanasan, magpunta sa **providentliving .org**, mag-klik sa **75 Years of Self-Reliance and Service**, pagkatapos ay sa **Day of Service** sa kaliwang gilid, pagkatapos ay sa **share** button sa ilalim ng "Share your Service Activity."

Mahigit 2,000 paper bag na may listahan ng kailangang-kailangang mga bagay ang inilagay sa buong komunidad. Isang linggo pagkaraan, halos 130 boluntaryo ang gumugol ng 150 oras sa pagkolekta ng mga bag at pagbibigay ng mga aytem sa mga pamilyang walang bahay na lilipat sa bagong tirahan.

Ang mga batang Primary naman ng ward ay gumawa ng karatulang "Welcome Home" para sa mga pamilya.

Sa Georgia, USA, nagsama-sama ang buong Griffin Ward noong Sabado, Mayo 21, upang linising mabuti ang loob at labas ng isang lokal na bahay-ampunan, ang House of Hope.

Sa Clinton, Missouri, USA, nagkita-kita ang mga Banal sa mga Huling Araw upang linisin ang Jackson Zoo, ayusin ang halamanan, magpintura, at magkumpuni ng mga kagamitan.

Binigyang-diin ni Elder González na ang paglilingkod ng mga miyembro ay magpapala kapwa sa mga miyembro at hindi miyembro ng Simbahan.

"Napakaraming iba't ibang paraan para maglingkod at makipag-ugnayan sa komunidad," wika niya. "At kapag naglilingkod tayo sa iba, nakikita rin natin ang kamay ng Panginoon sa buhay ng ating mga miyembro." ■

***Nalilinis ng mga miyembro sa California, USA, ang kanilang lungsod.***

# Ibabalik ng Simbahan sa Dating Anyo ang Lugar Kung Saan Ipinanumbalik ang Priesthood



*Isang 90-acre (36 ektarya) na lugar sa Pennsylvania ang ibinabalik sa dating anyo upang gunitain ang pagpapanumbalik ng priesthood at pagsasalin ng Aklat ni Mormon.*

Ipinahayag ng Unang Panguluhan ang planong ibalik sa dating anyo ang makasaysayang lugar ng dati ay kilalang Harmony (malapit sa kasalukuyang Susquehanna), Pennsylvania, USA, kung saan isinalin ni Propetang Joseph Smith ang karamihan sa Aklat ni Mormon at kung saan ipinanumbalik ni Juan Bautista ang Aaronic Priesthood noong 1829.

Kasama sa proyekto ang pagtatayo ng mga makasaysayang gusali at sakahan sa Harmony gayundin ang mga bantayog na ginugunita ang panunumbalik ng Aaronic Priesthood at Melchizedek Priesthood noong 1829. Inaasahang idaraos ang groundbreaking sa 2012, at tinatayang matapos ang proyekto sa loob ng dalawang taon.

Harmony, Pennsylvania, ang lugar kung saan isinalin ni Joseph Smith ang karamihan sa Aklat ni Mormon sa pagitan ng 1827 at 1830. Doon tinanggap ng propeta ang 15 sa pinakaunang mga paghahayag na nasa Doktrina at mga Tipan.

Sa lugar ding iyon, tulad ng nakatala sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:66–75, tinanggap nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Aaronic Priesthood mula kay Juan Bautista noong 1829. Hindi naglaon ay iginawad nina Pedro, Santiago, at Juan ang Melchizedek Priesthood sa kanila sa isang lugar sa di-kalayuan.

Sabi ni Mark Staker, senior researcher sa grupo ng mga makasaysayang lugar ng Church History Department, na nasimulan na ng departamento ang pagsasaliksik ng mga arkeologo upang tukuyin ang kinaroroonan ng ilan sa orihinal na mga gusali sa lugar.

"Plano naming ibalik sa dating anyo ang bahay na tinirhan nina Joseph at Emma sa Harmony gayundin ang lugar ng kapanganakan ni Emma Smith at ang bahay ng kanyang pamilya," wika niya.

Isang rebulto nina Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery na tinatanggap ang Aaronic Priesthood ang naroon na sa 90-acre (36 ektarya) na lugar. Ginagawa na ang mga plano ng mga bagong bantayog. May mga plano ring magtayo ng isang visitors' center sa lugar.

Inanyayahan ng mga pinuno ng Simbahan ang mga miyembrong interesado na gumawa ng isang maliit at minsanang kontribusyon sa proyekto. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagsulat ng "Priesthood Restoration Site" sa kategoryang "Other" sa tithing slip na makukuha sa mga bishop at branch president. ■

### Pag-iingat ng Kasaysayan ng Simbahan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo

Ilang departamento ng Simbahan ang nakikipagtulungan sa mga mananalaysay, arkitekto, arkeologo, abugado, artisan, kontratista, at tagapangalaga ng bakuran upang pangalagaan ang mga lugar na makasaysayan sa buong Simbahan. Ang mga lugar na ito ay nahahati sa tatlong kategorya:

Ang **mga makasaysayang lugar** ay mga lugar kung saan nangyari ang mga kaganapang mahalaga sa kasaysayan ng Simbahan, tulad ng sakahan ni Joseph Smith o ang makasaysayang Kirtland. Mga dalawang dosenang makasaysayang lugar ang makikita sa iba't ibang panig ng Estados Unidos, na ang isa ay nasa labas ng Estados Unidos— ang Gadfield Elm Chapel ng Worcestershire, ang unang kapilya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa England.

Ang **mga makasaysayang gusali,** na mga apat na dosena, ay binubuo ng mga templo, tabernakulo, at meetinghouse na kakaiba sa arkitektura o kagandahan.

Ang huli, dahil hindi lahat ng mahalagang lugar ay maibabalik sa dating anyo, ang **mga makasaysayang lugar na nilalagyan ng pananda**—mahigit 100 ito—ay tumutukoy sa iba pang mga lugar na gustong ikintal ng Simbahan sa puso't isipan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga pananda ay maaari ding magturo ng mga lugar (tulad ng kinaroroonan ng Far West Temple) kung saan hindi sapat ang impormasyon para maibalik ito nang tumpak sa dating anyo. Dose-dosena ang mga makasaysayang lugar na nilagyan ng pananda sa iba't ibang bansa.


## Pinalalawak ng *Liahona* ang Inaalok ng Simbahan Online

Pinagaganda ng Simbahan ang online access sa mga materyal na isinalin sa mga wika maliban sa Ingles, lalung-lalo na sa *Liahona,* ang magasing pang-internasyonal ng Simbahan.

Ang mithiin ay na sa katapusan ng 2011, bawat buwan na inilimbag ang *Liahona* sa isang partikular na wika ay makukuha ng mga miyembro ng Simbahan ang buong isyu online sa PDF format gayundin ang bawat bahagi ng magasin sa text-only format. Para lamang ito sa mga magasing inilathala noong Abril 2011 at mga kasunod nito.

Regular ding ilalathala ng Simbahan ang Mensahe ng Unang Panguluhan at Mensahe sa Visiting Teaching online sa 80 wika. Ang mga mensaheng ito ay noon pa isinasama sa *Liahona* o inilalathala nang hiwalay para sa mga wikang wala pang *Liahona*.

Simula sa isyu ng Hunyo 2011, irerekord ang audio ng lahat ng materyal na nakalimbag sa *Liahona* at ipo-post online sa Spanish at Portuguese. Bukod pa rito, babalikan ang unang apat na isyu ng 2011 para irekord. Malapit nang magkaroon ng mga audio version ng *Liahona* sa ibang mga wika.




Dumarami rin ang materyal sa pangkalahatang kumperensya na isinalin sa ibang wika na makikita online. Para sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2011, ang mga mensahe ay isinalin sa 92 wika. Ang mga audio version ng lahat ay naka-post sa conference.lds .org. Ang *Liahona* ay inilalathala sa nakalimbag na version sa 33 ng mga wikang iyon. Makikita ang mga ito sa pahina ng mga nilalaman ng isyu ng *Liahona* noong Mayo 2011 sa liahona.lds.org

Nagpaplano ring ilathala online ang mga materyal sa pangkalahatang kumperensya mula 1990 hanggang sa kasalukuyan sa 25 wika. Simula 1990 hanggang ngayon, kung inilathala ang sesyon ng pangkalahatang kumperensya sa mga magasin ng Simbahan sa isa sa 25 wikang iyon, idaraan iyon sa scanner at ipo-post online sa PDF at HTML format. ■

## Inilathala ang Logo ng Simbahan sa 100 Wika

Sa inilabas na logo ng Simbahan kamakailan sa Bosnian, Macedonian, Montenegrin, Persian, Tshiluba, at Yapese, nailathala na ang pagkakakilanlan sa Simbahan sa mahigit 100 wika.

Nagsimula ang proyekto noong Disyembre 1995, nang iutos ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na magkaroon ng bagong logo ang Simbahan. Ang logo ay dinisenyo upang ang pangalan ng Tagapagligtas ang higit na matampok sa opisyal na pangalan ng Simbahan, at naisalin at naisaayos na ito sa iba't ibang wika simula noon.

Dahil mahahalagang pagkakakilanlan ang pangalan at logo ng Simbahan—at dahil nakarehistro o kung hindi man ay protektado ang mga trademark na ito sa buong daigdig—lumikha ng mga patakaran ang Simbahan para magamit nang wasto ang pangalan at logo ng Simbahan.

Maaaring gamitin ng mga lokal na yunit ang nakasulat na pangalan ng Simbahan (hindi ang logo) kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na mga kundisyon:

- Ang aktibidad o kaganapang nauugnay sa pangalan ay opisyal na inisponsor ng yunit—halimbawa, isang sacrament meeting program.
- Ang pangalan ng lokal na yunit ay ginagamit bilang pagpapakilala sa pangalan ng Simbahan.
- Ang typeface ay hindi kagaya o katulad ng opisyal na logo ng Simbahan.

Ang opisyal na logo ng Simbahan ay gagamitin lamang sa mga bagay na inaprubahan ng Correlation Department sa headquarters ng Simbahan, tulad ng mga sumusunod:

- Mga opisyal na lathalain at stationery ng Simbahan
- Mga missionary name tag
- Palatandaan sa labas ng mga meetinghouse

Ang logo ay hindi maaaring gamiting dekorasyon o computer screensaver. Hindi rin ito maaaring gamitin sa anumang bagay na personal, komersyal, o promosyonal. ■

### Inilapit ng Website ang Church Store sa mga Miyembro sa Iba't Ibang Panig ng Mundo

Sa pagkaragdag ng tatlong wika sa store.lds.org, mas madali nang ma-access ng libu-libong miyembro ang mga materyal ng Simbahan. Ang website, na pumalit sa ldscatalog.com, ay orihinal na inilabas sa English, Russian, at Spanish, ngunit ngayon ay nasa French, German, at Italian na rin.

Ang mga materyal ng ebanghelyo—mga tulong sa pag-aaral, musika, media, sining, mga garment, kasuotan sa templo, at iba pang gamit—ay libre ang pagpapadala saanman mayroong site.

May mga planong gawin ang store.lds.org sa Chinese, Japanese, Korean, at Portuguese sa hinaharap.

### Naglabas ng mga Update para sa Gospel Library App

Naglabas ng mga update ang Simbahan sa Gospel Library app para sa Android, iPad, at iPhone sa mobile.lds.org.

Samantalang iilang pangunahing lathalain lamang ang inihandog ng dating Android app, ang update ay naglalaan ng access sa mga magasin, manwal, at iba pang materyal ng Simbahan.

Ang update sa app para sa iPad at iPhone ay tutulutan ang mga gumagamit na pagsabayin ang scripture annotations ng mobile app at ng My Study Notebook sa LDS.org, kaya posible nang makita ang mga tala, highlight, at tags kapwa online at sa mobile device. ■





*Ang Atlanta Georgia Temple*

### Ipinagdiwang ng mga Miyembro ang Ika-50 Taong Anibersaryo ng Simbahan sa Pilipinas

Para gunitain ang ika-50 taon ng muling paglalaan sa Pilipinas para sa pangangaral ng ebanghelyo, libu-libong Banal ang nagtipon sa Quezon City upang lumahok sa Jubilee cultural show noong Abril 30 at sa area conference noong Mayo 1.

Labingsiyam na stake ang nagsama-sama noong Sabado upang ipagdiwang ang mayamang pamanang kultura at paglago ng Simbahan sa Pilipinas sa pamamagitan ng kanta at sayaw. Noong Linggo, Mayo 8, nagtipon ang mga miyembro para sa isang pambansang kumperensya kasama ang mga lokal na pinuno at General Authority sa pamamagitan ng satellite.

### Nagbigay ng Tulong ang USNS *Comfort* sa 12 Lugar

Noong Abril, naglayag ang USNS *Comfort,* isang full-service medical ship, patungo sa 12 lugar sa Caribbean, Central America, at South America upang manggamot at magbigay ng training sa mga propesyonal sa medisina.

Mga boluntaryo mula sa Simbahan, United States Navy, at iba pang organisasyong pangkawanggawa ang mangangalaga at magtuturo sa mga tao na tulungan ang kanilang sarili pagkaalis ng barko.

### Nagbukas ang Atlanta Temple Pagkatapos ng Pagdiriwang at Muling Paglalaan

Kasunod ng kultural na pagdiriwang sa katapusan ng linggo at dalawang sesyon sa araw ng Linggo ng muling paglalaan ni Pangulong Thomas S. Monson, nagbukas ang Atlanta Georgia Temple noong Mayo 3, 2011, para ituloy ang pormal na gawain sa templo. Bukod pa kay Pangulong Monson, dumalo sa muling paglalaan sina Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder Walter F. González at Elder William R. Walker, kapwa Pitumpu.

Ang templo, na orihinal na inilaan noong 1983, ay isinara noong Hunyo 1, 2009, para sa malawakang renobasyon. ■

# MGA BAGONG PRODUKTO

### Inilabas ang DVD ng Lumang Tipan sa mga Bagong Wika

Mayroon na ngayong Mga DVD ng Biswal na Sanggunian sa Lumang Tipan sa 11 wika na hindi maglalaon ay susundan pa ng 10 wika.

Mayroon na ngayong American Sign Language, Cantonese, English, French, German, Italian, Mandarin, Portuguese, Samoan, Spanish, at Ukrainian; magkakaroon ng Danish, Dutch, Finish, Indonesian, Norwegian, Russian, Swedish, Tagalog, Thai, at Tongan bago matapos ang taon.

Ang set ng tatlong DVD ay may mahigit 300 biswal na sanggunian at 54 na video upang gabayan ang mga miyembro sa pag-aaral nila ng Lumang Tipan at makukuha ito sa mga distribution center ng Simbahan o sa store.lds.org.

### Mayroon nang Triple Combination sa Samoan

Ang Samoan edition ng triple combination ng mga banal na kasulatan—ang Aklat ni Mormon; ang Doktrina at mga Tipan; ang Mahalagang Perlas; at ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan, isang tulong sa pag-aaral, sa iisang aklat—ay makukuha na ngayon sa mga distribution center at sa store.lds.org. ■

# KOMENTARYO

### Isang Pagpapalang Walang Kapantay

Walang branch ang Simbahan sa lungsod na tinitirhan namin, at mahirap palipasin ang isang buong linggo nang walang kontak sa iba pang mga miyembro. Pakiramdam namin kapag nagbabasa kami ng isang artikulo o mensahe mula sa *Liahona* ay sa amin mismo nagsasalita ang taong sumulat niyon. Ang mapasaaming tahanan ang mga salita ng propeta ay isang pagpapalang walang kapantay. Sa ganitong paraan, pakiramdam namin ay matibay ang koneksyon namin sa Simbahan kahit malayo kami sa meetinghouse.

**Fábio André Haab, Brazil**

### Nagpaibayo ng Lakas at Pananampalataya ang Payo

Salamat sa malaking pagpapalang dulot ng magasin—bawat buwan ay nakakabasa ako ng mga mensaheng umaantig sa puso ko. Ang payong natatanggap namin mula sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpapalakas sa akin at pinupuspos ng pananampalataya ang aking espiritu.

**Dorris Cantor, Honduras**

### Isang Paraan para Masagot

Isa sa mga mithiin ko ang basahin ang *Liahona* bawat buwan. Bawat bahagi ng magasin ay tumutulong sa akin na maging higit na katulad ni Jesucristo. Isa ito sa mga paraan para masagot ng Panginoon ang aking mga dalangin. ■

**Gilberto Júnior de Paula Rodrigues, Brazil**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.*

# MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Pagkakaroon ng Kapayapaan sa mga Panahon ng Kaguluhan,"** pahina 12: Bago basahin ang artikulo, maaari ninyong ipalista sa inyong pamilya ang ilang partikular na hamong kinakaharap nila. Pagkatapos ay gamitin ang mga mungkahi ni Elder Malm upang talakayin ang mga paraan para magkaroon ng kapayapaan sa mga oras ng pagsubok.

**"Ang Ordenansa ng Pagbubuklod ay Nag-uugnay sa mga Pamilya Magpasawalang-hanggan,"** pahina 16: Bago basahin ang artikulo, maaari ninyong anyayahan ang inyong pamilya na talakayin ang kahulugan ng salitang *pangako*. Isiping basahin ang Doktrina at mga Tipan 82:10 at pag-usapan kung bakit napakahalagang mangako at tuparin ang mga pangako sa Panginoon. Habang magkakasama ninyong binabasa ang artikulo, isiping magpatotoo kung paano napagpala ng pagtupad sa mga tipan ang inyong buhay.

**"Tungkulin sa Diyos Kasama si Itay,"** pahina 54: Sa pagtatamo ng inspirasyon mula sa artikulong ito, masisimulan ninyo ang isang aktibidad mula sa Tungkulin sa Diyos o Pansariling Pag-unlad, kahit wala kayong mga anak na tinedyer (matatagpuan ninyo ang materyal sa DutyToGod.lds.org at PersonalProgress.lds.org). Kung may mga anak kayong tinedyer na gumagawa na nito, isiping patulungin ang mga ama sa mga anak na dalagita at ang mga ina sa mga anak na binatilyo.

**"Ang Ebanghelyo ay Ipangangaral sa Buong Daigdig,"** pahina 64: Bukod pa sa paglalaro ng memory game para sa mga kapamilyang nakababata, maaari ninyong kantahin ang "Tinawag upang sa Diyos Maglingkod" (*Mga Himno,* blg. 151). Isiping magkaroon ng family missionary plan, kabilang na ang mga mithiin tulad ng pag-anyaya sa isang pamilya sa isang aktibidad ng Simbahan o pagsulat sa mga misyonerong nagmula sa inyong ward. ■

# MGA PAGPAPALA NG TEMPLO NGAYON AT MAGPASAWALANG-HANGGAN

**Ni Stacy Vickery**

Naaalala ko na nakakita na ako ng mga larawan ng templo mula pa noong maliit ako. Bagama't napakabata ko pa para maunawaan ang mga pagpapala ng templo, alam ko na gusto kong magpunta roon balang-araw. Sa Young Women, nagsimula akong maunawaan ang mga pagpapalang dulot ng templo. Noong panahong iyon hindi gaanong aktibo ang pamilya ko, at araw-araw akong nagdarasal na mabuklod kami bilang isang walang-hanggang pamilya.

Noong taglagas ng 1993, dalawang linggo bago ako nag-18, nagpunta nga ang pamilya ko sa templo. Naaalala ko ang damdamin ko noon sa Provo Utah Temple, na maging walang-hanggang pamilya kasama ang aking mga magulang at kapatid. Nang lisanin ko ang templo sa araw na iyon, akala ko ay naunawaan ko ang mga pagpapalang dulot nito sa akin.

Dalawang taon pagkaraan, sa tag-init ng 1995, nakatakda na akong ikasal, kaya nagpunta ako sa templo para tanggapin ang sarili kong endowment. Napakasarap matanggap ang isa pang pagpapala ng templo! Tatlong araw matapos matanggap ang sarili kong endowment, nabuklod ako sa aking asawa para sa panahong ito at sa buong kawalang-hanggan sa Manti Utah Temple. Natanggap ko ang isa pang pagpapalang hindi ko pa naranasan—kaming mag-asawa ay maaaring maging walang-hanggang pamilya. Muli kong inakala na naranasan ko na ang lahat ng pagpapala ng templo.

Anim na taon matapos kaming makasal, natuklasan namin na lumalaki na ang aming pamilya. Tuwang-tuwa kaming palakihin ang aming anak na lalaki at ituro sa kanya ang ebanghelyo. Ngunit sa ika-24 na linggo ng pagbubuntis ko, isinilang ang aming anak na agaw-buhay. Pagkaraan lamang ng walong linggo nagbalik na siya sa piling ng Ama sa Langit. Habang hawak ko siya sa huling pagkakataon, natanto ko ang isa pang napakagandang pagpapala ng templo: ang aming anak ay isinilang sa loob ng tipan at mapapasaamin magpasawalang-hanggan.



*Ang pagkaunawa ko sa mga pagpapala ng templo ay lumago nang mag-ibayo ang pangangailangan ko sa mga ito.*

Labingwalong buwan mula nang pumanaw ang aming anak, nakatanggap kami ng tawag mula sa LDS Family Services na nagsasabing nagpasiya ang isang dalaga na ipaampon sa amin ang kanyang sanggol. Dahil alam namin na hindi na kami magkakaroon ng sarili naming mga anak, talagang tuwang-tuwa kami.

Nang mag-anim na buwan ang aming munting sanggol na babae, inasikaso na namin ang papeles sa pag-ampon at dinala siya sa templo upang mabuklod sa amin. Apat na taon pagkaraang maging bahagi ng aming pamilya ang aming anak, pinili kami ng isa pang dalaga na maging mga magulang ng isang sanggol na lalaki. Muli kaming pinagpalang dalhin ang anim-na-buwang sanggol sa templo. Hindi ko kailanman malilimutan ang nadama ko nang makita ko ang aking mga anak, na nakasuot ng puti, sa loob ng templo na kasama naming mag-asawa upang mabuklod nang walang hanggan sa amin.

Natanto ko ngayon na hindi ko naunawaan noon ang lahat ng pagpapalang maidudulot ng templo noong nasa Young Women pa ako o nang mabuklod ako sa aking asawa o kahit noong pumanaw ang aming anak. At kahit na natanto ko ang marami pang pagpapala kaysa noon, nauunawaan ko na ngayon na ang templo ay isang lugar ng mga *walang-hanggang* pagpapala, mga pagpapalang darating sa atin sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ang ilan ay maaaring madaling mapasaatin ngayon, at ang iba ay magtuturo sa atin, magpapalakas ng ating patotoo, at tutulong sa atin balang-araw na marating ang ating walang-hanggang tahanan.

Ang templo ay isang lugar ng kapayapaan at kapanatagan, ng kagalakan at panibagong-sigla. Higit kailanman ay nagpapasalamat ako sa templo at nananalangin na kapag nakabalik ako roon, patuloy kong matutuhan at mapahalagahan ang mga pagpapala ng templo. ■



*Mga Larawan ng Kirtland,* ni Al Rounds

*Noong Linggo ng Paskua, Abril 3, 1836, nagtungo sina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa pulpito ng bagong laang Kirtland Temple at lumuhod sa panalangin. Pagkaraan, nagpakita si Jesucristo sa kanila at sinabi:*


*"Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama.*

*"Masdan, ang inyong mga kasalanan ay pinatatawad na sa inyo; kayo ay malinis na sa aking harapan; samakatwid, itaas ang inyong mga ulo at magsaya.*

*"Magsaya ang mga puso ng inyong mga kapatid, at magsaya ang mga puso ng lahat ng aking tao, na, sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan.*

*"Sapagkat masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito. . . .*

*"At ang katanyagan ng bahay na ito ay lalaganap sa mga ibang lupain; at ito ang simula ng mga pagpapala na ibubuhos sa mga ulo ng aking [mga] tao. Maging gayon nga. Amen" (D at T 110:4–7, 10).*



"Kung ipamumuhay natin ang mga batas patungkol sa selestiyal na kasal, magkakaroon tayo, kasama ang ating asawa at pamilya, ng munting langit sa lupa," pagtuturo ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol. "At kapag ipinamumuhay natin ang mga batas na iyon, sinusunod natin ang mga batas ding iyon na sinusunod sa langit." Tingnan sa "Munting Langit sa Lupa," pahina 22.

TAGALOG
4 02096 89893 4